Tanda

Jeffersonville, Indiana, USA
Setyembre 1, 1963

1 Magandang umaga sa bawat isa. Nagagalak akong maparito sa gawain ng Panginoon, ngayong umaga, nakabalik na naman ako sa … Hindi ko alam kung makababalik kami o hindi, subalit nagbigay ang Panginoon ng daan, at nagbalik kami para sa gawain sa araw na ito.

Ngayon , inaasahan natin ang mga mainam na panahon sa araw na ito; ngayong umaga sa araling pang-Sunday school na nakapaloob sa Salita. At magkakaroon muli mamayang gabi ng mga gawaing pagpapagaling, na susundan naman ng komunyon.

2 At ngayong, mayroong tayong pag — pag-aalay ng sanggol, sa paniwala ko ang … Kasasabi pa lang sa akin ni Brother Neville na may nagdala ng kanilang sanggol upang maihandog. At kung dadalhin nila ang sanggol sa pagkakataong ito, kung gayon - ang kapatid natin o sinuman sa kanila ay mananatili sa organ o sa piano. At, ilalapit na nila ang sanggol; magdaraos na tayo ng pag-aalay, upang makatungo na tayo kaagad sa Salita, sapagkat nais nating I - ilatag ang Salita; i - iyon ang pinakamahalaga: Marapat talagang gugulan natin ng panahon ang Salita ng Panginoon. Kaya labis kaming nagpapasalamat sa pagkakataon upang makipagtipon sa inyong lahat dito sa - sa - gawaing ito.

3 Marahil ay nagkamali ako. Walang anuman iyon, sister, a - akala ko kasi ay mayroon. Marahil isa lamang iyong pagkakamali. Sige. Ngayon, gayunman, maraming salamat pa rin. Marahil ito iyon … Sa palagay ko ay dumaan iyon sa iba, dumaan sa iba pa, tuloy ay naging medyo mahirap ito.

Ngayon, maganda ba ang pakiramdam ng bawat isa? Luwalhati sa Diyos. Ngayon … Ah, oo nga, narito ang mumunting mga bata. Ipagpaumanhin ninyo, Ako'y … Sige. Maaari bang lumapit ka, elder? Buweno, kagagandang mga batang babae ng mga ito, mga batang babaeng kulay kape ang mga mata. Ngayon, ma - marikit iyan. Ano'ng pangalan niya? Tumingin ka rito. Jenny? Jennetha Aileen. Ano'ng apelyido? Soralle. Taga saan ka sister? De Salles, Illinois. Napakaganda.

4 Ngayon sa Biblia … ngayon, karaniwang nag - nagbabautismo sila ng mga bata. Hindi tayo naniniwala sa pagbabautismo ng mga bata, sapagkat hindi pa sila nagkakasala, dahil napakabata pa nila. Ngunit naniniwala tayo sa pag-aalay ng mga bata sa Panginoon. Ngayon, ipapatong naming ng elder ang kamay naming sa munting batang ito. Jennena - Jennetha. Tama. Magsiyuko tayo.

Makalangit na Ama, habang dinadala naming sa Iyo ngayong umaga ang munting batang babaeng ito na nagngangalang Jennifer … Dinala siya ng kaniyang ina sampu ng kaniyang mga mahal sa buhay mula sa malayong dako upang maialay sa Panginoon. Alam naming ipinatong Mo ang kamay Mo sa ganitong mga bata nonng kapanahunan Mo at Ika'y nagwika, "Pabayaan ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: sapagkat sa mga ganito nauukol ang Kaharian ng langit." Ngayon , ibinibigay naming siya sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

5 Ano nga ba ang pangalan nung isa pang batang babae? Connie Lynn. Tama. Si munting Connie, me - medyo lumiliit ako sa pakiramdam ko dahil sa iyo. Oh, natatakot ka ba? Oh, nangangamba akong hindi iyan pupuwede …? … Tama. Magsiyuko tayo.

Panginoong Jesus, dinala ng ina ang munting batang ito na si Connie sa amin ngayong umaga sa isang pag-aalay sa Makapangyarihan sa lahat. Ipagkaloob Mo sa kaniya ang batang ito upang palakihin, at dinadala niya ito sa Iyo kasama ng kaniyang munting kapatid na babae. Dalangin ko Makalangit na Ama, na maging mahabagin Ka; pagpalain Mo po ang maganak na ito; pagpalain Mo po ang mga munting batang babaeng ito habang ipinapatong naming an gaming kamay sa kaniya; sa Pangalan ni Jesus Cristo iniaalay naming siya sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod. Amen. Pagpalain ka ng Diyos sampu ng iyong munting mga anak.

6 Naku, napakarami na ng mga munting sanggol natin ngayon. Ano'ng pangalan ng munting batang lalaking ito? Joe Watkin, Joe Lee Watkin. Napakagandang batang lalaki, may malalaking asul na mata. Ngayon, taga saan ba kayo? Sa Georgia. Ang akala ko'y taga Timog kayo. Hindi ko alam …? …Ah …? …Ah, kumusta, ito'y isang magandang batang lalaking taga Georgia kung gayon, hah? Mabuti, sister. Napakainam kung gayon. Nakapagsalita na rin siya, hindi ba? Magsiyuko tayo. Makalangit na Ama, dinadala namin ang sinisintang batang lalaking ito, habang nakatayo rito ang ama at ina. U - ukol sa kanilang pagsasama ipinagkaloob Mo sa kanila ang munting batang lalaking ito upang palakihin, at dinadala nila itong pabalik sa Iyo. Na - napakagandang tanawin nito. Tulad ni Ana, nung araw, na dumalangin para sa isang anak, at - at ibinigay ng Diyos ang anak na iyon, ibinalik niya ito sa templo ng Diyos upang ialay. Itulot Mo po Panginoon, na maging lingkod Mo, habang ipinagtitiwala namin sa Iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain kayo at gawin ninyo siyang isang mabuting lalaki, marahil isang propetang tulad ni Samuel.

7 Ngayon, narito ang dalawang magandang batang lalaki, naku, tatlo sila? Buweno, isang buong mag-anak iyan. Ano'ng pangalan mo? Michael. At ang sa iyo naman? Paul. Napakagandang pangalan. Ang sa iyo? Deborah. Talagang napakaganda. Michael, at Paul, at Deborah. Ano'ng apelyido ninyo? Ella. Buweno,

iyan ay totoong napakainam na mag-anak, sa tuwina'y pinapaalala nito nung ako ay isang maliit na bata pa. At ngayon, ang matandang kasabihan, alam ninyo ay, "Tinatapakan nila ang mga paa mo ngayon, at bandang huli ay ang puso mo naman." Ngunit hindi ako naniniwala na magkakagayon kapag inalay natin sila sa Panginoon. May pananagutan tayo dito, at inilagay ito ng Diyos sa inyong mga kamay. Ginawa ka Niyang mangangaral, alam ninyo, subalit ang bawat ina ay isang maliliit na mga batang ito nang wasto habang siya'y nagtatrabaho. May pananagutan kayo. Pagpalain kayong kapuwa ng Diyos. Napakaganda ng pamilya n'yo.

8 Makalangit naming Ama, lumalapit kami na kasama si Michael, tila siya ang panganay, at ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kaniya bilang pag-aalay kay Jesus Cristo. Dinadala ng kaniyang mag-anak ang kanilang munting mga anak, sapagkat inilagay Mo ito sa kanilang pangangalaga, at nalalaman nilang hindi sila sapat kung wala ang Iyong tulong; kaya dinadala nila ang munting pamilya nila upang ialay. Ngayon, ibinibigay ko sa Iyo ang munting Michael na ito para sa isang buhay ng paglilingkod, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Gayundin ipinapatong namin ang aming mga kamay kay Paul, at iniaalay namin ang buhay niya kay Jesus Cristo para sa isang buhay ng paglilingkod para sa kaluwalhatian ng Diyos.

At kay Deborah ay ipinapatong namin ang aming mga kamay, Ama, bilang pag-aalay, pag-alaala kay Jesus Cristo, na nagpatong ng Kaniyang mga kamay sa maliit na mga bata, at nagwika, "Pabayaan ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan." Pagpalain nawa ang buhay ng munting batang babaeng ito sa Kaharian ng Diyos. Hiling namin ang pagpapalang ito para sa kaluwalhatian ng Diyos habang iniaalay namin sila sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos dahil sa isang mainam na munting pamilya.

9 Buweno, alam ninyo, ang munting mga batang babae ay gu - ay mas maganda ngayon kaysa nung ako'y bata pa. Opo. Napakaganda ng malalaki niyang mga mata. Anong pangalan niya? Joanna. At ang apelyido? Blair. Joanna Blair. Kayong mga nakatingin, di ba't para siyang manyika? At kumusta ka, Joanna? Medyo mahiyain?...?... napakagandang munting bagay. Magsiyuko tayo.

Makalangit naming Ama, ipinagkaloob sa pagsasama ng pamilyang ito ng mga Blair, ang munting si Joanna na ito, at alam naming ang panahon ay masama kung saan si Satanas ay nasa bawat dako upang mandaya, lalo na sa mga munting batang babaeng ito. At nalalaman nilang hindi sapat ang kanilang kakayahan u - upang palakihin siya ng wasto, at nais nila siyang mapalaki ng wasto at maging I - isa siyang lingkod Mo, at mapalaki ang munting batang babaeng ito na nagpaparangal sa Iyo, Panginoon. At ngayon, dinadala nila siya upang ialay sa Iyo. Ipinapatong namin ang aming mga kamay sa Ngalan ni Jesus Cristo habang iniaalay namin si munting Joanna Blair sa Kaharian ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen. Pagpalain ka ng Diyos Bro. Blair. Sumaiyo nawa ang Panginoon.

10 Magandang umaga po. Napakagandang bata nito. Hey, kumusta ka? Buweno, buweno, naku, mas guwapo ka kung lilingon ka rito. Ang sabi niya, "Oo." Maganda ang maliit mong ulo at bagay dito ang mukha mo. Hah? Pangalan? Daniel Mark, at ang i - iyong apelyi ... Cardinal, Cardinal, Daniel Mark ...?... ang naisip mo? Taga saan ka? Taga New York City ...?... dito. Buweno, isa itong malaking estado. May mga kamag-anak akong naninirahan doon. Ang tiyuhin ko ay naninirahan sa Plattsburg. Oh, nasisiyahan ako nang husto sa New York. Magtutungo ako roon sa aking susunod na gawain sa New York City ...? ... doon. Tama. Ngayon, ang ngalan niya ay Mar, kamo? Daniel Mark, napakagandang batang lalaki. Magsiyuko tayo.

Panginoong Jesus, dinadala namin sa Iyo ang munting si Daniel Mark bilang pag-aalay ng kaniyang buhay na ibinigay sa kamay ng kaniyang ama't ina upang palakihin ang munting batang ito sa aral ng Diyos. At nalalaman nilang hindi sapat ang kakayahan nila, kaya't dinadala nila sa Iyo, Panginoon, upang pagpalain Mo ang buhay niya. At ngayon, yamang nalalaman naming masama ang panahong kinabubuhayan namin, nakikita namin ang mumunting mga batang ito; sadyang di namin nalalaman kung ano'ng mangyayari sa kinabukasan. Ngunit anuman iyon, ipinagtitiwala namin sila sa Iyong mga kamay. Ipinapatong namin ang aming mga kamay sa munting batang lalaking ito at iniaalay namin ang buhay niya sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod sa Kaharian ng Diyos, sa ngalan ni Jesus kami'y dumadalangin. Amen. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid; at buweno, pagpalain ka ...? ... [Patlang sa tape -Ed.] ... hatid na sila; Mula sa kabukiran ng sala; Hubungin, akayin, Ihatid sila kay Jesus.

Kahanga-hanga iyon. Salamat, sister.

11 Ilan ba ang narito nung Linggo, ang mga naipanalangin nung nakaraang Linggo, na nakararamdam ng resulta at nararamdama ninyong magaling na kayo, itaas ninyo ang inyong mga kamay at purihin ninyo ang Panginoon. Ay, naku, tingnan ninyo. Halos lahat. Ako'y ... Opo, ako rin. Iniisip ko kung sino'ng nagsabi niyan. Nakikinig ako sa ... Kita niyo, may bagay na nangyayari na sasabihin ko sa inyo mamaya. Kaya ... Maluwalhati at kahanga-hanga iyon, at pag-uusapan natin iyon minsan sa ibang gawain, alam n'yo na. Nito lang ito nagsimulang mangyari, at lubos tayong nagpapasalamat dahil dito.

12 At galing ako sa Kentucky (tulad ng ginagawa ko bawat taon), nagpupunta ako roon. Ilan sa mga kaibigan ko roon ... Hindi upang mangaso lamang ng squirrel, at alam ninyo iyan. Kaya sadyang

nagkaroon kami ng maluwalhating panahon, at nagpapasalamat kami sa Panginoon.

13 Kailangan ko nang u - kailangan kong umuwi pagkatapos ng gawaing ito. At pagkatapos … At kami'y … pagkatapos ay babalik akong muli, makaraan ang ilang panahon, magtutungo ako sa New York para sa isang gawain. At kung magkaroon kami ng pakakataong tumigil dito sandali, aba, ikagagalak naming magdaos ng isa pang gawain dito sa Tabernakulo.

Pagkatapos ay kailangan kong bumalik, patungong Shreveport. At uuwi kami at balak naming tumigil dito sa buong kapaskuhan, kung loloobin ng Panginoon, dadalhin kong muli ang aking pamilya. At pagkatapos - at pagkatapos nais kong … at nalalapit na rin ang mga gawain ko sa Phoenix sa Enero. (Iyon ang taunang gawain doon para sa Christian Business Men.) At mga isang Linggo o sampung araw bago iyon, sisikapin kong u - upahan ang malaking ... Ang pangkat ng Jesus' Name, na dating kinaroroonan nina Brother Garcia at ng kapatid na Kastila, ay may maganda at malaking lugar doon. Katatayo lang nila nito. Makapaglalaman iyon ng may ilang libong katao, bagung-bago, at napakaliit ng kanilang kongregasyon. Sinabi nila sa akin na maaari ko raw iyong upahan kailan ko man naisin.

14 Sa halip na - na lumibot ako, sa buong lambak, upang isa-isahin ang mga iglesia, sa palagay ko'y titipunin ko na lang ang lahat sa isang malakihang isahang pagtitipon (Kita n'yo?), at gaganapin natin ito roon. Kung mauupahan natin ang templong iyon (Pupunta kami roon upang malaman kung maaari

nating upahan) at pagkatapos ay gaganapin na namin ang Christian Business Men's Convention.

Kapag naisaayos na ang mga gawin sa labas ng bansa, sisikapin naming makapagtakda ng mga gawain sa Katimugan para sa Enero, at Pebrero, at Marso, sa buong Katimugan. At pagkatapos — at hanggang ... Pagkat, kung magsisimula na kami ngayon at pupunta kami sa africa (Kita n'yo?), ang kapaskuhang ito sa kanila ay tulad sa ika-4 ng Hulyo. Kita n'yo, maulan at masungit ang panahon, at hindi ka makapapasok doon sa panahong iyon. Kaya ang pinakamainam na panahon para magpunta roon ay pagkatapos na lang niyon. At nais naming magsimula, kung magagawa namin, sa Norway at bababa kami, sa buong mundo at hanggang sa makarating sa Africa, at doon kami magtatapos, kung loloobin ng Panginoon.

Ngunit ipinalangin ninyo kami ngayon. At mahal namin kayo; at alam n'yo iyan. Kaya't inaasahan namin ang lubhang sagana na higit sa lahat ng magagawa namin o maging sa iniisip naming gagawin ng Panginoon.

15 At sa paniwala natin ngayong gabi, magkakaroon ng isang malaking gawain ng pagpapagaling; sa paniwala natin magkakaroon ng isang … Mangungusap lang ako nang kaunti, pagkat mayroon silang komunyon ngayong gabi - at kaya mga dalawampu o tatlumpung minuto lamang, at pagkatapos ay idadaos natin ang hanay ng panalangin, at - at pagkatapos na pagkatapos niyon, idadaos naman natin ang komunyon. At maaari kayong manatli sa piling namin, magagalak kaming ... Hindi sarado sa iba ang ating komunyon; ito'y para sa bawat mananampalataya, bawat mananampalataya. At bago ko basahin ang Kasulatan, maaari bang magsiyuko tayo sumandali. Hihilingin ko ang isang matalik na kaibigan, si Brother Lee Vayle, kung maaari ay pangunahan niya tayo sa isang panalangin, upang pagpalain ng Diyos ang Kaniyang Salita. Brother Vayle, maaari bang manalangin ka para sa amin? [Nanalangin si Brother Vayle -Ed.] Amen.

16 Ngayon, buong taimtim, buong galang nating tutunguhin ang Salita. Ngayon, nais kong bumasa sa umagang ito sa ika-12 kabanata ng Exodus, at ang - simula sa ika-12 talata, sa ika-12 pati na ang ika-13. At makinig kayong mabuti ngayon. At bago ang komunyon, ngayonng gabi, basahin ang ika-12 kabanata ng Exodo, ang buong kabanata. Sapagkat ang ika-11 talata rito ay paghahanda pa lamang para sa paglalakbay at ginanap muna ang komunyon bago ang paglalakbay. At nais nating tunguhin ito nang may buong paggalang ngayon. Ngayon, sa ika-12 talata ng ika-12 kabanata: Sapagka't Ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa Ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto, ako ang Panginoon.

At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka Aking nakita ang dugo, ay lalampasan Ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, pananakit Ko sa lupaing Egipto. Pagpalain nawa ng Panginoon ang Kaniyang banal sa Salita.

17 Ngayon, nais kong kumuha ng isang teksto mula riyan, isa lamang maiklikng salita na may limang titik: "Tanda, Tanda."("Token, Token") Nais kong mangusap o magturo ng isang araling pang Sunday School tungkol sa salitang, "Tanda."

18 Sinabi ng Biblia rito na, "Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda." At nais nating gamitin ang salitang "Tanda". Ngayon, hindi natin alam; kapag binantayan ko ang orasan, at oras na, buweno, itong mga ... O napakarami kong mga Kasulatan na nakasulat dito. Kaya dahil sa di ko alam kung magtatagal na hindi ninyo ako kasama ... At sino ang nakaalam na hindi ito huling pagkakataon na ang ilan sa atin ay

magkikita-kita. Kaya't sikapin nating dumulog nang buong paggalang ... Alam nating mahirap ito. Pinagkalooban tayo ng Panginoon ngayon ng isang mainam na umaga para sa gawain, sadyang mainam. At sikapin nating pagtuunan ng pansin ngayon ang bawat - lahat ng ipangungusap natin, nang sa gayon - kung mayroong anumang bagay doon na nais ng Panginoon na malaman ninyo, ito'y maipagkaloob sa inyo.

19 At hindi tayo tumatayo rito para lamang makita tayo. Hindi tayo kailan man pumaparito para lang makita ng iba kung ano ang suot nating damit, o kaya'y ... Pu - pumaparito tayo para sa iisang bagay, tulad ng pagkasambit ng kapatid natin sa panalangin iyon: "Naririto kami upang dinggin ang Salita - ang Salitang dumarating sa amin." Hangad natin iyon, pagkat iyon ang tangin bagay na magkakaroon ng halaga sa atin - bagay na may laman, bagay na makatutulong sa atin.

20 At tayo ay mga taong nangamamatay. Patungo ang lahat ng tao sa walang hanggan. At ganito lang ang haba ng panahon natin upang magpasiya kung aling direksyon ang tatahakin natin. At ang landas ay nasa harapan natin. Maaari nating tahakin alin mang panig na nais natin piliin. Sa gayong kalagayan Niya inilagay sina Adan at Eva, at sa gayong kalagayan Niya rin tayo inilagay.

21 Dapat nating pakatandaan na anuman ang gawin natin o gaano man tayo maging matagumpay sa buhay, kung wala si Cristo, lubusan na ring naiwala natin ang lahat ng bagay. Kita n'yo? 30 Kaya kung Siya nga, matapos na ... Kung Siya ang tanging mapananabikan natin sa hinaharap, kung gayo'y magiging napakamangmang nating mga tao para hindi natin Ito tanggapin (Kita n'yo?) at pakamahalin. Hindi lamang tanggapin, kundi dumarating ka sa isang bagay na higit pa roon. Matapos mo Itong makuha, huwag mo Itong isaisang tabi; dapat Itong gamitin. Kita n'yo? Tulad ng pagpunta mo sa duktor upang kumuha ng gamot at pagkatapos ay ilalagay mo lang iyon sa istante ... Kung kukuha ka ng gamot, inumin mo ang gamot. Kung mayroon kang karamdaman, at ang lunas na ito ay makatutulong sa iyo, inumin mo kung ano'ng ibigay niya sa iyo. At kung paano niya ito sinabi, gayon mo ibigay, sapagkat magkaminsan, malaki ang nagagawang kaibahan ng ilang sandali sa pagbibigay mo nito. At malay natin, sa kasong ito, hindi kaya maitakda ng isang saglit lamang na pagpapasiya mo ang iyong walang hanggang hantungan. Kunin mo Ito habang inaabot Niya sa iyo.

Isang tanda, "Ang dugo sa inyo ay magiging isang tanda para sa inyo."

22 Ngayon, ano nga ba, unang-una, ang isang tanda (token)? Isa itong salita na karanirawang ginagamit ng mga taong Ingles ang gamit na salita, lalo na dito sa America. Ang isang tanda ay - sa katunayan, sinasabi sa diksyunaryo na ang isang "token" ay isang "tanda." Tanda ito ng pamasaheng nabayaran na (Kita n'yo?), na ang pamasahe o — o — ang isang — o ang halagang dapat bayaran (isang halagang hinihingi) ay nabayaran na, tulad ng pamasahe sa tren o pamasahe sa bus. Pagpasok mo, babayaran mo ang pamasahe mo, at bibigyan ka nila ng isang token; at ang token na iyon ay hindi maaaring gamitin sa iba maliban sa naturang tren. At isa iyong palatandaan sa kumpanya ng tren na nabayaran mo na ang pamasahe mo. Isa itong tanda, at hindi mo ito maaaring gamitin sa iba. Hindi iyon maaaring gamitin sa ibang linya ng tren. Sa linyang iyon lamang ito gumagana, at ito ay i - isang tanda.

23 Ngayon, dito, sa sinasabi natin, sa pinagsimulan natin, ay sinasabi ng Diyos sa Israel, " Ang dugo ng kordero ay isang tanda para sa inyo." Ang kordero ng Israel na pinaslang ang hininging tanda ni Jehova. Dapat ay dugo iyon. Gumawa ang Diyos ng tanda at ibinigay iyon sa Israel, at wala nang iba pang tandang maaaring gumana. Kita n'yo? Hindi iyon maaaring kilalanin.

24 Sa sanlibutan, puro ito ang kamangmangan, subalit sa Diyos ay ito lamang ang tanging daan; nag tanging hinihiling Niya ay ang tandang iyon. Dapat naroon iyon, at hindi mapapasaiyo ang token malibang mabayaran ang pamasahe. Kung magkagayon ay pag-aari mo na ang token na nagbibigay sa iyo ng pribilehiyo ng libreng pases: "Kapag nakita Ko ang dugo, lalampasan Ko kayo."

Napakadakilang panahon na - napakalaking prebilehiyo na malaman na dala-dala mo ang pases. "Kapag nakita Ko ang dugo, lalampasan Ko kayo." Iyon lamang kikilalanin Niya. Wala nang iba pang maaaring ipamalit roon: walang pamalit, walang denominasyon, wala nang iba pa; iyon ang kailangan. Ang sabi ng Diyos, "Iyon lamang ang hahanapin Ko." Gaano man sila katuwid, gaano man sila kabuti, gaano man kataas ang pinag-aralan nila, paano man sila manamit, ang Tanda lamang ang tanging kailangan. "Kapag nakita Ko ang Tanda, lalampasan Ko kayo." Ang Dugo ay Tanda noon na ang hinihingi ni Jehova ay natugunan na, na ito'y naisagawa na. ang Dugo ang nagsilbing Tanda. Ang Dugo noon ang Tanda. Kita n'yo?

Ang buhay na

25 sinabi ng Diyos, "Sa araw na kainan ninyo ito, sa araw ding iyon ay mamatay kayo." At may panghaliling buhay na kinuha para sa buhay ng mananampalataya. Tinanggap ng Diyos sa kaniyang habag ang isang panghalili para sa buhay ng narumihang tao. Nang hawakan ng Kaniyang anak ang kaniyang sarili ng kasalanan ng di pagsampalataya sa Salita, nang magkagayo'y ang Diyos na mayaman sa habag ay gumawa ng isang panghalili, at isang bagay iyon na dapat mamatay sa halip nito. Wala nang

iba pang maaaring gumana.

26 Kaya nga hindi umubra ang mga mansanas, at mga peach, at iba pa ni Cain. Dapat isa iyong buhay na may Dugo. At iniwan ng buhay ang hain. At ngayon, ang dugo ay naging tanda na natupad na ang utos ng Diyos.

Ngayon, ano'ng hiniling ng Diyos? Ang buhay. At ipinakita ng dugo na kinailangang may buhay na mawala, kung kaya't ang dugo noon ay tanda na ang buhay ay naibigay na, na mayroon nang namatay, ang hinihingi ng Diyos na may buhay na maipagkaloob, at ang dugo ay nabuo na; at ang dugo ay nagsilbing tanda na lumisan na ang buhay. Ang buhay ng hayop na sinabi ng Diyos na dapat kunin ay nakuha na nga - ang dugo ay nagsilbing tanda. Kita n'yo, ang - ang - ang mananampalataya ay kinakailangang maging makilalang kasama ng kaniyang hain sa pamamagitan ng tanda.

27 Hindi ko nais na labis na magtagal sa mumunting mga siping ito - ngunit (at maaari mong gugulin ang buong gawain sa isa sa kanila), ngunit nais kong tumugil dito sumandali upang ipahayag na ang - ang - ang mananampalataya ay kinakailangang makilalang kasama ng kaniyang hain. Kita n'yo? Kung iyon ay - basta lang hain at - at kung saan lang hinain doon sa labas, ibinigay niya; ngunit kinakailangan niyang makilalang kasama nito. Sa tuwirang pananalita, kailangan niya munang ipatong ang kaniyang kamay dito, upang maging kaisa siya ng kaniyang hain. At pagkatapos ang dugo ay inilalagay sa lugar na kung saan ay maaari siyang sumilong dito. Ang dugo ay dapat mailagay sa itaas niya, at iyon ay tanda na napagkilala na niya ang kaniyang sarili, na nagkasala siya, at napatunayan niya na may inosenteng panghalili na kumuha ng kaniyang lugar.

28 Isang napakagandang larawan. Oh. Isang tinubos ... kita n'yo? Natugunan na ang katarungan, at ang hinihingi ng banal na katarungan ng Diyos ay nakatagpo na, at ang sabi ng Diyos ay nakatagpo na, at ang sabi ng Diyos, "Ngayon, hinihingi Ko ang buhay mo." At nang mag - mag - magkasala ang buhay na iyon, isang inosenteng panghalili ang kumuha ng lugar nito. At isa iyong hayop na may dugo, hindi mansanas o peach. Dapat sana'y ganap nang malinaw niyan ang binhi ng serpente sa bawat isa, na dugo iyon, at ang dugong ito na hindi maaaring lumabas sa prutas, ay lumabas sa isang inosenteng panghalili. At ang buhay ay lumabas u - upang ipamalit sa kaniya, at ang dugo ay simbulo na ang hayop ay namatay na, at ang dugo ay nabubo na.

29 dugo ay nabubo na. 38 At ang sumasamba, pagkapahid niya ng dugo sa kaniyang sarili, ay nagpapakitang kinilala siya sa katubusan, sapagkat pinakilala niyang kaisa siya ng - ng hain, ikinakabit niya ang sarili sa hain, at nagsilbing tanda ang dugo. Na - Napakaganda. Napakagandang larawan nito. Isa itong sakdal na tipo ni Cristo. Tamang-tama.

Ang mananampalataya, ngayon, ay nakasilong sa nabubong Dugo, kaisa ng hain - sadyang tamang-tama. At kung paanong si Cristo, da - dahil hindi Siya isang hayop ... Nakikita ba ninyo, ang - ang hayop ay namatay, ngunit iyon ang pinakainosenteng bagay na nasa atin, sa pakiwari ko, ang - ang hayop, ang kordero. Nang naisin ng Diyos na ipakilala si Jesus Cristo, ipinakilala Niya si Cristo bilang isang kordero. At nang naisin Niyang ipakilala ang Kaniyang Sarili, ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili bilang isang ibon, isang kalapati. At ang kalapati ang pinakainosente at pinakamalinis sa lahat ng uri ng ibon, at ang kordero naman ang pinakainosente at pinakadalisay sa lahat ng uri ng hayop.

Kaya, kita n'yo,

30 nang bautismuhan ni Juan si Jesus, ay sinasabi ng Biblia, "At - at nakita niya ang espiritu ng Diyos na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya." Samakatuwid, kung nagkataong lobo iyon, o alin mang ibang hayop, hindi maaaring tumugma ang katangian ng kalapati sa katangian ng lobo. Hindi rin maaaring tumugma ang katangian ng kalapati sa alin mang iba pang hayop maliban sa kordero. At nagsama ang dalawang katangiang iyon isang kordero. Kita n'yo?

31 Ngayon, nakikita ninyo ang pagtatalaga? Isa itong kordero nang dumating doon. Kita n'yo? Kita n'yo, isa itong Kordero nang ito'y - nang dalhin ito isa itong Kordero. Isinilang itong isang Kordero. Pinalaki itong isang kordero. Kita n'yo? Samakatuwid, iyon lamang ang uri ng tunay na Espiritu na makatanggap sa Salita, na makatatanggap kay Cristo. Ang iba pa sa kanila ay sumusubok. Sinusubukan nila itong makuha at ilagay ang Espiritu ng Diyos sa isang lobo (Kita n'yo?), na galit, masama, at malupit. Hindi ito mananatili roon. Kaagad na lilipad ang Espiritu Santo. Hindi maaari.

32 Ano kaya kung dumapo ang kalapati, at sa halip na isang kordero ang naroroon, ay ibang hayop? Kaagad Itong lilipad at babalik. Kita n'yo? Ngunit nang masumpungan Nito ang katangian na maaari nitong pinangunahan ng Kalapati ang Kordero; at pansinin n'yo, pinangunahan Nito ang Kordero sa katayan. Ngayon, naging masunurin ang Kordero sa Kalapati. Kita n'yo? Saan man Ito pangunahan, handa Itong pumaroon.

33 Iniisip ko ngayon, kapag pinangunahan tayo ng Diyos sa i - isang buhay ng lubos na pagsuko at paglilingkod sa Kaniya, hindi kaya magkaminsan ay nagrerebelde ang ating espiritu, parang ganiyan ang

ipinakikita natin: iniisip ko kung mga kordero nga ba tayo. Kita n'yo, kita n'yo?

Ang isang kordero ay masunurin. Ang isang kordero ay handang magsakripisyo ng sarili nito; hin - hindi ito - hindi nito - inaangkin ng pagaari nito. Magagawa mo itong ihiga at gupitan ng balahibo (Iyong lang ang tanging pag-aari nito.), hin - hindi ito umiimik tungkol dito, sadyang inaalay ang lahatng nasa kaniya. Ganiyan ang kordero. Ibinibigay nito ang lahat sa - ibinibigay nito ang - ang sarili nito at lahat ng nasa kanya. At ganiyan ang tunay na Cristiano. Kung sila'y - sinasakripisyo nila ang kanilang mga sarili, hindi alintana ang sanlibutang ito, bagkus ibinibigay ang lahat ng nasa kanila sa Diyos. Kita n'yo?

34 At ngayon, ito ay isang sakdal na Kordero: si Cristo. At sa pamamagitan ng ibiubo ng korderong ito, ng natural na kordero sa Egipto, ang dugo ay naipahid. At nang maipahid nga ito, nagsilbi itong isang tanda. Kung gayon ano naman ang magiging kahulugan ng Dugo ng Korderong ito? Kita n'yo? Ang Tanda na tayo ay patay na sa ating mga sarili at napagkilala nang kasama ng ating Hain. Kita n'yo? Kung magkagayon ang Kordero at ang - at ang - ang Dugo at ang persona ay magkakasamang napagkilala: ang Hain at ang mananampalataya. Kita n'yo? Nakikilala ka sa iyong buhay sa pamamagitan ng iyong Hain. Kita 0n'yo? Iyan ang dahilan kaya kayo ganiyan.

35 At ang dugo ay tanda ng ating pagkakakilanlan. Ipinakikilala ng dugo na pinaslang ng ng sumasamba ang kordero, at tinanggap na ang kordero, at ipinahid na ang tanda sa kaniyang sarili, at hindi siya nahihiya. Hindi mahalaga sa kaniya kahit sino pa ang makakita rito. Nais niyang makita ito ng lahat. At inilagay ito sa isang posisyon, na makikita ng bawat dumaraan ang tandang iyon. Kita n'yo, maraming tao ang gustong maging Cristiano, at gus - gusto nilang gawin iyong nang palihim, nang sa gayon ay walang makaalam na sila ay mga Cristiano. O ang — ang mga kasamahan nila, ilan sa kanila ay magiisip, " Buweno tingnan ninyo, nais kong maging Cristiano, ngunit ayaw kong malaman ni ganito-at-ganoon ang tungkol dito." Kita n'yo? Buweno ngayon, hindi ganiyan ang pagiging Cristiano. Kailangang ilantad sa madla ng Cristianismo ang Tanda nito (Kita n'yo?), sa buhay publiko, sa opisina, sa kalsada, kapag nariyan ang problema, anuman, sa simbahan, sa lahat ng iba pang lugar. Ang Dugo ang tanda, at kailangang ipahid ang Tanda (Kita n'yo?), o kung hindi'y ma — maging ang tipan ay walang bisa.

36 Ang dugo noon ay isang tanda, o isang pagkakakilanlan, ipinakikilalang ang taong ito ay natubos na.

Ngayon, aba'y pansinin ninyo, natubos na sila bago pa mangyari ang anuman. Ipinahid nila ang dugo sa pamamagitan ng pananampalataya. Kita n'yo? Bago pa talagang mangyari iyon, ang dugo ay naipahid na sa pamamagitan ng pananampalataya, sumasampalatayang mangyari nga iyon. Kita n'yo? Bago dumaan sa lupain ang galit ng Diyos, kailangan munang ipahid ang dugo. Huling-huli na matapos na bumagsak na ang galit. Ngayon, mayroon tayong aral diyan na sadyang magagawa nating, marahil at madadala natin sa inyong kaisipan, sumandali lamang. Tingnan ninyo: bago pa iyon naganap. Sapagkat darating ang oras na hindi na ninyo magagawang magpahid pa ng dugo.

37 Ang kordero ay pinatay noon sa oras ng gabi matapos na alagaan sa loob ng labing-apat na araw. At pinatay ang kordero, at ang dugo ay ipinahid sa oras ng gabi. Nakuha ba ninyo? Nagkaroon lang ng tanda nang gumabi na.

38 At gabi na sa panahong kinabubuhayan natin. Oras na ito ng gabi pa — para sa iglesia. Oras na ito ng gabi para sa akin. Oras na ito ng gabi para sa aking mensahe. Mamamatay na ako; aalis na ako; lilisan na ako sa oras ng gabi ng Ebanghelyo.

At dumaan na tayo sa pag-aaring ganap at iba pa, ngunit ito na ang oras upang ipahid ang Tanda. Sinabi ko sa inyo nung nakaraang Linggo na mayroon akong nais sabihin sa inyo; ito na iyon. Ang oras kung kailan ay sadyang hindi na kayo maaaring maglaru-laro. Kailangan na itong gawin. Kung kailangan natin itong gawin, ngayon na dapat; sapagkat nakikita na natin na halos nahahandang dumaan ang galit sa lupain, at lahat ng wala sa silong ng Tanda ay mapapahamak. Ipinakilala ka na ng Dugo.

Pansinin,

39 sapagkat ang buhay ng hayop ay hindi maaaring bumalik sa tao. Nang mabubo ang dugo, anupa't ang buhay ay lumabas, pagkat iisang yunit iyon. At nang umalis dito ang buhay ng dugo, dahil sa iba ang buhay sa dugo ... Ngayon, ang dugo ay ang Chemistry ng buhay, subalit ang buhay ay isang bagay na kaiba sa dugo. Ngunit ang buhay ay nasa dugo. At ang buhay ang buhay ng hayop ay hindi maaaring bumalik sa sumasamba. Kapag ibinubo niya ang dugong ito ng kordero, kailangan niyang ipahid ang chemistry sapagkat ang — ang buhay ay umalis na at hindi na maaari pang bumalik.

40 Sapagkat hindi ito maaaring bumalik upang lumukob sa tao, pagkat ang buhay ng hayop ay walang kaluluwa. Hindi alam ng hayop na ito ay hubad, at sad — sadyang hindi nito mauunawaan nag kasalanan. Wala itong alam. Kaya nga, isa itong nilalang na may buhay, ngunit hindi isang kaluluwang may buhay.

Kung kaya, hindi ito maaaring bumalik upang lumukob sa buhay ng isang tao, sapagkat hindi ito nagkaroon ng kaluluwa sa buhay na iyon.

Ngayon, mayroong buhay, dugo, buhay, at kaluluwa sa buhay. Ang kaluluwa ay ang kalikasan ng buhay. Samakatuwid wala iyong kalikasan. Isa iyong hayop. Kaya nga, ang dugo ay nagsilbing tanda noon na may buhay nang naibigay. Ngunit sa maluwalhating dakong ito, sa ilalim ng tipan na ito, may kaibahan ang Dugo at ang Buhay. Ang Tanda para sa mananampalataya sa araw na ito ay ang Espiritu Santo, hindi dugo, hindi chemistry; kundi ang Espiritu Santo ng Diyos. Iyon ang Tanda na hinihingi ng Diyos sa iglesia sa araw na ito. Dapat makita ng Diyos ang Tandang ito. Dapat Niya itong makita sa bawat isa sa atin.

41 Kaya nga, habang nagtatakip-silim na, at handa ng maibuhos ang galit mula sa itaas sa masasamang bansa, at sa mga masasamang di mananampalataya, sa — sa mga nag-aangkin na wala namang pag-aari, sa mga bagay na ito ... At sinikap kong ilantad ang sarili ko at mamuhay sa kalagitnaan nito upang makita kung saan na ito nakatayo bago sabihin ang mga bagay na ito.

Ngayon, nasa ilalim na tayo ng mga anino nito at handa nang humampas ang galit, at ang Diyos ay humihingi ng isang Tanda na kayo, mismo, ay nakatanggap na ng kaniyang Tanda, ang Espiritu Santo. Ito ang tanging daan at tanging tanda na lalampasan ng Diyos, sapagkat Ito ang litiral na Buhay ni Jesus Cristo na nagbalik upang manahan sa mananampalataya. Hindi magawang bumalik ng buhay sa hayop. Kaya nga, kailangang maglagay ng dugo sa pinto, sa itaas ng pinto, sa haligi ng pinto, upang malaman ng bawat dumaraan, ng buong madla, ng lahat ng nagdaraan sa bahay, na may tanda ng dugo sa pintuang iyon, na may buhay na namatay sa pintuang iyon. Amen.

42 Dapat ay magkaganyan din sa araw na ito ang bawat mananampalataya; puspos ng Espiritu Santo, isang Tanda na ang nabubong Dugo ng Kordero, na ang buhay na nasa Kordero ay nagbalik na at naitatak na roon sa harap ng madla, na nakikita ng bawat dumaraan, na kumakausap sa iyo, na may anumang kaugnayan sa iyo, na ang dugo ay naipahid na, at ang Tanda ng Buhay na nasa Dugo ay nasa iyo na. Ligtas ka na sa galit. Iyon lamang, hindi ang pagsapi ... Hindi po. Hindi magawang bumalik ng buhay ng hayop upang lumukob sa mananampalataya, pagkat isa iyong hayop, at nangusap lang iyon tungkol sa isang budhing nagpapakita na may darating na sakdal na Hain.

43 At ngayon, paanong nagkakaroon ng higit pang sakdal na Hain kaysa sa Diyos Mismo na Siya Mismo naging katubusan? Nang ang Diyos ay mahayag sa laman at sa Kaniyang Sariling nilikhang Dugo na si — siyang tanging paraan upang ang Buhay ng Diyos ay makabalik, sapagkat lahat tayo ay isinilang sa pamamagitan ng sex. At kaya nga, ang buhay na naroroon ay makamundo, at ang buhay na iyon ay hindi mananatili. Isang bagay ito na nahusgahan at nakundina na. hindi mo na ito maari pang tagpian. Walang paraan para tagpian pa ito. Walang paraan pa — para mapakinis pa ito. Walang paraan para mapaigi pa ito. Dapat itong mamatay. Iyon ang tanging kahilingan. Dapat itong mamatay, at ang panghalili, ang buhay ni Jesus Cristo ay kailangang manahan sa iyo, na walang iba kundi ang Espiritu Santo, ang Tanda ng Diyos, na tinanggap mo na ang Dugo ng kaniyang Anak na si Jesus Cristo. Kaya, sa mga kaarawan ni Wesley, o sa mga kaarawan ni Luther, sinampalatayanan nila ang — sa mga kaarawan ni Wesley, ang chemitry ng dugo. Ngunit ito na ang huling araw kung kailan ang — ang Tanda ay hinihingi. Iyan ang bumubuo sa lupon na nakatakda para sa pag-agaw. Nakikita ba ninyo?

44 Tubig, dugo at espiritu ang lumabas kapag ang ina ay nanganganak. Ang unang lumalabas sa isang normal na panganganak ay tubig; ang ikalawa ay dugo, at ang kasunod ay buhay. May lumabas na tubig, dugo, at buhay sa katawan ng Panginoon Jesus Cristo. At ang buong iglesia, ang Nobya, ay nabuo sa pagdaan sa pag-aaring ganap, pagpapakabanal, at bautismo ng Espiritu Santo, na siyang Tanda.

45 Tulad ng sabi ng Hebreo 11, “Ang lahat ng mga ito na nagsilakad na paroo't parito, at nagsipagsalat, at lahat ng mga bagay na ito na kanilang ginawa, gayunma'y hindi sila nasakdal nang wala tayo.”

46 At nag iglesia sa araw na ito ang nakatanggap ng Tanda ng bautismo ng Espiritu Santo, na ang Diyos an nabubo na, at ang Espiritu Santo ay nasa iglesia na. Kung wala tayo ay hindi sila makababangon, ngunit umaasa sila sa atin. Sapagkat ipinangako ng Diyos na mapapasakaniya iyon, at mayroon at mayroong mapapabilang doon. Hindi ko alam kung sino, ngunit may tatanggap nito.

Iisa lang ang pananagutan ko: ang ipangaral ito. Tungkulin ng Diyos na hanapin ang predistinadong binhing iyon. Mapaparoon ito, ang lahat sapagkat ... Mapaparoon ang bawat isa sa kanila, nang magkakasama: ang kapanahunan ng tubig, ang kapanahunan ng dugo, at ngayon ang kapanahunan ng Tanda ng Espiritu Santo.

47 At alalahanin, napakaraming pinagdaanan ng Israel, ngunit oras ng gabi nang hingiin ang tanda, hindi sa umaga, hindi sa paghahanda sa loob ng labing-apat na araw ng pag-aalaga sa kordero. Alam ng Israel na may mangyayari; alam din iyon ni Luther; alam din iyon ni Wesley; gayundin sina Finney, Knox, Calvin. Ito na nga iyon. Alam nilang darating ang oras na magbabalik ang Haliging Apoy sa iglesia. Alam nilang darating ang oras na mangyayari ang mga bagay na ito. Ngunit hindi sila nabuhay para makita ito, ngunit inasahan nila ito. Alam ng Israel na may mangyayari, ngunit sa oras ng gabi nang ilagay sa pinto ang dugo ng kordero, ang tanda. Gayunman ay naihahanda na ang kordero.

48 Ang kordero iyon mula sa simula hanggang dulo. Ang kordero iyon sa panahon ni Luther; ang kordero iyon sa panahon ni Wesley. Ngunit ngayon ay oras na ng Tanda, na ang bawat bahay ay dapat matakpan ng Tanda. Bawat bahay ng Diyos ay dapat matakpan ng Tanda. Lahat ng mga nasa loob nito ay dapat matakpan ng Tanda. Ang Bahay ng Diyos ay ang katawan ni Jesus Cristo. At sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo'y binautismuhan tungo sa Tandang ito at naging bahagi nito, na sinabi ng Diyos, "Kapag nakita Kong nakalantad ang tandang ito, lalampasan Ko kayo."

Napakadakila ng oras na kinabubuhayan natin ngayon. Oh,

49 ang dugo ang nag — nagpakilala sa mananampalataya, sapagkat ang buhay ay lumabas na, hindi na makababalik pa, kaya kailangan niyang magtaglay ng chemistry. Kailangang taglayin niya iyon tulad sa isang pintura, isang dugo, isang chemistry na nagpapakita na may buhay na umalis dito. Ngayon, ang Espiritu Mismo ang Tanda. Ang Espiritu Mismo ang Tanda, hindi ang Dugo. Ngunit ang Dugo ay nabubo sa Kalbaryo, totoo iyon, ngunit ang Dugo, sa kalagayan nito, ay nagbalik na sa mga elementong pinanggalingan nito, mula sa pagkaing ikinabuhay Niya. Ngunit Nakikita ba ninyo, na sa loob ng selula ng Dugong iyon ay may Buhay na siyang nagpasimulang magpakilos sa selula ng dugo. Kung hindi gayon, walang sariling Buhay ang sa chemistry; kung kaya't hindi ito makakilos. Ngunit nang pumasok Buhay sa chemistry ng dugo, bumuo ito ng isang selula. Bumuo ito ng sarili nitong selula, pagkatapos ay nagsunod-sunod na ang pagkakabuo ng mga selula. At naging isa iyong Tao, at ang Taong iyon ay ang Diyos na Emmanuel na nasa laman. Ngunit nang magbalik ang Buhay ang chemistry ay nagtungo na roon. Ngunit ng Tanda ay ang Espiritu Santo na nasa iglesia, na namamalas nila si Cristo.

50 Kailangang magkagayon, sapagkat nagiging isa ang babae at ang kaniyang asawang lalaki. Nagiging isa sila, at nagiging isa rin naman ang Nobya at si Cristo. Ang lingkuran ng Nobya at ang lingkuran ni Cristo ay iisa. Alalahanin ninyo, "Ang unang kasaysayan, oh, Teofilo, na isinulat ko sa iyo ay tungkol sa pinasimulang gawin ni Jesus at patuloy na ginagawa ..." Hindi Siya napigil ng Kaniyang kamatayan. Hindi po. Nagbalik Siyang muli, hindi ang ikatlong persona, kundi ang Persona ring iyon ay muling nagbalik sa anyo ng Espiritu Santo; at patuloy Itong gumagawa at nagpapatuloy pa rin ito hanggang sa Aklat ng mga Gawa. "Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Iyon ang Token. Iyon ang Tanda.

51 Nang dumaan sina Pedro at Juan sa pintuang ang tawag ay Maganda, nakahiga roon ang isang lalaking malaon nang lumpo — lumpo siya mula pa sa tiyan ng kaniyang ina. At sinabi niya, "Pilak at ginto ay wala ako; datapuwat ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesus Cristong taga Nazareth, magbagon ka't lumakad." Kita n'yo? At kinausap nila sila at nalaman nilang sila ay mga taong mangmang at walang pinag-aralan, ngunit napansin nila na sila ay naksama ni Jesus. Kita n'yo, ang Tanda ay nakalantad doon. Kita n'yo? "ang nasa akin ..." Nakita nilang nakahiga roon ang isang abang nalugmok na kapatid, lumpo, at baluktot ang katawan ang katawan, at lahat na, at ang siya ring Buhay na nakay Cristo ay nasa kanila rin: "Ang nasa akin..." "Sa Aking Pangalan ay mangagpapalayas kayo ng mga demonyo." Hindi "Ako"; kayo. Kung sasabihin mo sa bundok na ito . . . ," hindi kung sasabihin Ko. "Kung sasabihin mo sa bundok na ito . . ." Oh, kapatid, malapit na ang oras kung kailan ang Tanda ay dapat nang maipakita. Nakikita na natin ito. Alam nating malapit na tayo sa wakas ngayon, sapagkat lahat na ng klase ng mensahe ay handa nang magpakita ng mga tanda at kababalaghan. At ngayon, heto't nagbalik tayo para sa kung anong dapat gawin ng iglesia: kailangang mailantad ang Tanda. "Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo." Wala nang iba pang maaaring gumana. Ang Dugo ang kailangan.

Ngayon, ang Espiritu Santo ang ating Tanda mula sa Diyos.

52 Tulad niyaong isang mahusay na teologo, isang iskolar, isang kapatid na baptist, mabuting tao, maganda nag ugali, nang lumapit siya sa akin minsan, at ang sabi niya, "Brother Branham," ang sabi niya, "nangungusao ka tungkol sa Espiritu Santong ito." Ang sabi pa niya, "Aba, hindi na bago iyan." Ang sabi, "Naituro na namin iyan sa mga panahong nagdaan." At ang sa — sabi ko, "Buweno, ako'y . . ." Ang sabi niya, "Natanggap na namin ang Espiritu Santo." Ang sabi ko, "Kailan mo iyon natanggap?" Ang sabi niya, "Nung sumampalataya ako." (Sapagkat alam kong teolohiya iyon ng Baptist, na ikaw — nang sumampalataya ka, natanggap mo na ang Espiritu Santo.) Ang sabi ko, "Kung gayon, sinabi ni Pablo sa Mga Gawa 19, sa isang lupon — isang grupo nga mga Baptist, at isang mangangaral na Baptist na isa sa mga naakay ni Juan ang nagpapatunay sa pamamagitan ng Biblia na si Jesus ang Cristo …

53 Nang dumaan siya sa mataas na baybayin ng Efeso, may nasumpungan siyang mga alagad at sinabi niya sa kanila, "Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo'y sumampalataya?" Sumagot sila, "Hindi naming alam kung mayroon nga bang Espiritu Santo."

Pagkatapos ay tinanong niya kung paano sila nabautismuhan. Hindi pa sila nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang inalay na Kordero. Hindi pa sila napagkikilalang kasama Niya sa anumang paraan. Pinaniwalaan lang nila ito, tulad ng gamut nakalapag lang diyan at hindi mo naman ininom. Inutusan sila ni Pablo na muling magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. At nang gawin nga nila,

saka dumating sa kanila ang Tanda. Nakilala sila sa pamamagitan ng mga gawa at mga tanda ng Espiritu Santo, na nagsasalita ng iba't-ibang wika sa pamamagitan nila, at nanghuhula at lumuluwalhati sa Diyos. Nakilala sila ka — kasama ng kanilang hain.

54 At ang Espiritu Santo ang ating pagkakakilanlan. Ito ang nagpapakilala sa atin bilang mga Cristiano, hindi ang ating pagiging kasapi ng iglesia, hindi ang ating pagkaunawa sa Biblia, hindi ang dami ng nalalaman mo tungkol sa Biblia; kundi gaano mo kakilala ang May Akda, kita n'yo, o kung gaano nabubuhay ang May Akda sa iyo.

Nag — naglaho na ang iyong sarili. Wala ka na … Itinuturing mong patay na ang iyong sarili, at ang tanda na ang nabubuhay sa iyo, at hindi mo buhay iyon; Siya iyon. Ang sabi ni Pablo, "Ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon …" Namuhay siya ng buhay na kaiba kaysa dati. "Hindi na ako, kundi si

Cristo na ang nabubuhay sa akin." Hayan ang naipakilalang Tanda na hinhingi ng Diyos. Nakikilala tayo ng ating — naipakikilala tayong kasama ng ating Hain. Ang buhay ng ating Tagapagligtas ay nananahan sa atin, ang Espiritu Santo …Oh anong … Isa itong positibong Tanda. Hindi na maaaring magkaroon pa ng ibang Tanda.

Ay, naku, kung masasapo lang ninyo ang — ang kaisipan nito. Kung mayroon lang sana akong kakayahan sa pamamagitan ng pananalita nagkasala maihayag at mailagay sa inyong kaluluwa ang — hindi sa inyong tainga kundi sa inyong kaluluwa. Kung makikita lang ninyo ang garantiya nito. I — inaalis nito … Napapanatag ka nang husto.

55 Ano kaya kung nakagawa ka ng isang krimen at ikaw ay lilitisin sa isang pambansang hukuman, at alam mong kapag nalaman nilang nagkasala ka, ikaw ay mamamatay, hahantong sa silya elektrika, o kaya'y sa gas chamber, o anumang pampublikong pagpatay na gagawin nila sa iyo; marahil ay bibitayin ka o anuman, maaaring ipabugbog ka sa taong-bayan, anuman ang kaparusahan at alam mong nag — nagkasala ka … Alam mong nagkasala ka at kailangan mong mamatay kung walang abogadong kakatawan sa iyo — na makapagliligtas sa iyo. At ngayon, kukuha ka ng pinakamahusay na abogadong maaari mong upahan. At kapag nakakuha ka na ng mahusay at matinik na abogado, ang magiging pakiramdam mo'y maliit lang ang kaso mo; maaari kang mapanatag ng kaunti, sapagkat mayroon ka nang abogado. Ngunit gayunman ay may katanungan pa rin kung mababago ng abogadong ito ang palagay ng huwes o ng jury. Kung mababago iyon ng abogadon ito sa pamamagitan ng kaniyang matalinong pangungusap, at kaalaman sa batas, at magawa niyang maipamanhik ang kaso mo, mapatunayang dapat ka ngang mabuhay … 65 Ngunit sa kabila ng lahat ng kaniyang dakilang kapamahalaan at mahusay na pananalita na maaari niyang gawin, at kahit pa mgawa niyang pahangain ang jury o ang huwes, ma — ma — ma — maaaring mapanatag ka sa loob ng ilang sandali; ngunit mayroon pa ring tanong sa isipan mo: "Magawa kaya niya?"

56 Ngunit sa kason ito, ang Huwes Mismo ang naging Abogado natin. Ang Diyos ay naging Tao. Walang abogadong makagwa nito. Wala tayong makita. Si Moises sampu ng kautusan, ang mga propeta, walang makagawa nito. Kaya ang Hukom ang siya Mismong naging Jury, Abogado, at Hukom at inilagay Niya ang katarungan ng batas Niya sa Sarili Niyang mga kamay at

Siya Mismo ang nagbayad dito, paano pa tayong higit na makasisiguro? At isinugo Niya ang Kaniyang Sariling Buhay pabalik sa atin bilang saksi na tinanggap na Niya Iyon. Napakatiyak. "Oo, bagaman ako ay lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan: sapagkat Ikaw ay sumasa akin …"

57 Nang maging kapuwa Siya Hukom, Jury, at — at — at — abogado, ipinamanhik Niya ang kaso natin. Napatunayang nagkasala tayo sa Kanyang Sariling batas, at pumarito Siya upang humalili sa nagkasala na nasa santuwaryo. Kinuha Niya ang Kaniyang kasalan. Inako Niya iyon ay Siya'y namatay, nagbayad, at ibinubo ang Kanyang Dugo, at ibinigay pabalik ang Kanyang Sariling Tanda: ang Kanyang Sariling Buhay.

Aba, ganap tayong … Idinismisna ang kaso. Wala nang kasalanan ang mananampalataya. O, Diyos, mahabag Ka. Kung hindi makita ng mga tao na — na wala nang kaso. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na papapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan." Hayun ang kaso. Idinismis na ang kaso; wala ng kaso. Amen. At buong - katiyakan — buong - katiyakan nang naipahid ang Tanda, kapag nagsimula nang humampas ang Kamatayan sa pinto doon sa labas, wala na itong pamamahala pa.

Oo,

58 naipahid na ang Tanda. Tanging ang Tanda na lamang ang kinikilala ngayon. Kita n'yo? Ginawa Niya iyon upang makarating ang Tanda. Ang Tanda ay ang Buhay ng Diyos, at ng likhain ng Diyos ang unang tao, nilikha Niya siyang isang anak. At naging napakasama ng anak na iyon, na pinakinggan niya ang kanyang asawa sa halip ng Diyos, at ang babae ay nakinig sa diablo sa halip ng kanyang asawang lalaki.

At nang gawin niya iyon, kapuwa sila naging lubusang masama, at ito'y nagdulot ng karumihan. At alam Niya na nang gawin nila iyon, inilagay nila ang kasalanan sa kanilang mga sarili; at samakatuwid, ang buong sangkatauhang ipinangak ay nasadlak sa kasalanan. Walang paraan para makalabas doon.

59 At nanaog ang Diyos. Iisa lang ang paraan para siya mabawi; ang bawiin siyang muli bilang isang anak. At paano Niya magagawa iyon samantalang naroon ang Sarili Niyang batas na nagsasabing nahatulan na siya?

Nang magkagayon, ang Ama Mismo ay naging katulad natin. Iyon ang tunay na Kordero. Iyon ang layunin na nasa Kaniyang kaisipan. Iyon ang dahilan kung bakit tukoy na tukoy ang Kordero sa Halamanan ng Eden; nalalaman Niyang magtatagpo minsan ang Kordero at ang Kalapati, kapag nagsama ang Kalapati at ang Kordero; sa gayon at nalaman Niya na maaari tayong magkasama-sama. At hindi na tayo mga taga-ibang bayan, hindi na tayo mga estranghero, kundi tayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Sina Adan at Eva, ang babae at ang lalaki na pinag-isa ay ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos kay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng Kaniyang dakilang Hain.

60 At, upang hindi magkaroon ng pagkakamali, ang binhi ng buhay na ito na kailangang maitanim sa lupa ng katawang ito, na isang binhing maaaring mamatay … At ang buhay — kung lisyang buhay ang nasa binhi, kasama itong mamatay ng binhi. Ngunit nilagyan Niya ito ng Walang Hanggang Buhay at kinilala bilang Kaniya. Subalit sa pagkabuhay na muli ay babangunin Niya itong muli, at walang mawawala. Nakikita ba ninyo kung ano'ng ibig kong sabihin? Hayan na nga.

Hindi na ako maaaring maglaho, ngayon. Nakalukob doon ang Buhay. Nakalukob ang isang Tanda sa munting katawang iyon, nakalukob sa kaluluwang iyon, sa taong iyon.

61 May Tandang nakalukob doon, ang Espiritu Santo, na nagsasaad na iyon ay pag-aari ng Diyos; sa Kaniya iyon, "Kapag nakita Ko ang Tanda, lalampasan Ko kayo": isang positibong Tanda. Ang Espiritu Santo ang ating Tanda. Samakatuwid, kapag natanggap mo ang Espiritu Santo, lumipat ka sa Buhay mula sa kamatayan. Ganoon lang iyon. Hindi ka na maaaring mamatay.

Ang sabi ng Biblia, "Ang ipinanganak ng Diyos ay hindi na nagkakasala, sapagkat hindi siya maaari pang magkasala, sapagkat ang Binhi ng Diyos (Amen!), ang Binhi ng Diyos ay nananahan sa kaniya." At paano siya magkakasala, kung ang walang kasalanang Diyos ay nananahan sa kaniya? Kung siya ay nasa Diyos na walang kasalanan, paano siyang magkakasala? Anuman ang kaniyang nagawa, tinakpan na siya ng Dugo. Kita n'yo? Isa na siyang bagong nilikha, ngayon. Ang kaniyang pagnanasa at ambisyon ay makalangit na, sapagkat nabago na siya mula sa pagiging amorseko tungo sa pagiging trigo. Ang mga pagnanasa niya hindi na tulad ng dati, at ipinapakita niya ito. Sasabihin mo, "O, naniniwala ako riyan." Pagkatapos ay nagkakasala pa rin? A-ha, nadaya ka. Kita n'yo? Wala itong iba pang ipapakita maliban sa Tanda.

62 Inutusan ang Israel na manatili sa silong ng dugo hanggang sa dumating ang utos para sumulong. Huwag kayong aalis sa silong nito. Nang mapasailalim sila ng tandang iyon, naselyuhan na sila roon. Huwag n'yo na iyang lisanin. Nanatili sila roon hanggang sa dumating ang hating-gabi at tumunog ang mga pakakak. At nang tumunog ang mga pakakak, nang

magsimulang tumunog ang mga lumang sungay ng kordero, bawat isa sa kanila ay lumabas na may panustos, patungo sa lupang pangako.

Gayon din ang bawat lalaki o babae na puspos ng Espiritu Santo. Naselyuhan na siya at ligtas na sa lahat ng pinsala at panganib. Ipinapakita ng buong buhay niya kung ano siya. Saan man siya lumakad, anuman ang gawin niya, sinuman ang kausapin niya, kapag nakisalamuha siya sa mga kababaihan, kapag nakisalamuha siya sa mga kasamahan niya, sa lahat, ang Tandang iyon ay naroon. Amen.

Pagdating niya sa kamatayan, "Wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat Ikay ay sumasaakin," ang Tandang iyon ay naroroon. Pagdating sa pagkabuhay na muli, Siya ay mapaparoon, sapagkat babangunin siya ng Diyos sa huling mga araw.

Sinabi iyan ni Jesus, "Kapag nakita Ko ang Dugo (ang Tanda), lalampasan Ko kayo." Oh.

63 Alalahanin, kung hindi nakalantad ang Tandang iyon, maging ang tipan ay mawawalan ng kabuluhan. Tama. Ang tipan ay mawawalan ng kabuluhan. Wa — walang tipan habang wala roon ang Tanda. Ang Tanda ang kumatawan sa tipan. Nakipagtipan ang Diyos sa kanila. Siyanga po. Ngunit ang Tanda ay kailangang … Wala iyong bisa (ang tipan) malibang naroroon ang Tanda.

Marahil magagawang sabihin ng marami sa mga Judio, "Halika rito; wala akong dugo sa aking pintuan, ngunit may gusto akong ipakita sa iyo. Isa akong Judiong tuli. Tuli ako." Hindi rin iyan ang kahulugan niyan. [Pinasaltik ni Brother Branham ang daliri niya —Ed.] "Kapag nakita Ko ang Dugo, kapag nakita ko ang Tanda …" Gusto mong sinasabing, "Baptist ako, Presbyterian, Metodista ako," o anuman iyon. Ngunit, "Kapag nakita Ko ang Tanda."

Sasabihin mo, "Isa akong mananampalataya. Miyembro ang nanay ko noong ganitong iglesia; ang tatay ko naman ay ng ganitong iglesia; mula pa nung bata ako ay miyembro na ako nito." Wala iyang saysay. [Pinasaltik ni Brother Branham ang daliri niya -Ed.] Hindi ako nagsisinungaling, nagnanakaw. Hindi ko ito ginagawa, ako'y … Wala iyang saysay. [Pinasaltik ni Brother Branham ang daliri niya -Ed.] "Kabilang ako sa Branham Tabernacle; ginagawa ko ang ganito, ganoon, at iba pa. naniniwala ako sa lahat ng Salita."

64 Magagawang sabihin ng mga Judio noon, "Naniniwala kami kay Jehova."

Nakinig sana kayo sa Mensahe ng panahon, kung naniwala kayo. Tiyak nga. Nagkaroon na sila ng maraming mensahe, ngunit iyon ang Mensahe ng panahon. Kita n'yo? Naniniwala ako sa Mensahe ng panahon. Siyanga. Ang Dugo ay ipinahid sa oras ng gabi. Maaari nilang sabihin, "I — isa akong Judio."

Sinasabi ng nga tao ngayon, "Isa akong Cristiano. Maipapakita ko sa iyo na matagal na akong miyembro. Gusto kong sabihin mo sa akin kung saan ako nagnakaw ng anumang bagay, o naidimanda man. Ipakita mo sa akin kung kailan ako nangalunya, kung kailan ko ginawa ang lahat ng mga bagay na ito (o anumang tulad ng mga iyon). Ipakita mo sa akin ang isa mang pagkakataon."

Ngayon wala iyong anuman kabuluhan. Wala, wala. Kita n'yo? Gaano ma kalaki ang suliranin niya, ang tipan ay walang bisa. Hindi ito umiiral. Sasabihin mo, "Isa akong mag-aaral ng Biblia."

65 Hindi mahalaga sa akin kung ano ka. Kung wala ang tipang iyon, ang galit ng Diyos ay nasa sa iyo. Tama. Inabutan ka na nito. Siyanga, ilalantad ka ng iyong kasalanan.

Ano ba ang kasalanan? Ang di pananampalataya. Di mo sinampalatayanan ang mensahe. Di mo sinampalatayanan ang Salita. Di mo sinampalatayanan ang pagsaksi mismo sa Tanda, samantalang ipinakilala Nito ang Sarili Nito sa ating kalagitnaan. At hindi ba ninyo iyon sinampalatayanan? Kahit pa hindi ninyo sinampalatayanan, kailangan pa rin Itong ipahid.

Maaaring sabihin mo, "Naniniwala ako rito; naniniwala ako rito. Naniniwala akong Ito ang Katotohanan. Tinatanggap ko Ito bilang Katotohanan." Kung magkagayo'y mabuting lahat iyan, ngunit gayunman, kailangan pa rin Itong ipahid.

66 Ano kaya kung may isang Judio roon na nagkikiwal ng dugo, na nagsasabi, "Si Jehova ang nag-utos nito."

At nakatayo ang isang saserdote roon na nagsasabi, "Siyanga, naniniwala akong totoo iyan." Ngunit hindi naman niya iyon ipinapahid sa sarili niyang bahay. Ayaw niyang makilalang kasama ng lupong iyon (Ayaw po niya.), ng mga panatikong may dugo sa pinto. Ayaw niya ng pagkakakilanlang iyon; kahit pa gaano siyang katotoong saserdote, gaano man niya kasaulado ang Salita, gaano man kabuti ang pagpapalaki sa kanya, gaano man siya nagsakripisyo …

Ang sabi ni Pablo, "Ibigay ko man ang katawan ko upang sunugin bilang isang hain, ibigay ko man lahat ng tinatangkilik ko upang ipakain sa mahihirap, magkaroon man ako ng pananampalatayang nakapagpapalipat ng bundok at iba pa, at magsalita ng mga wika ng tao at anghel; at lahat ng iba pang mga bagay na ito," at ang sabi pa niya, "Wala akong kabuluhan malibang maipahid ang Tanda." Hanggang sa ang Tandang ito (Iyon nag ipinangungusap ko ngayon gabi, ang pag-ibig. Kita n'yo?), ngayon, malibang maipahid ito, wala akong kabuluhan. Kita n'yo?

67 Hindi mahalaga sa akin. Maaaring nagpalayas ka ng mga demonyo; maaaring nagpagaling ka nga mga maysakit sa pamamagitan ng panalanging may lakip na pananampalataya. Maaaring nagawa mo ang lahat ng mga bagay na ito, ngunit kung ang Tanda ay wala riyan, nasa ilalim ka parin ng poot ng Diyos.

Maaaring isa kang mananampalataya. Maaaring tumatayo ka sa pulpito at mangaral ng Ebanghelyo. "Marami ang nagsisilapit sa Akin sa araw na iyon at magsasabi 'Panginoon, Panginoon, hindi ba't nanghula ako sa Iyong Pangalan? Nangaral ako sa Iyong Pangalan. Hindi ba't nagpalayas ako ng mga demonyo sa Iyong Pangalan?' (Kapuwa mga Methodist, Baptist at mga Pentacostal ang mga iyon.)"

Ang sabi ni Jesus, "Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan; ni hindi Ko kayo nakikilala. Ngunit kapag nakita Ko ang Tanda, lalampasan Ko kayo." Iyon ang hinihingi ng Diyos sa oras na ito. Ang mensahe sa oras ng gabi ang magpapahid ng Tanda.

68 Naghagis si Satanas ng lahat ng uri ng huwad na pakikipagkamay at mga ebidensya at lahat ng iba pang tulad nito. Kalimutan n'yo na iyan. Dumating na ang oras na ang Tanda Mismo, hindi ang anumang huwad na bagay, hakahakang pamalit, o anuman; naririto na ang oras kung kailan ang Tanda Mismo ang nagpapakilala sa Kaniyang Sarili sa ating kalagitnaan at pinatutunayan na Siya pa rin si Jesus kahapon, ngayon at magpakailan man, at akmang-akma Siay sa Salita.

Kailangan Itong maipahid. Ang isang taong nagsasabing taglay niya ang Tanda, pagkatapos ay itinatanggi ang Salita, paano namn iyon? Kita n'yo, hindi mo iyon magagawa. Dapat ay naririyan ang

Tanda. Kapag Aking … "Ang Dugo sa inyo ay magiging isang Tanda." Ngayon, ang Espiritu Santo, ang Buhay na dating nasa Dugo ay isang Tanda para sa inyo. (Sandali lang at dadako na tayo riyan. Kita n'yo?) Ang Espiritu Santo ang Tanda. Sarado na ang kaso. Opo.

Ngayon, pakatandaan, at hin —

69 hindi mahalaga kung ano ka, kung gaano ka kabuti, gaano kadalas kang nagtatalon, gaano karaming iglesia ang sinalihan mo, gaano man karaming mabubuting bagay ang ginawa mo; hindi ito magkakaroon ng kabuluhan sa iyo, kung hindi naipahid ang Tanda. Ito na ang oras ng gabi. Gumana iyon sa panahon ni Luther. Gumana iyon sa panahon ni Wesley. Ngunit hindi na iyan gagana ngayon. Hindi.

Siyanga, ang pag-aalaga sa kordero ay mabuti noon. Ang mga namatay noon bago maipahid ang kordero, ang dugo, iba iyon. Opo. Pumasok sila dahil sa kanilang mabuting budhi. Hahatulan sila kung ka — kanila bang … Kung nakatalaga sila, tatamaan sila nito. Kung hindi, hindi. Iyon lang. Sa Diyos na lang iyon.

Inaaring-ganap Niya ang sinumang ibig Niya, nahahabag siya sa sinumang ibig Niya, at hinahatulan Niya ang sinumang ibig Niya. Siya ay Diyos. Iyon lang. Nahahabag Siya sa sinumang kinahahabagan Niya at hinahatulan Niya ang sinumang nais Niya.

70 Malinaw na maipapakita ng isang Judio sa pamamagitan ng kaniyang pagkatuli, na isa siyang mananampalataya. Maraming mga kalalakihan, mga kalalakihang pundamentalista ang maaaring kumuha ng Bibliang ito, at magsabi, "Isa akong mananampalataya." At sinabi ni Jesus, "Sa pananampalataya ay nangaligtas tayo." At, "Isa akong mananampalataya, subalit ang bautismo ng Espiritu ay walang kabuluhan." Kung gayon ang Tanda ay hindi pa naipapahid, ga — gaano man siya sumasampalataya; napapawalang-bisa ito.

Tulad din ito ng pagtutuli ng Judio. Ang sabi niya, "Isa akong Judio." Bakit kailangan ko pang lumabas doon at umastang tulad ng lupon ng mga panatikong iyon?"

71 Tumayo si Moises paroo't parito sa mga lansangan na nagsasabi, "Narito na ang panggabing mensahe. Mangyayari na sa pagkatapos ng labing-apat na araw, ay titipunin ninyo ang buong kongregasyon at papatayin ninyo ang kordero. Papatayin ito ng buong kongregasyon ng Israel, at ipapatong nila ang kanilang mga kamay dito, sa pakikiisa rito. At ang dugo ay ipapahid sa haligi ng pinto at sa itaas nito; 'At kapag nakita Ko ang dugo, lalampasan Ko kayo, sapagkat tanda iyon na tinanggap ninyo ang kamatayan ng korderong ipinagakaloob Ko para sa inyo.'"

Ang dugo noon ang tanda.

72 Ngayon, ang Espiritu na ang tanda. "Mapupuspos kayo ng Espiritu Santo di na maglalaon." At nang mabubo ang Dugo, ang Tanda ay isinugo nung araw ng Pentecostes gaya ng humahagibis na hanging malakas. Iyon ang tema ng bawat apostol. Iyon ang … "Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo ay sumampalataya?" "Magsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na ito ng Espiritu Santo, sapagkat ito'y isang Tanda (Amen!) na lumipat na kayo sa Buhay mula sa kamatayan." Hayan.

Nang lumipas na ang iglesiang Judio, pumalit ang mga Hentil na nasa gayong kalikuan, ngayon siya'y lumabas upang kunin ang tira ng mga Hentil para sa Kaniyang Pangalan: ang Nobya.

73 Kita n'yo, kung ano'ng ibig kong sabihin? Nakikita ba ninyo kung ano'ng sinasabi ng Kasulatan dito? Kung hindi mailalantad walang bisa ang tipan. Kita n'yo? Kailangang magkagayon; dahil kung sasabihin mong naniniwala ka, at pagkatapos ay hindi ka naman sumusunod sa tagubulin ng Salita, kung gayo'y hindi ka totoong naniniwala. Kita n'yo?

Kahit ka tuli, kahit pa nga kasapi ka, kahit pa nabautismohan ka, at nagawa mo lahat ng mga bagay na tulad nito, hindi pa rin iyan ang Tanda. Ang Espiritu Santo …

74 Itong mahusay na iskolar na kumausap sa akin, tulad ng sabi kani-kanina lang. ang sabi niya, "Billy," ika niya, "Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at ibinilang na katuwiran iyon sa kaniya. Ano pa ba ang maaari niyang gawin, kundi ang sumampalataya sa Diyos?"

Ang sabi ko, "Totoo iyon, duktor. Tama iyon. Sumampalataya nga siya sa Diyos. Iyan ang sabi sa Biblia. Tama ka. Sa abot ng nalalaman mo, tama ka. Habang naroroon ang la — labindalawang titik upang tiktikan ang lupain ng Canaan, habang sumusulong sila patungong Canaan, nakakasulong sila; ngunit nang dumating sila sa hangganan, doon na sila tumanggi." Ang sabi ko, "Kayong mga Baptist, tama kayo hanggang sa naabot ng kaalaman ninyo, ngunit natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula ng sumampalataya kayo?" ang sabi ko, "alalahanin kinilala ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham. Si — sinampalatayanan niya ang Diyos at ibinilang na katuwiran iyon sa kaniya. Totoo iyan. Ngunit pagkatapos niyon ay ibinigay ng Diyos sa kaniya ang selyo ng pagtutuli, bilang tan — tanda sa kaniya. Hindi dahil

may anumang kinalaman ang pagkatuli ng kaniyang laman sa kaniyang kaluluwa, ngunit isa iyong tanda na tinanggap niya — na tinanggap na ng Diyos ang kaniyang pananampalataya. At ibinigay Niya sa atin ang tanda ng Espiritu Santo bilang pagkilala Niya sa atin bilang mga mananampalataya. Sapagkat, 'Magsisi at magpabautismo ang bawat isa sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay sa in-yo …'" Nakukuha na ba ninyo ngayon ang punto?

75 Ang mga Judio, gaano man nila mapatunayan na sila ay mga tuli, ngunit ang tanda ay kailangan pa ring maipakita. Kung hindi, doon ay walang bias ang tipan. Iyon ay … Gayon din ngayon, pareho rin. Anuman ang ginagawa mo, gaano mo man nai—naipaliliwanag ang Biblia; maaaring isa kang magaaral ng Biblia at ay, naku … Maaari mong — maaari mong sabihin, "Isa akong mananamapalataya," at lahat na, ngunit gayunman ay hinihingi pa rin ang Tanda.

Ang isang mag-aaral ng Biblia, sasabihin mo, "Mabuti siyang tao, Brother Branham. Hindi mahalaga sa akin kung ano'ng sinasabi ninuman, hindi mo madadaig ang taong iyon. Hindi ko siya nakitang gumawa ng anumang bagay na mali sa tanang buhay ko." Wala iyong [Pinasaltik ni Brother Branham ang daliri niya - Ed.] kinalaman sa Diyos. Isa lang ang kahilingan, at iyon lamang, at hindi mo matupad. Hindi mo mailalagay ang dugo sa itaas ng pinto, kung saa'y di mailalagay ang tanda na ang kordero ay namatay nga, walang pagkukunwari; namatay ang kordero.

76 At ang Espiritu Santo ay isang positibong Tanda na ang Kordero mo ay namatay na, at tinanggap mo na ang Tanda sa iyong sarili; sapagkat ang pinaka-Buhay Niya ay nasa sa iyo na. Kita n'yo? Walang pagkukunwari. Walang pagbabalat-kayo. Walang panggagaya. Naroon iyon. Nalalaman mo ito. Nalalaman mo ito; nalalaman ito ng sanlibutan. Ang Tanda ay naroroon.

Gaano man kabuti ang isang tao … Maaaring isa siyang mag-aaral ng Biblia; marahil … Marahil ay isa siyang mabuting miyembro ng iglesia. Marahil ay isa siyang mabuting tao. Marahil isa siyang pinuno ng denominasyon. Marahil ay kabilang siya sa pamunuan ng Roma. Hin — hindi ko alam kung sino iyon, hindi iyon … Ngunit huwag mo iyang gagawing anuman.

77 Ngunit ang Israel … Nalalaman ng kahit sinong mag-aaral ng Biblia na ang Israel ay isang ganap na tipo ng iglesia, na patungo sa lupang pangako. Doon siya patungo. Ngunit nang dumating ang oras ng gabi at nagsimula na ang paglalakbay, nagkaroon ng isang taimtim na kahilingan. Gaano man siya naging tunay a Judio, Gaano man siya kabuti inalagaan ang kaniyang mga kapitbahay, gaano man karami ang nagawa niya, gaano man siya naging mabuting miyembro, gaano man karaming ikapu ang ibinayad niya, lahat ng mga bagay na ito ay mabuti; mainam iyon; isa man siyang mabuting tao, kinikilala sa kaniyang lipi bilang isang mabuting tao; ngunit kung walang tanda ng dugo, mapapahamak pa rin siya …? …

78 Oh, tulungan nawa ako ng Diyos, na maidiin iyon kapuwa sa mga naririto at sa mga nakikinig sa tape. Na maging anuman … Marahil ay nangaral ka ng Ebanghelyo; marahil nagpalayas ka ng mga demonyo; marahil nagsalita ka ng iba't ibang wika; marahil ay sumigaw ka, sumayaw sa Espiritu; ngunit kung wala ang tanda … Sasabihin mo, "Magkagano'n kaya ako?" Ang sabi ni Pablo ay magkakagano'n ka. "Magsalita man ako ng wika ng tao at ng anghel; ipagkaloob ko man ang aking mga tinatangkilik upang pakanin ang mahihirap, sunugin man ang katawan ko bilang isang hain; mayroon man akong pananampalataya upang maglipat ng mga bundok at ng mga bagay na ito; wala pa rin akong kabuluhan." Aleluia. Huwag kang sumandig diyan. Ang Tanda ang sandigan mo. Gaano man karami ang nagawa mo, gaano ka man kabuti, kapag sumiklab na ang galit ng Diyos, ang Tanda lang ang kikilalanin nito.

79 Tanda iyon na ang halagang hiningi ya nabayaran na; at ang halagang ibinayad ay ang Buhay ni Jesus Cristo, at ibinigay Niya ang Kaniyang Buhay, at ang Espiritu Niya ay nagbalik sa inyo bilang isang Tanda na tinanggap na kayo. Kung gayon ay dala-dala pala ninyo ang Tanda araw at gabi, hindi lang tuwing Linggo. Ito'y sa lahat ng oras. Taglay mo ang Tanda. "Kapag Aking … Ang Dugo ay magiging isang tanda sa inyo."

Sasabihin mo, "Naniniwala pa rin ako. Isa akong mananampalataya." Mabuti iyan, ngunit kapag tinanggihan mo ang Tanda, paano ka magiging mananampalataya? Nangungusap ito laban sa iyo. Kita n'yo? Nangungusap ito laban sa patotoo mo na ikaw nga ay sumasam … mag-aaral ng Biblia, mabuting tao, miyembro ng iglesia, maging ano ka man, wala itong anumang kabuluhan. Opo.

Marahil ay mangangaral ang tatay mo, marahil ay banal na babae ang na — nanay mo noon. Nawa'y … Ma — mabuti iyon; kailangan nilang managot para sa kanilang sarili.

Tulad ng nasabi ko na, subukan …

80 Sinusubukan ng mga taong gawing isang malaki, matanda na at matabang kunsintidor na lolo ang Diyos (Kita n'yo?), na ang mga apo ay parang mga mumunting mga Ricky at mga Elvis, at hindi niya sila sinasaktan. Hindi ganiyan ang Diyos, wala Siyang mga apo; isa Siyang Ama. Kailangan mong maipanganak na muli. Hindi Siya malaki, pabaya, at kunsintidor; isa Siyang Diyos ng kahatulan. Sinasabi

ng Biblia na gayon nga Siya. Mabagsik Siya kung magalit.

Huwag mo iyang tatapak-tapakan at pagkatapos at aasa kang isang araw ay kukunin ka ng kabutihan ng Diyos habang nasa pagkakasala ka at pagkatapos ay dadalhin ka Niya sa Langit. Kung ganiyan ang gagawin Niya, naipuwera nang lahat ang mga naririto at ikaw ang kukunin. Paniwalaan mo ang

Kaniyang Salita o kung hindi ay mapapahamak ka. At kapag pinaniwalaan mo ang Kaniyang Salita, ang Tanda ay mapapapasaiyo.

81 Handa nang hampasin ng kamatayan ang Egipto anumang oras nung gabing iyon. Isa iyong malagim na panahon. Lahat kanilang mga seremonya, lahat ng kanilang kapistahan at mga araw ng pag-aayuno … Binisita sila ng Diyos; ipinakita ng Diyos ang Kaniyang mga dakilang tanda at kababalaghan sa kanilang kalagitnaan. Ano iyon?

Ngayon, tumugil tayo sandali. Ipinakita ng Diyos sa kanila ang Kaniyang biyaya. Binigyan Niya sila ng pagkakataon. Hindi nila ito maitanggi. Ang sabi nila, "Ay, wala iyon. Walang kabuluhan iyon. Isang bagay lang iyon na naroon sa malaking talon; nagkaroon ng pagsabog ng — ng mapulang putik na bumulwak. Kaya naging pula ang dagat."

Pagkatapos ay dumating ang granizo. Pagkatapos ay mga palaka naman. Naghanda ang Diyos ng isang dako at inilagay Niya ang Kaniyang Salita sa bibig ng isang propetam at nang magsalita siya, naganap nga. Nakita nila iyon; hindi nila iyon maitanggi.

Anumang salitain ni Moises, iyon ang nakuha niya mula sa Diyos, sapagkat binigkas lang niya ang Salita ng Diyos. Ang sabi Niya, "Gagawin kitang isang diyos."

Naging diyos si Moises sa kanila. Kita n'yo? Hindi naman nila alam ang kaibahan, kaya ang sabi Niya, "Magiging isa kang diyos, at si Aaron ang iyong magiging propeta." (Kita n'yo?) "Matutulad ka sa isang diyos. Sapagkat kukunin kita, ang iyong tinig, at lilikha Ako sa pamamagitan mo. Mangungusap Ako, at hindi maitatanggi ng mga tao, pagkat kaagad iyong lilitaw. Anumang sabihin mo ay matutupad."

Ay, naku. "Ipapakita Ko sa inyo ang mga bagay na iyon." At nakita iyon ng Egipto. Nakita nila iyon, bago dumating ang oras ng gabi o nang dumaratal na ito. Ipinakita Niya sa kanila ang Kaniyang kabutihan. Ipinakita Niyang kaya Niya iyong alisin, lunasan.

82 Sinubukan rin iyong gawin ng mga salamangkero, mga manggagaya. Sa tuwina ay makikita mo sila. Naroon sina Janes at Jambres; nakatayo sila roon. Ngunit pagdating sa tunay na bagay, wala na sila. Tama. Nakasunod sila sa loob ng maikling panahon, ngunit pagkatapos ng ilang panahon, nalantad ang kanilang kahangalan.

At hindi ba't sinasabi ng Biblia na gayon din ang mangyayari sa huling panahon? "Kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises …"

Ngunit ang kanilang kahangalan ay nalantad. Magkakagayong muli. Kita n'yo? Hayun na nga. Mga taong masasama ang pag-iisip, mga itinakwil tungkol sa katotohanan — ang totoo, marahil mayrooon silang mga kongregasyon, at dakilang mga bagay, lubhang matatayog, malalaki, ngunit sa wakas ay sasapit din ang oras. Tumayo kayong maitbay na taglay ang Tanda. Iyon ang nais ng Diyos na gawin natin. Humawak tayo sa Kaniyang Salita. Huwag tayong lumayo Dito. Manatili tayo Dito. Ganito ang sabi ng Biblia.

Humahampas na ang kamatayan. Nagpakita na sa kanila ng habag ang Diyos, nagpakita Siya ng kapangyarihan at mga tanda.

83 Ngayon, tumigil lang tayo sa loob ng isa o dalawang sandali sa orasang naririyan. Alalahanin lang natin sa ating mga kaisipan kung anong ipinangako Niyang magaganap sa huling mga araw. Iniisip ko kung hindi kaya dapat ay magsiyasat na rin tayo ngayon.

Ginawa na Niya ang lahat ng mga bagay na ito, subalit ang gusto pa rin nila ay huwag magsisi at huwag maniwala sa mensahe ng kapanahunan. Ayaw pa rin nila. Bagama't nailantad na iyon sa kanilang harapan, at lubos na naipaalam . . . At kapag nakita ninyong nangyayari na ang gayong mga bagay, tanda na ito ng paparating na paghatol. Sumusunod ang paghatol sa gayong mga bagay. Nagkakagayon sa tuwina, at ang panahong ito ay hindi mapupuwera. Kita n'yo? Ang paghatol ay sumusunond sa biyaya. Kapag tinanggihan na ang awa , wala nang nalalabi kundi paghatol. Kaya lagi itong kasunod.

84 Ngayon, ang isang tagpo. Bawat espirituwal na pangyayari ay isang tanda mula sa Diyos. Mag-ingat kayo; pansinin ninyo iyon. Kita n'yo? Masdan. Bawat espirituwal na pangyayari, ang lahat ng nagaganap ay isang tanda. Hindi tayo narito dahil nagkataon lang. Ang mga bagay na ito ay hindi nagkataon lang. Isa itong tanda. Isa itong tanda upang mabilis na makapag— makapagtago sa ligtas na dako. .

Naging isang tanda si Noe sa kaniyang henerasyon; si Elias naman ay sa kaniyang henerasyon; gayon din si Juan. Kita n'yo? Bawat bagay … Ang Mensahe ng kapanahunan ay isang tanda. Masdan n'yo. Tingnan ninyo kung ano'ng ginagawa nito. Kita n'yo? Isa itong tanda. Ang lahat ay may kahulugan.

Hindi maaaring magkaroon ng ganitong uri ng mensahe sa iba pang panahon. Hindi ito maaaring dumating sa panahon ni Luther, hindi rin sa panahon ni Wesley; hindi ito maaaring dumating maging sa panahon ng mga Pentecostal. Hindi maaari. Kita n'yo? Walang — walang gayong nagaganap. Gayunman, ipinangako iyon sa Biblia. Kita n'yo? Nasa dulo na tayo. Walang maaaring maganap …Sa panahong ito lamang ito maaaring maganap, at ito'y nagaganap upang magsilbing isang tanda, kababalaghan. Ano ba ang isang tanda?

Oh, bayan, kapatid na lalaki, kapatid na babae, sumilong kayo nang mabilis sa Tanda. Kita n'yo? Huwag kayong tatanggap ng pamalit. Huwag, huwag, huwag, huwag ninyo ninyo iyang gagawin. Kita n'yo? Huwag lang ninyong isipin. Manatili kayo hanggang sa matiyak ninyong naipahid na ang Tanda, hanggang sa ang inyong buong — ang pag-iisip na nakay Cristo ay nasa inyo na; hanggang sa mawala na ang lahat ng mga walang kabuluhang bagay ng sanlibutan, hanggang sa maging Siya na ang buong pagnanasa ng puso. Kita n'yo? Kung magkagayon alam mo — kung magkagayon ay alam mong may nangyayari.

Ang sabi ni Jesus, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga sumasampalataya," hindi sa mga kunwa'y sumasampalataya, kundi sa mga sumasampalataya. Kita n'yo? Ngayon, ayaw natin mag—magbakasakali dito. Hindi n'yo dapat ginagawa iyan.

85 Ang Mensahe ng kapanahunan ay isang tanda sa mga iglesia. Isa itong tanda sa mga tao. Huwag …

Na — na — nasasapo ba ninyo? Umaasa akong nasasapo din nila sa tape (Kita n'yo?), at sa iba pang bahagi ng mundo. Kita n'yo? Ang tanda ng oras na ito ay naririto na. May Tandang kailangang maipahid, at hindi ito maaaring dumating sa iba pang panahon.

86 Pansinin ninyo ang paghahanda ng Diyos para sa panahong iyon. Ngayon, tulad ng sabi ng Biblia, lahat ng mga bagay na iyon ay naganap bilang halimbawa sa atin … Pansinin, nang handa nang hatulan ng Diyos ang Egipto, gumawa muna Siya ng paghahanda. Ano ang una Niyang ginawa? (Hindi Niya binabago ang Kaniyang kaparaanan.) Una, nang—nang gumawa Siya ng paghahanda, nagsugo Siya ng isang propetang may dalang mensahe. Ang unang ginawa Niya sa Kaniyang bayan ay ang magsugo ng isang propeta na may dalang mensahe.

Ang sumunod na ginawa Niya, upang ipakilala ang Kaniyang propeta ay nagsugo Siya ng isang Haliging Apoy bilang pagkakakilanlan, upang siyang magpakilala. Ang ikatlong isinugo Niya ay ang tanda. Tamang tama nga. Ang Tanda . . . Ano'ng ibig sabihin ng Tandang iyon? Katiyakan.

Una, ang propeta Niya na may dalang mensahe. Ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili sa kalagitnaan ng — sa pamamagitan ng I — isang Haliging Apoy, na kasama ng Kaniyang propeta. Pagkatapos ay nagsugo Siya ng isang Tanda upang makasilong sa Dugong ito, na Kaniyang tinanggap ang pamalit na kamatayang ito sa halip ninyo; kung magkagayo'y ang Dugo ang Tanda na tiningnan Niya kayo na mga nagsitalima sa mensahe, nagsisampalataya sa Haliging Apoy, at nagsitanggap sa panghalili na ipinagkaloob Niya para sa inyo. At kayo ay nasa silong ng Dugo ng pinaka chemistry ng Buhay na lumabas para sa inyo.

Naku, sak — sakdal na sakdal talaga ang bagay na iyon. Kita n'yo?

87 Ngayon, nasa ilalim na kayo ng Espiritu, sa ilalim ng Espiritu Santo. Kita n'yo, sumasampalataya kayo sa mensahe ng araw na ito. Kita n'yo? Pinaniniwalaan ninyo ang — ang — ang —ang kapangyarihan, ang — ang — ang Haliging Apoy. Pinaniniwalaan ninyo iyon (Kita n'yo?), at totoo nga.

88 Ngayon, ngayon, tingnan n'yo, ang paniwalaan lang ito, ay hindi sapat — ang — ang — ang lumakad sa palidi nito, ay hindi sapat. Kita n'yo? Lalo ka lang mapapasama niyan. "Sapagkat ang nakakaalam ng paggawa ng mabuti at hindi kayang tumupad nito, kasalanan niya itong maituturing." Kita n'yo?

Ang mga guhit-hangganang mananampalatayang iyon … Ipinangusap din iyon ni Jesus sa ika-6 na kabanata ng Hebreo. "Sapagkat hindi maari na ang mga minsan nang naliwanagan at nakabahagi ng Espiritu Santo, at nakalasap ng mabuting Salita ng Diyos, at ng kapangyarihan ng panahong darating, kung lalayo sila sa Diyos, na baguhin silang muli sa pagsisi; yamang kanilang ipinapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Diyos, at inaaring marumi ang Dugo ng tipan, na nagpabanal (doo'y sa pamamagitan ng chemistry) — sa kanila …" Hindi iyon ang Tanda.

Hindi na ang dugo ang tanda ngayon, ang Buhay na ang Tanda.

89 Hindi mkaparoon ang Buhay noon, pagkat isa iyong hayop. Ang chemistry ang Tanda noon. Kakailanganin mo ang litiral na dugo na naipahid sa pinto; nganuti ngayon, ang Espiritu Santo na. Dadako na tayo riyan sa loob lamang ng isang sandali upang mapatunayan natin iyan. Kita n'yo?

Ang Buhay ang Tanda. Naglaho na ang iyong buhay, at patay ka na, at ang buhay mo ay pumanaw na. nakakubili ka na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at naselyuhan na roon sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang kaisipang nakay Cristo ay nasa sa inyo na, at si Cristo, at ang Biblia, at ang Salita ay iisa.

"Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." Kung gayon, ikaw, at ang Salita, at ang Diyos, at si Cristo ay iisa. "At kung kayo'y magsisipanatili sa Akin at ang Salita Ko'y nagsisipanatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong ibigan, at mangyayari sa inyo." Kita n'yo

90 Inilagay Niya ang kapangyarihan sa bibig ni Moises upang lumabas siya roon taglay ang Kaniyang Salita at nangusap Siya: Dumating ang mga palaka. Nagsalita siya: Nag-alisan ang mga palaka. Nagsalita siya: Nagdatingan ang mga kuto. Nagsalita siya: Nag—nag-alisan ang mga kuto. Amen. Ngunit gayunpaman, hiningi ang tanda sa lahat ng Israelita. Hiningan ang buong Israel ng tandang ito, "At kapag nakita Ko ang tanda, lalampasan Ko kayo." Ay naku, naku. Ano'ng laking katiyakan.

91 Ang paglabas ng Israel sa Egipto ay isang tipo ng antetipo sa araw na ito. Ang Egipto ay ang iglesia, ang Israel ay kumakatawan sa Nobya. At kung paanong lumabas ang Israel sa Egipto, ang Nobya ay lalabas din sa iglesia. Kita n'yo? "Pagkat kailangang magkaroon ng isang bagay na lalabasan nito, at kailangan nitong lumabas doon. Kaya kung iyon ang itpo … Ang — ang iglesia ay naroroon sa inyong Tanda. Ni hindi nila ito pinaniniwalaan. Ngunit minahal iyon ng Israel, sapagkat kaligtasan iyon para sa kanila.

Oh. Oh, dapat gawin tayo nitong — gawin ang puso nating ... Oh,

92 ipahid n'yo ito sa iglesia. Hu — huwag na hindi. Hindi ba ninyo ipapahid? Hu — hu — huwag ninyong hayaang lumubog ang araw. Hu — hu — hu — hu — huwag kayong magpahinga araw at gabi. Huwag kayong magbakasakali; hindi maaari iyan, mga anak. Hindi maaari. Kailangan taglayin ninyo ang Tanda. 143 Sasabihin mo, "Naniniwala ako, oo. Nagpupunta ako … Siyanga, naniniwala ako sa mensahe." Mabuti iyon, pero … Ma — mabuti iyan. Ngunit kailangan mong taglayin ang Tanda. Naririnig ba ninyo, Branham Tabernacle? Kailangan ilantad ninyo ang Tanda. Kung wala iyan, lahat ng paniniwala ninyo ay walang kabuluhan. Kita n'yo? Mamuhay ka man ng mabuti; makinig ka man sa sinasabi ng Salita; nagsisimba ka man; sikapin mo mang mamuhay ng tama; mainam iyan, ngunit hindi iyan 'yon.

"Kapag nakita Ko ang Dugo," iyon ang Tanda, at ang Tanda dito ay hindi …

93 Pagkat ang gumawa ... Kailangan niyang makita ang aktuwal na chemistry, sapagkat ang buhay ay lumisan na, lu — lumisan na siya roon. Isa iyong hayop. Ngunit dito ang Sarili Niyang Buhay ang nasa Dugo, at ang chemistry ay isa lamang hudyat, o tanda ng pagpapakabanal. Ngunit ang Buhay Mismo ang Tanda.

Sapagkat kung walang pagtutuli, kung wala ang Tanda, ni wala ka nga sa tipan. Ang kabuuan nito ay nagkakalakip-lakip.

Kung sinasabi mong natuli ka na sa Salita, at Doon lamang, kung gayo'y paniniwalaan mo ang Salita. Kung pinaniniwalaan mo ang Salita, kung gayo'y darating at darating ang Tanda. Sapagkat ang sabi Niya, "Magsisi at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Hayan. Ay, naku.

94 Pansinin, ang paghahanda para sa Kaniyang bayang ukol sa lupang pangako ... Pansinin, kung ano'ng ginagawa Niya. Una, may bayan Siyang pinaghandaan ng lupain. Naghanda Siya ng lupain para sa kanila. At ngayon, nagsugo Siya roon ng paghahanda para dito, para sa bayan ukol sa lupang pangako. Iyon ay para lamang sa mga itinalaga para sa lupang pangako iyon. Tama.

At ganito Niya iyon ginawa, nagsugo Siya ng propeta na may dalang mensahe, na ipinakilala ng Haliging Apoy, at nagbigay Siya ng isang tanda upang makatiyak sila na tama nga Iyon. Tama. Para iyon sa kaaliwan nila.

Ang paglabas ng Israel sa Egipto ay isang tipo. Antetipo ito ng paglabas ng iglesia sa mga denominasyon. Ngayon, hindi lahat ng denominasyon … Ang ibig kong sabihin ay ang Nobya. Kita n'yo? Ang ilang mga tao, may ilang mga independyente na kasingsama rin ng makadenominasyon, magkaminsan ay mas malala pa nga at … ang sinasabi ko ay ang tungkol ipinahid na Tanda. Ang Tanda ay sumasang-ayon sa bawat Salita. Kita n'yo? Dapat, dahil ito ay ang Salita. Ito ang Buhay na nasa Salita. "Ang Aking mga Salita ay pawang espirituwal; ang mga ito ay pawang Buhay," ang sabi ni Jesus. Kita n'yo?

95 Nang pasimulan ni Moises ang kanyang ministeryo sa Israel sa pamamagitan ng dakilang mga tanda (Nakikita ba ninyo?) Dali-daling nagtipon ang Israel sa Goshen mula sa buong Egipto, nagbalik sila sa dakong tinitirhan nila, pagkat alam nilang may napipintong maganap. Oh, napakagandang tipo. "Magsisidalong lahat, Buhat pa sa malayo;" (Tama; narinig na ninyo ang awitin.) "Sa harap ng Hari

magsisikain, pinagpalang manlalakbay! Mamasdan ang banal Niyang mukha, Puspos ng pagmamahal; Pinagpala ng Kaniyang biyaya, Hiyas ng Kaniyang putong.

O, darating na si Jesus, Hirap ay magwawakas. Ano mang sandali Siya'y magbabalik Sa mga sa Kanya'y umibig. O, ligaya nga ba ang hatid, O lungkot at kabiguan? Pag nagpakita ang Panginoon, Sasalubong tayo sa Kaniya."

Ipinapakita ang Tanda. "Babangunin Ko siya huling mga araw." Tiyak nga. Naroroon na tayo sa mga araw na iyon.

96 Nagkatipon ang bayan sa Goshen. Handa na sila. Alam nilang may napipintong maganap. Tulad lang iyon ng … Tingnan ninyo ang mga bibi kapag oras na para magsama-sama sila. Kapag ang mga bubuyog, o alin mang bagay ay naghahanda, may kung anong likas na simbuyo na naglalapit sa kanila sa isa't isa. 151 Hinahatak ng Espiritu Santo ang mga tao.

97 Oh, nang dumating na ang oras para bumuhos ang malaking galit ng Diyos, ang bawat … May darating na dalawang bibi: isang lalaki at isang babae. Heto na ang dalawang gansa: lalaki at babae. Heto na ang dalawang kabayo: lalaki at babae, may kung anong humahatak sa kanila: ang mga itinalaga. Ang lahat ng iba pa ay napahamak. Oh. Lahat ng iba pa sa kanila ay napahamak.

Ngunit ang lahat ng mga nakadama ng haltak na iyon para pumasok, nalaman na nilang handa na ang daong. Tanda na iyon na may ulang darating. Sa kabila ng anumang nakikita at mga iniisip ng ibang tao, tiyak sila; may kung anong bagay sa kanilang kalooban na nagsasabi, "Magsipasok kayo roon nang mabilis. Magsipasok kayo roon. Sapagkat iyon ang tanging dakong magiging ligtas," sapagkat naghanda ang Diyos ng isang propeta. Isinugo Niya ang daong bilang isang tanda. Ang sabi, "Magsipasok kayo roon." At paparating na ang ulan, at nagsipasok sila roon nang dala-dalawa. Lahat ng mga hayop ay nagsipasok nang dala-dalawa sa daong, sapagkat kailangan nilang … Kinailangan nilang … Gaano man ang iba'y … Lahat ng nasa labas ng daong ay napahamak.

98 Lahat ng nasa labas ng tanda ng dugo ay napahamak, ang bawat isa. At ang lahat ng nasa labas ng tanda ng Espiritu Santo ay mapapahamak. Gaano man kabuti, mga miyembro man sila ng iglesia … Maraming ganoon sa panahon ni Noe; maraming ganoon sa panahon ni Moises, ngunit ang taong hindi nagpahid ng dugo bilang tanda ay — napahamak siya.

Ang mga hindi nakapasok sa daong ay napahamak. Ang mga hindi mga makapapasok kay Cristo, sapagkat Siya ang Daong … Ang sabi ng I Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nangabautismuhan tayong lahat sa isang katawan." Ang mythical - hindi ang iglesia, kundi ang mythical— hindi ang mga denominasyon, ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo; "Sa pamamagitan ng isang Espiritu, malaking E-s-p-i-r-i-t-u, Espiritu, tayong lahat ay nailubog sa isang Katawan.

At ang Tanda ay nasa pinto na, sapagkat kayo ay na kay Cristo na, at Siya ang inyong Hain na nagtiis ng kahatulan; at kapag tiningnan iyon ng Diyos, wala Siyang anumang magawa. Sadyang ligtas na ligtas ka, sapagkat ang Diyos at si Cristo ay iisang Persona. Nagkatawang tao ang Espiritu at nanahan sa ating kalagitnaan. At hayun ang Diyos kasama ng Kaniyang Sarili, at kayo, na Kaniyang Sariling mga anak ay napasa Katawang iyon. Hayan. Hindi isang kemikal, kundi ang Espiritu. "Lalampasan Ko kayo."

99 Nagsidating sila mula sa buong Egipto upang magkatipon sa isang lugar na ito nang sa gayon ay makasilong sila sa tandang ito. At nanggaling sila sa Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, Pentecostal, at lahat na, upang makasilong sa Tanda, katulad din noon. Isang Haliging Apoy ang kumatawan sa kanila. At sinabi ng isa sa isa, ang isa naman ay sinabi sa iba pa, at isa'y sa iba pa; at nalaman mo na lang, nagsimula na silang magsidating, at minasdan nila ang tanda ng Diyos. Ang sabi nila, "Ang kahatulan ay nalalapit na."

Pagkatapos ay sinabi ng propeta, "Nakarinig ako mula sa Diyos. Magkakaroon ng isang tanda. At ilagay ninyo ang dugo sa pinto; patayin ninyo ang kordero, ilagay ninyo ang dugo sa pinto. At iyon ay magiging isang tanda, sapagkat ang kamatayan ay napipinto nang dumatal."

100 Hayaan ninyong sabihin ko sa inyo ngayon bilang lingkod Niya, malibang nasa pinto ang Tanda, may espirituwal na kamatayang daratal, at lahat ng mga iglesia ay nagsisibalik na sa - sa Konseho ng - Pandaigdigang Konseho ng - Catolisismo, yaon lamang mga tunay na ipinanganak na muli ang mananatili sa labas.

Alalahanin, hindi kayong mga Pentecostal na mga denominasyon, sapagkat ang mga ito'y naroroon na. ipinapakitang patay na sila. Napahamak na sila. Naghain sila; nagsipagbalik sila; nilabas nila Siya sa pintuan. Ngunit hinahanap Niya ang Tanda. Sapagkat ang tanging sinasandigan nila ay ang pagsasalita ng iba't ibang wika.

Huwag kayong sumandig sa pagsasalita ng iba't ibang wika, o sa ano pa man, ngunit hayaan niyong

ang Tanda Mismo ang maparoon, ang Persona ni Jesus Cristo, ang Sarili Niyang Buhay na nasa iyo. Natuli — hindi lamang ito at iyon, bagkus tuliin ninyo ang buong ninyong pagkatao. Si Cristo ay nananahan sa inyo, at ang Buhay Niya ay naipapamuhay sa pamamagitan ninyo.

101 Ngayon, ngayon, mula sa buong Egipto … At tingnan ninyo, habang nakikita natin ang ginawa nila. Habang nakikita nating dumarating na ang oras, gayundin ang iniutos sa atin. Alam n'yo ba iyon? Masdan ninyo kung ano'ng sinabi ng propeta.

At magbabasa tayo ngayon (kung nais ninyong bumasa) sa ika-10 kabanata ng Hebreo. At kung nais ninyo akong samahang magbasa, nais kong bumasa ngayon dito ng isa o dalawang talata, bago tayo magpatuloy. Hebreo 10, at simulan natin sa ika-26 na talata ng ika-10 kabanata ng Hebreo. Oh, tingnan natin. Siyanga. Opo. Ang … Sa ika-10 kabanata ng Hebreo at sa ika26 na talata. Kita n'yo? Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap … (Tingnan natin, tama ba ang pagkakabasa ko? Oo, tama. Siyanga.) … kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan, Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy na lalamon sa mga kaaway. (Tingnan ninyo.) Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises, sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay namamatay na walang awa: … gaano kayang higpit ng parusa, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon sa yu—yumurak sa Anak ng Dios, at umaring di banal sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kaniya, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya? (Na nagmumula sa dugo …)

102 Ministro, miyembro, mabuting tao, mabait na tao, ano ka man, at alam mong inalis na ng Diyos ang sigarilyo sa iyo … Kababaihan, alam mong inalis na Niya ang short, at — at ang maikling buhok, at lahat na sa iyo. Alam mong Ginawa Niya iyon, ngunit kung ika'y tatalikod, at mang-aalipusta, at aariin mong di banal ang Dugo ng tipan, na siyang nagpabanal sa iyo at naghatid sa iyo hanggang dito …

Tulad ng mga titik, kung nakarating sila hanggang dito sa hangganan ng lupain, tumingin sila at nagsabi, "Buweno, alam kong naririto iyon, ngunit napakalaki ng mga balakid. Para tayong mga tipaklong." Nangamatay sila sa ilang: mga borderline believer.

103 Huwag nawang mangyaring hanggang dito lang kayo umabot, na nagsasabi, "Naniniwala ako sa mensahe." Tuparin ninyo ang mensahe. Pumasok kayo kay Cristo. Sasabihin mo, "Oh, pinaniniwalaan ko bawat salitang sinabi mo, Brother Branham. 166 Mabuti iyan. Ngunit nagpapakita lang iyan na marunong kang bumasa. Tanggapin mo ang mensahe; isapuso mo, na dapat mong taglyain ang Tanda, at ang pinaka Buhay na nakay Cristo noon, ay mapasaiyo. "Kapag nakita Ko iyan, lalampasan Ko kayo."

104 Habang nakikita natin ang dakilang mga tanda ng huling panahon sa araw na ito, nalalaman nating tama nga iyon. Ngayon, tingnan ninyo, napakatagal kong naghintay sa Mensaheng ito para sa inyo (Kita n'yo?), at nakita na ninyo ang mga tanda ng huling panahon. Naipangaral ko na iyon at naipakita ko sa inyo sa pamamagitan ng lahat ng sinabi ni Cristo. Tama ba? Aaminin ninyo. Sa huling panahon, wala na akong nakikitang natitira pa.

Sasabihin mo, "Paano naman ang tatak ng hayop?" Ang mga tumatanggi sa Espiritu Santo ay natatakan na ng hayop. Saka na darating ang parusa. Kita n'yo?

105 Sa Israel, kapag tumunog ang trumpeta sa taon ng Jubileo, bawat taon … Napansin ba ninyong binasa iyon ni Cristo? "Sinugo Niya Ako upang pagalingin ang mga pusong wasak, mangaral ng kaligtasan (at iba pa, kita n'yo?), at ng kaayaayang taon ng Panginoon." Ang iba pang bahagi niyon ay hin — hindi niya binasa; inilapag Niya ang Balumbon, sapagkat iyon ay para sa araw na ito. Kita n'yo? Bahagi lang niyon ang binasa Niya: ang bahaging para sa Kaniyang panahon.

Ngayon, ito ang gagawin Niya sa araw na ito. Ito ang sinabi Niya sa iglesia sa pamamagitan ng Kaniyang pinahirang Espiritu sa araw na ito. Ngayon na ang oras. Ngayon na ang panahon. Tanggapin ninyo ito bayan; tanggapin ninyo.

106 Masdan. Nakikita na natin ang dakilang huling mga panahon, ang mga kumikislap na pulang ilaw sa lahat ng dako; sa kalikasan nakikita nating pinakikislap na rin ng kalikasan ang ilaw. Ang oras ay nalalapit na. Nakikita na natin ito sa iglesia: nagliliwanag na ilaw; nahatulan na siya. Ang oras ay nalalapit na. Nasa sa sanlibutan na Siya. Nakikita natin iyon sa — sa kalangitan, sa karagatan, sa bansa, sa lahat ng dako, sa araw, sa buwan, sa mga bituin, sa mga tanda. Nakikita nating bumalik na ang mga tanda ng Espiritu Santo sa huling panahon sa mga tao.

Tulad ng naganap sa mga kaarawan ni Lot, kung paanong ang Espiritu Santo ay kumilos doon sa pamamagitan ng laman ng taong iyon: ang Diyos

iyon na nahayag sa laman. Kung paanong ipahahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang Nobya sa araw na iyon at magpapakita ng gayon ding tanda. Sinabi ni Jesus, "Magkakagayon din sa huling mga araw." Nakikita na natin ito. Nakikita natin ang siya ring Haliging Apoy. Maging ang Siyensya ay nakakuha ng litrato Nito at iba pa. Nakikita nating ang mga tanda ng huling panahon ay nalalapit na.

Alam nating naririto na iyon.

107 At dahil nakikita natin ito, kung pinaniniwalaan ninyo ako, kung hindi ninyo ako pinaniniwalaan, paniwalaan ninyo ang mga tanda. Paniwalaan ninyo ang Salita, sapagkat nangungusap ang mga ito tungkol sa kung ano'ng sinasabi ko sa inyo.

Kung hindi ako nagsasabi sa inyo ng katotohanan, hindi tutugon ang mga ito. Hindi kailan man tumutugon ang Diyos sa isang kasinungalingan. Ang Diyos ay tumutugon sa katotohanan. At ang mga salitang ito ay nagpapatotoo na nagsasabi ako sa inyo ng katotohanan. Ang mga ito ang nagpapatotoo tungkol sa Mensaheng ipinangaral ko. Hindi lang ang Anghel doon sa ilog nung araw na iyon na nagsabi, "Ang mensahe mo ang maghahanda sa ikalawang pagdating ni Cristo," kundi ang mga gawa mismo … Kung hindi ninyo mapaniwalaan na ang Anghel na iyon ay nagsabi ng katotohanan, paniwalaan ninyo ang mga gawa, sapagkat sinabi ng Biblia na magaganap ang mga bagay na ito sa huling panahon. Ang mga ito ang nagpapatotoo. Higit na malakas ang pangungusap ng mga ito kaysa sa aking mga salita, o sa kanino man. Ito'y Salita Niya. Nangungusap ang mga ito tungkol sa panahon.

108 At nakikita natin ang mga malalaki at nakatatakot na tandang ito sa mga tao, at mga tanda ng panahon na nasa ibabaw ng lupa: kasalatan ng bansa. Nakikita nating nasa kaniyang tinubuang lupa na ang Israel, ang bituin na may anim na tulis, ang tala ni David ay nakawagayway na, ang pinakamatandang watawat sa mundo. Isa na siyang bansa; isa na siyang pamahalaan; may sarili na siyang bayan; kabilang na siya sa Kapisanan ng mga Bansa; siya'y — siya'y …?…siya na ang lahat ng ito; nasa U.N na siya; at may sarili na siyang pananalapi, at lahat na.

Ang sabi ni Jesus, "Hindi lilipas ang lahing ito hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito." At alalahanin ninyo, noong gabing maging isang bansa ang Israel, iyon ang gabi kung kailan nagpakita sa akin ang Anghel ng Panginoon. Tama.

Hayan na tayo.

109 Ang lahat ay ganap na nakaturo sa katotohanan. Hindi ako nagsinungaling sa inyo. Sinabi ko sa inyo ang katotohanan. Pinatotohanan ng Diyos na sinabi ko sa inyo ang katotohanan. Ngayon, alalahanin, ako'y kapatid ninyo; isa akong tao. Kita n'yo? Isa lamang akong tao, tulad ninyong lahat; ngunit kailangang may maghatid nito. Kailangang may magsalita nito. Hindi ako ang pumili nito; Siya ang pumili nito. At

sinabi ko sa inyo ang katotohanan, at nagpatotoo Siya bilang tugon na katotohanan nga iyon.

Kapag nakita natin ang mga bagay na ito sa ibabaw ng lupa sa araw na ito, oh, bayan, ito na ang huling panahon. Magpalukob na kayo sa Tanda, simbilis ng makakaya ninyo, o pumasok na kayo sa Tanda; pumasok na kayo na Tanda.

Habang nakikita nating nalalapit na ang dakilang tanda ng panahon, nagbabadya sa atin: malapit na ang oras …

110 Oh, tanggapin ninyo ito nang taimtim. Dapat tayong magmahalan sa isa't isa. Ay, naku. Dapat maging lubos tayong nagmamahal. Huwag na huwag kayong magsasalita ng masama laban sa isa't isa. Kung makagawa ng kamalian ang sinuman, ipanalangin n'yo siya kaagad. Magkakasama tayo rito sa piling ng Diyos. Magkakapatid tayo. Oh, mamuhay kayo nang makadiyos. Ma — mamuhay kayo tulad sa mga anak na babae ng Diyos. Mamuhay kayo tulad sa mga anak na lalaki ng Diyos. Mamuhay kayo nang magiliw, mabait, mapagpakumbaba. Huwag ninyong hayaang may anumang masamang kaisipan na pumasok sa inyong isipan; bas — basta't iwaksi mo iyon. Kung kakatok iyon, alisin mo iyon, sabihin mo lang — ipakita mo lang ang iyong Tanda. Magpatuloy ka lang sa paglakad. "Nakasilong ako sa Dugo."

111 Alalahanin, maraming mga kababaihan ang dumaan nung gabing iyon, at nagsabi, "Hoy, iha, Lily, kayo riyan, lumabas kayo; pupunta kami sa party ngayong gabi." "Ha, nakasilong ako sa Dugo. Nakasilong ako sa Tanda upang manatili dito. Ang pag-ibig ko ay para sa aking Manlilikha. Nasa lupain na ang kamatayan ngayong gabi."

At nasa lupain na ang kamatayan sa araw na ito. Naghihintay na ang paghuhukom; napipinto na siya. Ang atomika, at mga hydrogen, at lahat ng sakuna ay nakaabang na sa mga bansa. At kinikilos ng Diyos ang Kaniyang iglesia at ipinapakita ang lahat ng … Matagal-tagal na nating inaalagaan ang Kordero, minamasdan, tinitingnan kung ano'ng ginagawa Niya, minamasdan ang Kaniyang katangian at lahat, ngunit ngayon ang Tanda ay kailangan nang maipahid. Kailangan Itong maipahid. Iyon lang. "Maliban na ang isang tao ay ipanganak sa Espiritu at sa tubig, hindi siya makapapasok sa anumang paraan."

Dapat kayong mag-ibigan sa isa't isa. Dapat humiwalay ang mga mananampalataya sa sanlibutan. Huwag nawa ninyo itong balewalain ngayon.

112 At, kayong mga tao na nakikinig sa tape na ito, kayong mga kababaihan kayong mga kalalakihan,

makinig kayo sandali, kung paniniwalaan ninyo ako kailan man, maniwala kayo ngayon. Oras na pa — para tumigil sa pakikipagtalo sa isa't isa. Paniwalaan ninyo ang mensahe ng Biblia. Sampalatayanan ninyo ang Panginoong Jesus Cristo; at ibigin at parangalan, at igalang ninyo ang isa't isa.

Mga kalalakihan igalang ninyo ang inyong mga asawang babae; igalang ninyo ang inyong tahanan. Pagkaisahin ninyo ang inyong sambahayan, sapagkat, alalahanin ninyo, ang Korderong ito ay para sa sambahayanan, hindi lang para sa isa. Ang buong sambayanan ay kailangan ding madala; ang lahat ay kailangang maipasok. Dapat tayong magmahalan sa isa't isa, at ang mga mananampalataya ay dapat humiwalay sa sanlibutan.

113 Pansinin, hindi sila nagsama-sama para lang pag-usapan ang mensahe. Nagsama-sama sila upang ipahid ang dugo, upang ipahid ang tanda. Iyon ang dapat ninyong gawin.

Pastor Neville, at sa kongregasyong ito, sa mga trustee, mga diakuno, sa inyo mga kapatid, oras na para isaisang-tabi natin ang mga kahangalan ng sanlibutang ito, oras na para isaisang-tabi natin lahat ng iba pang mga bagay. Sapat na ang nakita natin ngayon, na tiyak na tiyak na tayo, nakatitiyak na tayo, at ang Tanda ay dapat nang maipahid. Kung wala ito, mapapahamak ka; dapat kang mapahamak. Tanging ito lang. oh, huwag kayong magsama-sama, at magsabi, "Naniniwala ako dito." Sumilong ka rito. Pumasok ka rito. Paano itong isasagawa? Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binabautismuhan tayo sa isang Katawan ni Jesus Cristo. Mananampalataya ang bawat isa nang buong puso ninyo. Kita n'yo? Wala Siyang pananagutan sa sinumang wala sa ilalim nito.

114 Sino ba yung nagsasalita? Short wave na galing sa itaas? Sa speaker, naipasok nila iyon doon? May narinig ako … Short wave, oo nga, oh, I — inihook-up nila … Sa palagay ko'y kumukuha sila … Oh, sa mga kotse, pagpaumanhin ninyo ako. Alam kong may nagsalita, at ang akala ko'y may gustong sabihin sa akin ang kung sino, at hindi nila iyon nakuha (Kita n'yo?), kaya na — gano'n ang sabi ko. At nakita kong lumingon kayo … At may narinig akong tinig, at ang akala ko ay may tumayo para magsabi ng isang bagay at hindi ko alam kung ano iyon. Nga — ngayon salamat.

Ngunit manampalataya kayo. Sumilong kayo rito.

115 Hindi nagsama-sama ang mga Israelita upang sabihin, "Magpunta tayong lahat sa Goshen sa araw na ito. Maglalakbay tayo patungo sa Goshen. Sumakay kayo sa inyong kamelyo, at ang kareta namin ang gagamitin namin, at dadalhin namin ang mga Jones na naririto, at iba pa, at — at ang mga Goldberg, kami ay pupunta sa Goshen. At alam ba ninyo? Magsasalita si Moises sa araw na ito."

Hindi ganoon iyon. Hindi. Hindi po, kapatid. Ang dapat gawin ay ang sumilong sa dugong iyon. Siya nga. Hindi ang pag-usapan ito kundi ang pasukin ito.

Isa sa kanila ang nagsabi, "Alam mo Mr. Goldberg, sa katotohanan ay alam kong totoo iyon." "Mr. Levinski, ano'ng palagay mo roon?"

"Talagang katotohanan iyon. Nakita kong nangusap ang kapangyarihan ng Diyos. Naktia kong naglabasan ang mga palaka sa lupaing iyon. Alam kong nangyari lang iyon nang sabihin niya, at alam kong iyon ang Diyos na si Jehova." Ngayon, mabuting lahat iyan. "Tuli ka ba?" "Opo." "Ma — mananampalataya ka ba?" "Opo."

116 At, nang marinig niyang mangusap si Pastor Moises nung araw na iyon, ang sinabi niya, "Ngunit kailangan mong sumilong sa dugong iyon, sapagkat sinabi ng Diyos na ang dugo ay isang tanda."

Isa iyong tanda. Gaano ka man sumampalataya, o gaano ka man katuli; isa tipan iyon na ibinigay ng Diyos kay Abraham, at iba pa; iyon ang tipan; ngunit kailangan mong sumilong sa dugo. Isa iyong tanda. Sapagkat ang sabi Niya, " Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampas Ako …" Israelita o anuman, denominasyon man o hindi; alin man sa dalawa, kailangan mong sumilong sa Dugo: Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, Undenomination, maging ano ka man, ito'y para sa indibiduwal; kailangan mong sumilong sa Dugo.

Ngayon, huwag n'yo lang itong pag-usapan; tanggapin n'yo ito. Pakinggan n'yo ako; pakingggan n'yo ako; sa Ngalan ng Panginoon, pakinggan n'yo ako. Kita n'yo? Kailangang sumilong ka sa Dugo. Nilinaw ng Diyos, na lahat ng wala sa ilalim ng dugong iyon ay mapapahamak. Maaari ko bang gamitin ang Kaniyang mga Salita? "Lahat ng nasa labas ni Cristo ay mapapahamak."

117 Maaari ko bang gamitin ang Kaniyang mga Salita? "Lahat ng nasa labas ni Cristo ay mapapahamak."

Paano ka ba makapapasok kay Cristo? I Corinto 12: Sa pamamagitan ng isang Espiritu (hindi sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay, ng isang pagsapi, ng isang denominasyon. Iyon ang sinusubukan nilang gawin. Maaari nilang gawin iyon,) — ngunit sa pamamagitan ng isang Espiritu, tayong lahat ay nangabautismuhan sa isang Katawan."

"Anghel man na mula sa langit ang magturo ng iba," ang sabi ni Pablo, "matakwil siya." Iyan ang

mensahe. Pumasok kay Cristo.

Tingnan ninyo, sa bawat taong nasa labas ng tanda, walang pananagutan ang Diyos. At walang pananagutan ang Diyos sa kanino mang tao, malaki o maliit, kilala o di kilala, mayaman o mahirap, bihag o malaya. Lalaki o babae; wala Siyang pananagutan sa kanino mang hindi nakasilong sa Tanda ng tipan. Wala Siyang pananagutan.

118 Sasabihin mo, "Oh, Panginoon, ginawa ko ito; nagpalayas ako ng mga demonyo. Panginoon, ginawa ko ang ganito; na—nangaral ako ng Ebanghelyo." "Lumayo ka sa Akin, ikaw na manggagawa ng katampalasanan. Ni hindi kita nakilala kailan man." Ang Tanda lang ang kinikilala Niya. Naririnig n'yo ba? Magsabi kayo ng Amen. Ngayon, kung gayon, nasa sa inyo na ito.

Siya … Nakaupo ako roon sa kagubatan nung isang araw at ang mga kabataang lalaki, isa sa kanila ay nagsabi, "Dalawang araw na, hindi ka pa …" Hindi pa ako nakababaril ng isa mang squirrel. Ang sabi, "Ano'ng nangyayari?" Kita n'yo? Iyon yon.

119 Wala Siyang kikilalaning anuman maliban sa tipang iyon ng Espiritu Santo. At hindi mo matatanggap ang tipan, malibang maligtas ka, mapabanal, at pagkatapos ay mabautismuhan tungo sa Katawan. Hindi Niya …Maaari kang magkaroon ng panggagaya; maaaring maging maganda ang pakiramdam mo; at ikaw ay naglulundag, at magsalita ng iba't ibang wika, at sumayaw sa Espiritu. Wala iyang anumang kinalaman doon. Pakinggan ninyo ito, sa Panganlan ng Panginoon. Hindi iyon kinikilala ng Diyos. Ginagawa rin iyan ng mga hiteno. Ginagawa rin iyan ng mga mangkukulam.

Sasabihin mo, "Isa akong iskolar. Ginagawa ko ang ganito, ang gayon, at iba pa." Hindi mahalaga sa Kaniya kung gaano ka man karunong. Marunong din ang diablo. Kita n'yo? Ang kinikilala Niya lang ay ang — ang Tanda. Iyon ang mensahe ng kapanahunan. Iyon ang mensahe ng araw na ito. Iyon ang mensahe ng panahong ito. Sa Ngalan ni Jesus Cristo, tanggapin n'yo ito.

120 Hindi isang pamalit, isang bagay na maaaring ipanlinlang ng diablo sa iyo; tulad ng isang huwad na pag-ibig na magpapa-ibig sa kaniya sa ibang babae maliban sa kaniyang asawa; o isang maybahay, maliban sa kaniya — isa sa mga kahiya-hiyang bagay na ito. Hindi iyon tunay na pag-ibig. Iyon ay ang diablo. Gawa niya iyon. Isang bagay iyon na ibinibigay ng diablo bilang pamalit, isang kasiyahang uminom, at maging maganda ang pakiramdam

tungkol dito. Ang sabi, "Nalulungkot ako; lalabas ako at kukuha ako ng isang boteng alak at malilimutan ko ang tungkol dito."

"Kamatayan iyan. Ang Diyos ang iyong kagalakan. Ang Diyos ang iyong Kalakasan. Ang makilala ang mensahe, ang makilala ang katotohanan, iyon ang ating kasapatan. Siya ang lubos nating kasapatan. Nasa Kaniya, lahat ng ating kailangan ay nasa Kaniya. Iyan ang kalakasan natin. Ang tulong ko ay nagmumula sa Panginoon.

Kayong mga Cristiano, sa Kaniya kayo tumingin para sa inyong kagalakas; tumingin kayo sa Kaniya para sa inyong kalakasan; tumingin kayo sa Kaniya para sa inyong kaligayahan; Siya ang aking Kapayapaan; Siya ang aking Kagalakan; Siya ang aking Pag-ibig; Siya ang aking Buhay. Iyan ang tipan, ang Tandang nasa pintuan.

121 Wala Siyang pananagutan sa isang tao; sa isang tao, maging sino ka man, wala Siyang pananagutan sa labas nito. At alalahanin ang buong pamilya ay napagbuklod. Ay, naku. Oh. Alalahanin, maaari mong sabihin, "Buweno, ang tatay ko ay isang mangangaral. Ang kapatid kong lalaki, ang pastor ko, an aking …"

Maaaring totoo rin iyan. Ngunit paano ka naman? A-ha. Alalahanin, ligatas ka lang kapag nalantad na ang tanda. Kung ang isang lalaki ay nasa— nasa silong nito at ang anak niya ay nasa kabilang panig ng kalsada, nanganganib siya. Mapapahamak siya. Ang tatay niya ay maliligtas. O kung ang anak naman ay naririto, at ang ama niya ang naroroon, ang ama niya ang mamamatay. Tanging ang tanda lamang … "Kapag nakita Ko ang tanda, lalampasan Ko kayo." Tanging iyon lamang.

Sasabihin mo, "Buweno, ang anak ko ay isang mangangaral." Ang sabi ng nanay mo, "Nasa akin ang pinakamahusay na anak na lalaki o babae. Sinasabi ko sa iyo, sila ang pinakamabait sa lahat. Pinuspos sila ng Espiritu Santo, at gayon na lang ang pag-ibig nila … Masunurin sila; wala pa akong nakita …" Paano ka naman, mama?

Sasabihin mo, "Ang nanay ko ang pinakamabait sa lahat. Alam kong pagnamatay siya, pupunta siya sa langit, pagkat taglay niya talaga ng Tanda, Brother Branham." Paano ka naman, sis? Ang buong pamilya ay kinakailangang mailagay sa ilalim nito.

122 Pagod na ba kayo? Sandali na lamang at magtatapos na ako. Maaari ko itong putulin at ituloy na lang muli mamayang gabi, ngunit kung — kung nais ninyong maghintay pa nang kaunti, sisikapin kong

magmadali. Nais ko itong isingit, pagkat sa palagay ko ngayon, habang nasa ilalim kayo ng pagkapahid nito, mas makabubuting kunin na natin ito ngayon.

Tanging kung mailalantad lang ang tanda … Pagkatapos ang buong pamilya ay kinakailangang sumilong sa tandang iyon na duog. Tatay, nanay, alam ko ang inyong nararamdaman. May mga anak din ako. Kailangan ko ring makitang ligtas sila.

Nangungusap ako sa sarili ko ngayon. Kita n'yo? May mga kapatid akong lalaki; may mga kapatid akong babae; may mga mahal ako sa buhay. Nais ko rin silang makitang ligtas; ngunit alalahanin, kung walang paglalantad ng Tanda, mapapahamak sila. Walang pagkabuhay na muli para sa kanila. Tama. Napahamak na sila. Tanging kung mailalantad lamang ang Tanda …

123 Tingnan ninyo, si Josue … Sana'y may oras pa tayo upang basahin iyon. Markahan ninyo. Ika-2 kabanata ng Josue, ang sumasampalatayang Hentil na patotot na si Rahab … Oh, sana'y mag-iikasiyam pa lamang. Na — nais kong kunin iyan at ipakita kapatid kung paanong …?…

Ang patotot na ito, na isang hentil … Masdan. Ang buong pamilya niya … Isa siyang mananampalataya; ang buong sambayahan niya ay kinailangang mapasailalim ng pulang lubid na iyon, ng tandang iyon. Kinailangan nilang sumilong doon kung hindi'y mapapahamak sila.

Narinig nila ang galit ng Diyos; narinig nila ang naipapakitang mga tanda at mga himala sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, at kinailangan nila iyong tanggapin; kinailangan niya iyong tanggapin. Paparating na ang mapamuksang anghel ng Diyos. Kilala nila iyon. Si Josue ang anghel na iyon. Nakapila na sila. At nakapila na rin ang bawat bansa sa mundong ito sa kahatulan ng Diyos.

Ang patotot na ito, nakabalita siya, "Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig." Ang sabi niya, "Ang lahat ng mga bansa ay nababagabag tungkol sa inyo." Tama.

124 Ngayon, ang mga titik na isinugo roon upang maghanda, at iba pa, iginalang niya sila. At nag — nais niyang maligtas. Ang sabi niya, "Alam ko na ang Diyos ay Diyos, narinig ko ang mga dakilang bagay na ginawa Niya. Alam ko kung ano'ng Ginawa Niya sa Og, at alam ko kung ano'ng ginawa Niya sa iba't ibang mga bansa. At nakikita ko ang mga tumatanggap sa kaniya ay naliligtas, at ang mga hindi tumatanggap sa Kaniya ay napupuksa, at nais kong mabuhay," ang sabi niya. Ay, naku. Hayan na nga kayo. "Nais kong mabuhay, sapagkat sadya silang …"

125 Pansinin, narinig ng Jerico kung ano'ng ginagawa ng Diyos, ngunit ayaw nilang makinig sa babala. At walang isa mang denominasyon sa buong bansang ito ang hindi nakarinig kung ano'ng ginagawa ng Diyos. Ayaw nilang makinig sa babala. Ang Kaniyang dakilang kapangyarihan at mga tanda ay naipamalas na. Ang ginawa Niya, tumawid Siya sa Dagat na Patay, na para bang tuyong lupa iyon. Siya'y nagbunsod … Lumikha Siya nga mga bagay, at pinalitaw Niya sa hangin ang mga palaka, at mga kuto, at mga pulgas, nilikha Niya ang mga ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng Kaniyang propeta. Hindi iyon lihim. Alam nila iyon.

At ang sabi ni Rahab, "Narinig ko iyon. Ayaw kong mapahamak na kasama ng mga di mananampalatayang ito." Hindi po. Alam niyang kailangang sumunod doon ang paghatol, pagkat nakapila na sila. Alam niya iyon. Kaya gumawa sila ng daan para makatakas siya.

126 Malamang ay naniwala silang kayang labanan ng kanilang malaking denominasyon sa Jerico ang galit ng Diyos. Kita n'yo? Ang malaki nilang denominasyon … Iyon ang iniisip ng marami sa kanila sa araw na ito. "Oh, tiyak na hindi gagawin iyon ng Diyos."

Iyan ang sinabi ni Satanas kay Eva. "Oh, tiyak na hindi gagawin iyon ng Diyos." Gagawin Niya, sapagkat sinabi Niyang gagawin Niya (Kita n'yo?), at Salita Niya iyon. Opo.

"Malibang ipanganak ang tao — at ang mga tandang ito ay lalakip sa mga ipinanganak. (Kita n'yo?) Sa pamamagitan nito ay makikilala ng mga tao na kayo'y Aking mga alagad," at iba pa. Kita n'yo?

Tama, ginusto nilang gawin iyon …

127 Oh, ano'ng nangyari? Ngayon, nasarhan sila. "Walang revival na magaganap dito. Hindi magtataguyod ang denominasyon namin ng ganiyan. Ayaw naming magkaroon ng ganiyang walang saysay na bagay sa aming kalagitnaan. Pinagbabawalan ko ang sinuman sa inyo na dumalo sa gawaing iyon." Jerico, nakapila sa mga isinumpa …

Ngunit malamang may mga tape boy na nakapuslit doon kung saan, para sa mga predestinadong binhi. Pumuslit sila sa kaniyang bahay at nagpatugtog ng nga tape. Ginawa niyang simbahan ang kaniyang bahay upang matanggap ang mga mensahe. (Nasa kanila pa rin ang mga iyon, alam n'yo.) Nakarating pa rin ang mensahe sa predestinadong binhi sa paano mang paraan. Hindi natin alam kung paano ito nakarating doon, ngunit nakarating nga ito roon, upang hindi mapahamak ang matuwid kasama ng di matuwid. Tinitiyak iyon ng Diyos sa araw na ito. Sa kung anong paraan ay nakapupuslit ito. Hindi

nila alam kung paano, bagama't ayaw nila itong itaguyod; ngunit may mga binhi doong nakatalaga.

128 Alam ng sinumangmay nalalaman sa Biblia, na ang patotot na iyon ay nakatalaga. Siyanga. Hindi siya … Ang sabi ng Biblia, "Hindi siya napahamak na kasama ng mga di sumasampalataya."

Tama. Bagkus sinampalatayanan niya ang mensahe ng panahon, at binigyan siya ng tanda ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang mga mensahero; ang sabi, "Kumuha ka ng isang kulay pulang lubid at itali mo sa iyong …" Ang sabi, "Pakatandaan mo, kung hindi mo itatali at iiwan diyan ang lubid na iyan, na siyang ginamit namin sa aming pagtakas, wala kaming pananagutan sa aming sinumpaan." At ang sabi, "Kung wala ka sa silong nito, wala kaming pananagutan." Ay, naku. "Rahab, bawat predestinadong binhing naririto, lumabas kayo roon, at hagilapin n'yo sila. Kunin ninyo ang inyong ama, ang inyong ina, sapagkat kasisilong pa lang namin sa katubusang iyon. Doon sa Egipto, lahat ng hindi natin nailagay sa ilalim ng tanda ay napahamak. Rahab, binibigyan kita ng tanda. Isa itong tanda."

At ganito ring ang sinasabi ko sa Ngalan ng Panginoon. Kung ilalagay ninyo iyang … "Kilala ko ang — ang mensaherong iyon. Kilala ko ang anghel ng kaligtasan, si Josue, ang mapamuksang anghel ng Diyos. Kilala ko siya, at alam niyang kailangang magkaroon ng isang tanda. At isabit mo iyan diyan, tinitiyak ko sa iyo, sumusumpa ako."

Sumumpa rin ang Diyos, na ang wala sa silong nito ay mapapahamak, at lahat ng nasa silong nto ay mabubuhay.

129 Ngayon, ganiyan din ang sumpa sa araw na ito. Kita n'yo? "Hindi Ko kayo hahayaang mapahamak kasama ng mga di sumasampalataya sa mensahe. At sila'y …" Narinig niya ang mga gawang naisagawa, at pinaniwalaan niya iyon.

Ngunit tungkol …Siya'y …Siya at ang kaniyang ama, at marahil ang dalawang kapatid niyang lalakim ang tanging sumampalataya sa buong bayan.

130 Nakikita ba ninyo kung gaano iyon kakaunti? Isa lamang dito at doon. Isang maliit na pamilya ang lalabas sa isang bansa. Tama ba? Tamang-tama nga iyon ngayon, katotohanan ang pinag-uusapan natin.

Ta — tayo'y … Kung — kung gusto mong makita kung ano ang antetipo, kailangan mo munang makita ang tipo. Kailangang makita mo kung ano ang anino, kung magkagayo'y malalaman mo ang magiging anyo ng tunay na bagay. Kita n'yo?

Ang kapangyarihan Niya ay naipakita na: nakasunod na ang paghatol. Kailangan nilang sumampalataya upang maligtas. Opo.

131 At itong mga — may

mga lalaking pumasok doon, ang mga mensaherong ito, at — at nakuha nila ang predestinadong binhing iyon na sumampalataya.

Ginamit niya ang bahay niya bilang simbahan sa pagtanggap niya sa mga mensaherong ito. Hindi nila sila papasukin sa kanilang mga simbahan. Hindi po. Kaya siya'y … Hindi rin nila kayo papapasukin. Paaalisin nila kayo kung magsasalita kayo ng anuman tungkol dito. Siyanga. Kita n'yo?

Kinuha nila lahat ng sasampalataya sa ilalim ng tandasa kaniyang bayan. Iyan nga ang mas makabubuti nating gawin ngayon. Kita n'yo?

132 Nang wasakin ng Diyos ang malaking bayang iyon, pinanatiling ligtas ng tanda ang kaniyang bahay. Sa ano? Ang tanda ay nasa kaniyang tanda, o ang tanda pala ay nasa kaniyang bahay. Nang gumuho ang lahat ng iba pang bahagi ng bayan … Ano iyon? Ano iyon?

Si Josue, na mensahero ng Diyos … Kinilala Mismo ng Diyos ang mensahe ng Kaniyang mensahero, at nang ang lahat ng iba pang bahagi ng bayan ay gumuho sa lupa, naroon pa rin sa pinto ang pulang tanda ni Rahab, at lahat ng iba ay nangawala na.

At, tuloy-tuloy na sumulong ang mga mamumuksang anghel, at ipinahamak ang lahat ng nasa loob ng bayan. Walang isa mang pirasong kasangkapan ang natira. May isang lumabas dala ang isang pirasong kasangkapan, at napahamak siyang kasama nito, mula sa denominasyong iyon. Kinuha ang kabuuan nito at winasak ito. Masumpa ang taong susubok na magtayo nitong muli. Ang panganay niya ay mamamatay kapag sinimulan niya, at iba pa. Sinumpa iyon ng Diyos, nang gayon. Ang malaking bagay na nagtakwil sa — sa mensahe ng biyaya at habag, inakala nilang tiyak na ang kaligtasan nila …

133 Maraming mga tao ang nag-aakala ngayon, "Dahil kabilang ako sa iglesia, tiyak na ang kaligtasan ko." Huwag ninyong paniwalaan ang ganiyang walang saysay na bagay, samantalang ang Dugo ang magiging tanda sa inyo.

Ang Espiritu na ngayon ang Tanda sa inyo, ang Buhay na nasa Dugo.

134 Gayon din … Isipin lang ninyo iyon … Ang kaparehong tanda na ginamit nila doon sa Egipto, ang kaparehong buhay na tanda, na naroon sa Egipto — na nasa Egipto, ay siya ring ginamit na simbulo ng Diyos doon.

Si Josue, isang ganap na tipo ni Jesus, ay naging tapat sa tanda, na ipinangaral ng kaniyang mga mensahero. Si Josue, nang sabihin niya iyon ang sabi, "Huwag ninyong sasalingin ang bahay na iyon o anumang bagay na naroroon. Nakalaan iyon sa Panginoon." Amen.

Isang Hentil, isang patotot, babaeng-kalye, ngunit nakarinig siya at sumampalataya, ipinahid niya ang tanda.

Gaano man ang pagkakasadlak ninyo sa kasalanan, anuman ang nagawa ninyo; wala iyang anumang kinalaman dito. Ipahid mo ang Tanda. Ito'y para sa iyo. Kung may nararamdaman kang humahaltak sa iyong puso, ito'y para sa iyo; ipahid mo ang Tanda.

At ang dakilang Jo

135 ang salitang "Josue" ay nangangahulugang Jehovang Tagapagligtas. Gayon din naman ang "Jesus" ay nangangahulugang "isang Tagapagligtas." At si Josue, nang malaman niyang ang mga men — mensahero niya ay nakabalik na at nagsabi, "Sinunod ko ang iyong mga utos."

At may isang babae kaming nakita … (Nang patugtugin namin ang tape, alam mo na.) Nakakita kami ng isang babaeng sumasampalataya, at sinabi namin sa kaniya na lahat ng sisilong sa pulang tandang iyon na naroon, ang tanda mangangahulugan iyon … Ngayon, ipinangaral ko iyon. Kikilalanin mo ba iyon, "Josue?" "Isinugo kita para gawin iyon." Amen. At nang iyon … kinilala iyon ng Diyos. Hindi gumuho ang bahay.

At pagkatapos, nang magtindig doon si Josue at magbigay ng hudyat upang wasakin na ang kabuuan nito — tuloy-tuloy silang sumulong, at si Rahab sampu ng kaniyang mga kamag-anak ay naroroon mismo — at pati na ng lahat ng pag-aari nila. Amen. Amen. Lahat ng pag-aari nila ay ligtas sa loob ng bahay. Tumayo lang sila roon, at hindi nila kailangang dumungaw sa bintana. Magagawa nilang magbasa ng Kasulatan habang nagaganap ang pakikipagbaka.

At nagbalik siya ay at napanga—niligawan ng heneral ng hukbong sandatahan, at naitaas, at nagpunta sa Bethlehem, at ang bahagi niya ay nailaan sa kanila roon. At nagsilang siya ng isang — nagsilang siya ng isang kilalang anak na lalaki, at ang kilalang anak na lalaking iyon ay nagsilang din ng isa pang kilalang anak na lalaki, at ang kilalang anak na iyon ay nagsilang ng isa pa, hanggang sa dumating ang dakilang Kilalang Anak na lalaki. Dumaan ito sa pababa kay Obed, at hanggang kay …ah… Jesse, at hanggang kay David. Tama. Ang patotot na si Rahab, dahil naniwala Siya sa mensahero, ipinahid niya ang tanda, at naligtas ang sambahayan niya, kung hindi ay napahamak na sana siya roon sa kinaroonan niya noon.

136 Makinig kayong maigi ngayon. Oh, ibig mong sabihin, kinilala niya iyon? Lahat ng nasa silong Niyon ay naligtas sa Egipto. Lahat ng nasa silong Niyon ay naligtas sa Jerico. Lahat ng nasa silong Niyon ay maliligatas sa araw na ito. Ang korderong gapos ng dugo, ang duguang kordero ay isang tipo ni Jesus Cristo.

Sa Hebreo 13:10 … Wala na akong oras para basahin ito. Isulat ninyo. Babasahin ko sana iyon. Tinatawag iyong "Walang Hanggang Tipan." Opo. Walang Hanggang Tipan …

Bakit hindi iyon tinawag na eternal na itpan? Dahil hindi iyon magiging eternal. Kapag natubos na tayo, tapos na iyon. "Walang Hanggan" (everlasting) iyon na nangangahulugang "isang sukat ng panahon, hanggang sa pagtatapos nito." Hindi na magkakaroon ng iba pa. kapag naubos na ang panahon, hindi na natin kakailanganin ang anumang tipan; ngunit hangga't hindi pa nauubos ang panahon, kailangan pa natin ang tipan.

137 Ngayon, alalahanin, Hebreo 13:10-20, isang walang hanggang tipan … Ang pangako ng Diyos na natatali ng Dugo ay nagpapalaya sa atn sa kasalanan. Amen. Walang anumang kasalanan sa kanila. Ang kasalanan, ang sarili, ang laman ay sumasamba sa Kaniya, at nagpapamalas ng Kaniyang ipinangakong kapangyarihan. Ang mga tao ng tipan ng Diyos na nanatili ng Dugo at natatali ng Tanda, ay may taglay na Espiritu ni Jesus Cristo dito sa loob na, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawaing ginagawa Ko, ay gagawin din naman niya."

Inilalantad ang tipan … Kita n'yo? Ang Bagong Testamento … Ang kahulugan ng "testamento" ay "tipan". Tama. Hindi ba Dr.Vayle? Ang kahulugan ng testamento ay tipan. Ang kahulugan ng Bagong Testamento ay Bagong Tipan: Ang Lumang Testamento ay ang … Sa ilalim ng kordero, hindi magawang bumalik ng buhay sa mananampalataya. Ang Bagong Testamento ay ang Kordero ng Diyos, at ang Buhay Niya ay nagbabalik sa atin.

Ang Buhay ng Dugo. Kita n'yo? Ang Dugo au Buhay sa Bagong Tipan. Kita n'yo? Ang Buhay ay galing sa Dugo ng Kordero, na siyang kahulugan ng Bagong Testamento, bagong tipan, na ang Diyos … "Pagkatapos ng mga araw na iyon, ay isusulat Ko ang Aking kautusan sa mga tapiyas ng dugo ng kordero, na taglay ninyo noon — ang sabi, "Oo nga, taglay ko ang dugo dito. Ngayon, ano ang sinasabi nitong dapat nating gawin?" Kita n'yo, kita n'yo? Kundi sa tapiyas ng inyong puso. Kita n'yo? "Makikipagtipan ako ng tipan ng Espiritu sa mga tao."

138 At ipinapakita nito ang Kaniyang kapangyarihan. Ang sabi ni Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya." Ang Bagong Testamento ay bagong tipan, bagong buhay. Ipinapakita nitong natugunan ni Jesus ang bawat kahilingan ng Diyos sa atin upang muli tayong maging mga tunay na anak na lalaki at babae ng Diyos, sa ilalim ng Dugo kung saan ay wala nang pahatol.

Roma 8:1, "Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay (hindi sa mga naniniwala), kundi sa mga na kay Cristo Jesus, na hindi nagsisilakad ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu." "At ang Salita Ko ay Espiritu at Buhay?" Oh, di nga ba't maaari akong kumuha ng teksto riyan at magpatuloy nang mga dalawang oras pa, ngunit bibilisan nalang natin. Kita n'yo?

Wala nang pagahatol; malaya na sa kasalanan; malaya na sa mga alalahanin ng sanlibutan. Wala nang pagha … Bakit? Sa kanila na nabautismuhan ng Espiritu patungo sa isang Katawan, doon ay naipahid na ang Dugo ng Kordero. Tinanggap na kayo ng Diyos ng Kalangitan. At ang iyong … Ang Buhay Niya ay nasa sa inyo na, at kayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos.

Ang ugali mo ay ugali na ng Diyos. Ano nga ba iyon? Isang taong lalampa-lampa? Hindi po. Ang Diyos ay Diyos ng kahatulan. Siya'y Diyos ng pagtutuwid. Kailagan nitong humanay. Wala nang iba pang maaaring gumana. Ganiyan ang pag-uugali mo, sapagkat kasing ugali mo ang iyong ama. Kita n'yo?

139 Masdan.

Ang buhay — ano iyon — ang buhay ay kinitil para sa dugo. Kita n'yo? Ang buhay mismo ay kinitil, kita n'yo. Ang dugo ay ipinahid, at hindi magawang bumalik ng buhay noon, sapagkat dugo iyon ng hayop, hindi buhay ng … Ngunit, kita n'yo, sa halip na tao, iyon ay isang super, super, super tao. Kita n'yo, kita n'yo? At dahil doon, ang tao ngayon ay nagiging, hindi lamang tao, kundi anak na lalaki at babae ng Diyos, ng super, super, super, super, super Buhay na noon ay nasa Kaniya na bumalik sa inyo at bumabago sa inyo mula sa pagiging makasalanan at sa mga bagay ng sanlibutan, sa pagiging miyembro ng simbahan, at dumadalo sa denominasyon, patungo sa pagiging isang isinilang na muling Cristiano, puspos ng Espritu, at ang Buhay ng Diyos ay sadyang dumadaloy sa inyo tulad sa mga kislap ng apoy na nagmumula sa palihan. Habang lumalakad kayong puspos ng kabutihan, at pag-ibig, at kahinahunan, at ang Espiritu Santo ay kumikilos, nangungusap. Ay naku. Hayan na nga kayo.

At kalakip ng ano? Ng pakikinig ng mensahe, pagmamasid sa Haliging Apoy, at ng pinagpalang katiyakan: "Lumipat na ako mula sa kamatayan patungo sa Buhay." Hindi … Kaya wala nang anumang paghatol pa.

140 "Kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, kung gayo'y matatanggap natin ang ating hinihiling." Kita n'yo?

Alam natin — ngunit kung ang kasalanan ay nasa ating puso, kung gayo'y hinahatulan tayo nito; ma — mabuti pa sigurong hindi na tayo mag-umpisa,

kita n'yo? Kailangang makalaya kayo sa kasalanan, at ang tanging paraan upang makalaya tayo sa kasalanan, ay ang pumasok sa Kanya. Ang tanging maaaring ipangtakip sa kasalanan, ay si Cristo.

Alalahanin, ang dugo ng tipan, ang dugo ng tipan ay hindi kinikilala kung wala ang Tanda. Kita n'yo? Hindi ninyo magagawa, hindi kayo … Sasabihin mo, "Pi — pinabanal na ako sa mga bagay-bagay." Hindi iyon ang Tanda. Ang Espiritu ang Tanda, ang Espiritu ang Tanda, ang Espiritu ni Cristo na lumulukob sa inyo; sampalatayanan ninyo ito.

141 Ngayon, tingnan ninyo. Tinitiyak sa atin ng Salita ang pangako. Lahat ng mga ito ay teksto na sinulat ko dito. Para bang buong maghapon akong mangangaral, (Kita n'yo?) tungkol dito. "kita n'yo? Tinitiyak sa atin ng Salita ang pangako, sapagkat Ito ang Pangako. Ang Salita ang Pangako, at ang Salita ay Diyos, at ang Salita ay — ay sa atin. At tayo'y nagiging Salita, at ang Salita ay nagiging tayo. At "Kung kayo'y mananatili sa Aking at ang Salita Ko ay sa inyo …" kung magkagayo'y nagiging isa itong napakalaking pamilya. Kita n'yo? Nagbibigay ito ng katiyakan sa atin, sapagkat bakit? Aba, bahagi natin iyon. Kita n'yo, kita n'yo, kita n'yo? (Napakagandang teksto. Tama.), tinitiyak sa atin ang pangako.

142 Ang tanda ay isang palatandaan na ang pagbili ay naisagawa na at natanggap na. ngayon, hindi mo makukuha ang token na pamasahe sa tren, hanggang sa mabayaran mo ang kaukulang halaga. At ang tanging paraan upang mabayaran mo ang halaga … Basta't bayaran mo lang. Tama. Ano?

Sampalatayanan mo; tanggapin mo.

Ang lubos na pagsunod sa Salita ng Diyos ang magbibigay sa iyo ng karapatan sa Tanda. Lubos na pagsunod, hindi sa bahagi lamang Nito, hanggang sa naaabot ng iyong denominasyon, bagkus ay ang kabuuan Nito. Ang lubos na pagsunod sa Salita, na si Cristo, ang nagdadala sa iyo papasok kay Cristo.

143 Ngayon, ano kaya kung ikaw ay nakapasok na ngunit nasa labas pa ang iyong mga paa? Kita n'yo, kita n'yo? Ano kaya kung nakapasok ka na ngunit nakalabas pa ang iyong mga kamay? Halos lahat ay nakapasok na ngunit nasa labas pa rin ang puso mo? Kita n'yo, kita n'yo? Nasa sanlibutan pa rin ang puso. Kita n'yo? Ngunit hindi ganiyan ang ginagawa natin. Ang lubos, ganap na pagsunod ay nagpapaging-isa sa iyo sa Salita. Sinasampalatayanan mo Ito nang lubusan at ang lahat ng Ito ay nasa iyo, at namamalas mo itong gumagawa sa pamamagitan mo.

Hindi ka lumilibot nang nagwawala. Kita n'yo? Isa kang Cristiano. Kahit ano pa ang sabihin ng iba, hindi ka nila magagalaw; nakay Cristo ka na.

Ligtas ka na. kapag kumatok sa pinto ang kamatayan, hindi ka na nito kayang hawakan (Kita n'yo?), hindi talaga. Bakit? Ito'y isa lamang paghakbang palabas sa dakong ito upang pumasok sa dakong iyon.

144 Hindi mahalaga ang edad. Nakalampas ka na sa edad; ika'y nasa Walang Hanggan na; 'pagkat nasa Kaniya ka na. Siya'y Walang Hanggan. Hindi mahalaga kung ikaw man ay bata pa, matanda na, nasa gitnang gulang, o ano ka man. Maganda, pangit, pandak, mataba, anuman, ay hindi mahalaga. Hindi ito …

Hindi ka nagpapagala-gala, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Nalampasan mo na iyon. Ika'y patay na. ang buhay mo'y nakakubli na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Sinelyuhan ka na roon ng Espiritu Santo, lumalakad kay Cristo. Ang tanging nakikita mo ay si Cristo. Iyon lang. Iyon lang ang nais mo. Ay naku.

Di katakatakang dati nating inaawit ang awiting: Puspusin ako ng pag-ibig, Habang narito sa iyong piling; Aawit, ngingiti, nang buong luwalhati, Puspus- …

145 Hayaan ninyong maging kapatid ninyo ako. Hayaan ninyong ipamuhay ko ang halimbawa, kung ano'ng sinasabi ni Cristo na nararapat sa isang tao. Hayaan ninyong maging isa akong kapatid na lalaki sa isang kapatid na lalaki, isang kapatid na lalaki sa isang kapatid na babae. Hayaan ninyo akong maging I — isang ministro sa mga ministro. Hayaan ninyong maging halimbawa ako ng mga halimbawa. Hayaan ninyong ipakita ko sa sanlibutan na ang Salitang ito ay si Cristo. Ang tanging paraan para magawa ko iyon ay ang pumasok ako sa Kaniya, pagkat hindi ko iyon kayang gawin mag-isa; hinidi mo kayang gawin iyon; ngunit hayaan mong maging isa kayo ng Salita; kung magkagayo'y ipamumuhay Nito ang Sarili Nito. Isa kang naglalakad na sulat ni Jesus Cristo kapag nagkaroon Siya ng lubos na pama — ganap na pamamahala sa iyo upang ang bawat Salita ay gawing … Kung dumating Siya nang ganito, "Nais kong gawin ang ganito," at pagkatapos ay sasabihin mo, "Hindi, hindi, hindi ako naniniwala riyan." Kita mo, wala ka pa sa Salita. Kita n'yo? Ang lubos …

146 Ngayon, masdan ninyo nang husto ngayon. Ang lubusang pagsunod sa Salita ng Diyos ang nagbibigay sa atin ng karapatan sa Tanda. At kapag na — nanalangin tayo, kailangang taglay natin ang Tanda upang maiharap natin Itong kalakip ng ating panalangin. Kung sinasabi mo, "Dumadalangin ako ng

Panginoon, ngunit hindi ko pa naman talaga…" Buweno, hayan ka na nga. Mas mabuti pang huminto ka na lang. kita n'yo? Pumasok ka muna at kilalanin at kunin mo ang Tanda (Kita n'yo?), pagkat ang Tandang iyon ang Kaniyang kikilalanin. Kita n'yo? Opo. Kapag nananalangin tayo, kailangan nating iharap ang Tanda: "Panginoon, susundin kita ng lubusan. Pinagsisisihan ko ang aking mga kasalanan. Nadarama kong pinatawad Mo na ako. Nabautismuhan na ako sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang Espiritu ay nasa sa akin na. ngayon, mayroon akong pangangailangan para sa Iyong kaluwalhatian. Panginoon, hinihiling ko iyon. Inaangkin ko na iyon ngayon."

Kapag nagkagayo'y may isang bagay na aangkla roon. Whew-whew [Sumipol si Brother Branham — Ed.] Angkinin mo na iyon. Kaya't tapos na iyon; tapos na iyon at lutas na. "Hinihiling ko ang ganito. Hinihiling ko ito. Kailangang mapasaakin ito. (Kita n'yo, kita n'yo?) Na—nais kong makamit iyon para sa kaluwalhatian Mo." Kita n'yo? Ngayon, pakinggan n'yo. Kung gayo'y sadyang ibibigay Niya sa iyo. Kung magkagayo'y sa iyo na nga iyon. Gayon din sa ating mga anak, at iba pa; ipinapahid natin ang Dugo. Sinasampalatayanan natin iyon. Iyon lang.

Tama,

147 ano'ng gagawin Niya pagkatapos? Kapag na—naiharap mo na ang Tanda kalakip ng iyong panalangin, ipinapakita nitong lubos mo nang kasunod ang buong Salita ng Diyos. Kapag taglay mo na ang Tanda, ipinapakita nitong sinunod mo na ang bawat Salita; kung gayo'y ikaw at ang Salita ay iisa na. ang hinihiling mo ay kung ano ka.

Kung magkagayo'y, aba, alam mo na. kung sasabihin ko dito, "Kamay, sundin mo ako. Abutin mo ang panyong iyon." Gagawin niya iyon, kita n'yo? Susundin ako ng kamay ko. Bakit? Bahagi ko ito. Kita n'yo? At kapag ikaw at ang Salita ay naging isa na, bawat pangako ay …Luwalhati sa Diyos. Ang bawat pangako ay sa iyo. Sinusunod ka nito. Kita n'yo? Kung gayon nais mong mag-ingat sa gusto mong gawin. 268 Hindi mo ilalagay ang kamay mo sa apoy para sabihin, "Gawin mo ito." Oh, hindi, hindi. Kita n'yo? Ngunit kung may isang bagay na naroroon sa apoy na iyon na kailangan kong abutin, susunod iyon sa akin. Tama. Kita n'yo? Nais mong mag-ingat sa gagawin mo.

Iyan ang dahilan kung bakit ang Espiritu Santo ay maingat na ibinibigay at iba pa. alam ninyo kung ano'ng ibig kong sabihin. Sapagkat ang ilang … hindi mo gustong … Ngunit ang isang tunay na lingkod ng Diyos, hindi niya ito ipinagyayabang. Nakikita ba ninyo? Iyon ay — isa iyong palabas.

Kapag nanalangin tayo, inihaharap natin ang Tanda; nagpapakita ito na lubusan na tayong nakasunod.

148 Sinasabi sa atin ni Pablo na ang dugo ay nagsasalita. Na … Alam ng sinuman na ang dugo mismo, sa katunayan, ay hindi nakapagsasalita. Ito'y isang chemistry. Tama ba iyon? Ilan ba sa inyo ang nakaalam nito? Ngunit ilan ba ang may alam nito? Ngunit ilan ba ang nakaalam na ang na ang dugo ay nagsasalita? Kung nais ninyong isulat: Genesis 4:10, ang sabi ng Diyos, "Paano naman ang iyong kapatid?" Ang sabi, "Ang dugo niya ay dumadaing mula sa lupa laban sa iyo." Amen. Tama ba? Ang dugo niya ay nagsasalita. Aleluia. Ang sabi ng Diyos, "Paano naman siya?"

Ang sabi niya, "Hindi ako taga-ingat ng aking kapatid." Ang sabi Niya, "Dumadaing ang kaniyang dugo. Dumadaing ang kaniyang dugo." Isa iyong tanda. Isa iyong tanda na pinaslang siya. Dumadaing ang dugo niya laban sa kaniya.

149 Ngayon kung makukuha ninyo iyon sa Genesis 4:10, pagkatapos ay sa Hebreo 10 … Ang sabi ng 12:4, "Ang dugo ni Jesus ay nangungusap ng lalong mabuting bagay kaysa sa dugo ni Abel."

Kita n'yo, si Abel, isa siyang matuwid na tao. Namatay siya; namatay siya nang walang sala sapagkat nasa daan siya. Siya noon ay nasa daan, naninindigan sa tunay na kapahayagang taglay niya. Nangusap siya; dumaing iyon; ang matuwid na dugo ni Abel ay dumaing laban kay Cain. Ngunit ang Dugo ni Jesus Cristo ay hindi lamang dumaing, Ito'y tumubos. Amen. Nangungusap Ito ng lalong mabubuting bagay. Ginagawa kayo Nitong mga anak na lalaki at babae. Itinatago kayo Nito sa galit ng Diyos. Kita 'yo, hindi magawang itago ng dugo ni Abel si Cain (Kita n'yo?), ngunit magagawa ng Dugo ni Jesus. Amen.

Kaya Cain lumabas ka na ngayon. Kung naging isa kang tagausig ng Salita, at ang sabi mo, "Lipas na ang mga araw ng himala. At ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang walang kabuluhan, at ang mga bagay …" Ito'y sumisigaw. Kita n'yo? Ang Dugo ni Jesus Cristo ay sumisigaw, na mayroong kapatawaran Dito, kung tatanggapin mo lang. Sana puwede tayong magtagal nang kaunti tungkol diyan (Kita n'yo?): ang Dugo ay nagsasalita ng lalong mabubuting bagay.

150 Magsitakas kayo't nang maligtas kayo; pagkatapos ay ipahid ninyo, kita ninyo? Sumampalataya kayo para … Ito ang dahilan kung bakit nais mong sumapalataya. Kita n'yo? Hangad mo ang sarili mong kaligtasan. Sumampalataya ka para sa iyong kaligtasan, at pagkatapos ay ipahid mo ang Tanda para sa buong sambahayan. Kita n'yo?

Sasabihin mo, "Paano kong magagawa iyon?" Angkinin mo ito. Kung gumana ito sa iyo, kung gayo'y ikaw at ang Salita ay naging isa na. amen. Amen. Kita n'yo, ito'y … Kita n'yo, gumagana ito sa inyong dalawa. Ikaw at ang Salita ay iisa. Kung gayo'y ipahid mo ito sa inyong mga anak. Ipahid mo sa iyong mga mahal sa buhay tulad ng ginawa ni Rahab. Ginamit niya ang tanda sa kaniyang ama; ginamit niya iyon sa kaniyang mga kapatid na lalaki, at ipinasok niya silang lahat. Ipahid mo ito. Sabihin mo, "Panginoon, hahabulin ko ang aking anak na lalaki. Hahabulin ko ang aking anak na babae. Inaangkin ko ang aking Tanda." Ang Espiritu Santo … "Oh, Espiritu Santo na nananahan sa akin, hulihin mo ang anak kong babae. Pupuntahan ko na siya ngayon taglay ang pagkapahid Mo." Gagawin niya ito. Amen.

151 Iyon ang ginawa nila sa Egipto. Iyon ang ginawa nila sa Jerico. Kung gusto ninyong bumasa ng isa pa, Mga Gawa 16:31. Sinabi ni Pablo sa senturion, "Sumampalataya ka; ako ang mensahero ng panahon. Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas." Tama ba iyon? Sumampalataya para sa iyong samabahayan. Dalhin mo silang lahat sa silong Nito. "Ngayon, nakita mo nang gumawa ng himala ang Diyos ng kalangitan, bago ang paghuhukom. Sinampalatayanan mo ito." "Oo, ano'ng maaari kong gawin?" Ang sabi niya, "Tumayo ka't magpabautismo."

Inilabas siya ni Pablo at binautismuhan, ang sabi, "Ngayon, sumampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas." Sampalatayanan ang ano? Sampalatayanan ang Panginoong Jesus Cristo para sa iyong sambahayan. Ipahid mo ang Tanda sa iyong sambahayan. Pagkatapos ano'ng gagawin mo kapag ipinahid mo na ito sa iyong sambahayan? Ilabas mo ang lahat ng

basura. Ilabas mo ang lahat ng mga maiiksing palda, at mga short, at mga baraha, at mga sigarilyo, at mga telebisyon, at kung ano pa man, at sipain mo ang mga ito palabas ng pintuan. Kung ipapahid mo ang Tanda, hindi ka mananakimik tungkol sa mga ito. Opo. Ilabas mo ang lahat ng ito. Lahat ng mga party at rock-and-roll, at mga lumang diaryong mahahalay, at ang mga bagay ng sanlibutan, sipain mo ito palabas ng pintuan. Sabihin mo, "Nililinis namin ang lugar na ito."

152 Tulad ng ginawa ni Jacob. Ang sabi niya — sinabi niya sa kaniyang asawa at sa lahat sa kanila, ang sabi, "Labhan ninyo ang inyong mga damit at lahat. Alisin ninyo ang mga diyus-diyosan." Amen.

Alam ninyo kung ano'ng sinabi ni Josue bago tumawid? Ang sabi niya, "Labhan ninyo ang inyong mga damit, huwag kayong sisiping sa inyong mga asawang babae, at iba pa, at maghanda kayo. Sapagkat sa loob ng tatlong araw tatawid na tayo sa Jordan." Amen. Naghahanda na siya noon. Ipinapahid nila ang tanda. Amen. Iyon na nga yon.

Maghanda kayo. Ipahid ninyo iyon. Sampalatayanan ninyo. Hayaan ninyong makita iyon sa inyo ng inyong mga anak, ng inyong pamilya, ng inyong mga mahal sa buhay. Tama. Ito'y magkakabisa. Opo. 279 Pagkatapos ay ipahid ninyo ang Tanda sa panalangin na may ka — ka — kalakip na pagsasaalang-alang, kalakip na paniniwala. Ipahid ninyo iyon kalakip ang malaking pag-ibig at iba pa, alam mong i — ito'y magaganap. Iyon lang. ipahid ninyo iyon nang may pagtitiwala, sumasampalatayang makakatulong ito. Kapag nakipag-usap kayo sa batang iyon, kapag nakipagusap kayo sa inyong asawang lalaki, sa inyong maybahay, sa inyong mahal sa buhay, sampalatayanan ninyong ito'y makakatulong, at tumayo kayo roon at sabihin n'yo, "Panginoon, inaangkin ko na sila; sa akin na sila. Kukunin ko sila para sa Iyo, Panginoon."

153 Ipahid ninyo iyon, likhain ninyo ang kapaligirang iyon sa palibot n'yo, nang sa gayo'y makapasok sila roon. Kita n'yo? Oh, ikaw ay — ikaw ay — kung taglay mo ang Tanda, lumikha ka sa palibot mo ng espiritu ng kapangyarihan, na sa iyong pamumuhay, nalalaman ng mga tao na ikaw ay isang Cristiano. Gustung-gusto nilang pagsabihan mo sila. Naniniwala sila sa iyong salita; nanghahawakan sila sa sinasabi mo. Kita n'yo? Iyon na nga yon. Ipahid mo ang Tanda; pagkatapos ay lumakad kang taglay ito. Angkinin mo ang iyong sambahayan. Kailangang gawin mo na ngayon. Gabi na.

Ngayon, matagal na kayong nakikinig; ngayon oras na ito ng gabi. Panahon na ng pagpapahid ngayon. Ang galit ay hahampas isa sa mga araw na ito; maaaring masyado nang huli pagdating ng sandaling iyon. Kita n'yo, kita n'yo? Ipahid ninyo ang Tanda nang may pagtitiwala.

154 Kung nais ninyong basahin iyon, basahin ang isang bagay dito, ang Kasulatang kong isinulat dito, ay basahin ninyo ang Efeso 2:12, at kung— kung nais ninyong isulat. Pansinin sa Efeso 2:12, kapag binasa ninyo ito, sinabi nito na hindi tayo naglilingkod sa mga gawang patay, bagkus naglilingkod tayo sa Diyos na buhay, na may mga gawang buhay. Amen.

Ay, naku. Na may mga gawang buhay, mga tandang buhay … naniniwala ba kayo sa mga tandang buhay? Isulat din ninyo ang Hebreo 9:11-14, kung gusto ninyong isulat. Mga buhay na tanda, mga buhay na gawa, gamitin ninyo iyan. Hindi mga patay na kredo. Dadalhin ko ang anak ko sa simbahan, at titiyakin kong sasapi siya sa iglesia."

May isang kabataang lalaking Cristiano dito, isang matalik na kaibigan, noon pa'y malapit na sa akin, isang mabuting tao, nag — nagpunta siya rito, nabautsimuhan. Ang sabi ng nanay niya, "Sana nagpunta ka na lang sa mas malaking iglesia, kung gusto mo rin lang magpabautismo." Kita n'yo, kita n'yo? Sadyang hindi niya lang gusto ang patay na mga kredo at iba pang mga bagay. Kita n'yo?

155 Hindi tayo naglilingkod sa mga patay na kredo at mga patay na diyos. Naglilingkod tayo sa isang buhay na Diyos, nabubo ang Dugo Niya, at ang Tanda ay naipahid sa atin upang mabuhay din naman tayo. Amen. Opo. Huwag kayong maglingkod sa kung anong patay na kredo. Itinatanggi pa nga nila ang mga bagay tulad ng Tanda. Sinasabi nilang ang mga araw ng himala ay lipas na. wala umanong bautismo ng Espiritu Santo. Bakit ka nga naman sasapi sa ganiyan? Kita n'yo? Huwag ninyong gagawin iyon.

Ipahid ninyo ang Tanda, pagkatpos ay paglingkuran ninyo ang buhay na Diyos, para sa mga buhay na gawa, mga buhay na tanda: mga tanda na nagpapagaling sa maysakit, bumubuhay sa patay, nakapanghuhula ng mga bagay-bagay, nagsasalita ng iba't ibang wika, nagpapaliwanag nang walang kamalian sa tuwina, nakapagpropropesiya at nakapagsasabing mangyayari ang ganito at gayong bagay, nakapagpakikita ng mga tanda sa kalangitan at sa ibabaw ng lupa, mga tanda at kababalaghan. Amen. Ganap na sinasabi kung ano'ng sinabi ng Kasulatang magaganap … Paglingkuran ninyo ang buhay na Diyos. Ipahid ninyo ang Tanda.

156 Huwag kayong pupunta sa mga iglesiang iyon, at sasapi sa mga patay na gawa at mga bagay na tulad nito, pagkat ni hindi sila maniniwala sa gayong mga tanda, ngunit tayo na sumasampalataya (Amen.) ang nakaalam na …

Ang sabi nila'y wala raw tanda. Na … "Oh, walang kabuluhan iyan, kabaliwan ang pinag-uusapan nila roon. Aba, walang ganiyan. Aba, kayong mga babae, lahat kayo—kayo'y … Ba't hindi kayo … Kung anong

ibinibibihis ninyo …" May kinalaman iyon; ito ang sabi ng Biblia. "Ano'ng kinalaman ng buhok …" Ito ang sabi ng Biblia. "Ano'ng mga kabaihan. Kita n'yo? Huwag hipuin; huwag hawakanl huwag tikman; Diyos Siya. Kita n'yo? Mayroon itong halaga.

157 Ngayon, iniisip nilang kabaliwan ito, ngunit sa ating sumsampalataya at nakaalam ng katotohanan, nalalaman nating Ito ang Kaniyang buhay na Presensya, sapagkat ginagawa Nito ang mga bagay na ginawa Niya nung narito Siya sa ibabaw ng lupa. Amen.

Oh, ang sabi nila, "Ginuguniguni lang nila na nakikita nila ang Haligang Apoy na iyon."

Oh, hindi. Oh, hindi. Wala tayong ginuguni-guni. Inisip nilang guni-guni lang din iyon ni Pablo. Akala ng Egipto ay guniguni lang iyon ng Israel; ngunit dinadala sila Nito sa lupang pangako. Opo. Hindi natin … 291 Hebreo 13:8, alam na ninyo, "Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man," kung isinusulat ninyo. Kita n'yo? Na Siya'y pareho pa rin … Hi — hindi iyon … Ang sabi nila … isang imahinasyon …

158 Kapag isinusulat ko ang mga Kasulatang ito rito, alam ko kung saan naroroon ang mga Kasulatan, kaya nakikita ko. Kita n'yo?

Alamin ninyo na ito ang Kaniyang buhay na Presensya, sapagkat iyon din ang ginagawa Niya sa Espiritung ito. Ngayon, kung—nalihis sa isang kredo o denominasyon, malalam nating kaagad, hindi si Cristo iyon. Tama ba? Kung inakay ko kayo sa isang kredo kayo sa isang kredo o iba pang bagay, isinugo sana ako mula sa isang denominasyon. Ngunit hindi ako nagdadala sa inyo ng mga kredo, at hindi ko kayo tinuturuan ng mga denominasyon; tinuturuan ko kayo ng Salita ng Diyos, na siyang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Jesus Cristo, na naipamalas, hindi lamang para sa akin, kundi sa kanino man. Kita n'yo?

159 Na ika'y — ikaw ay kapatid ko. Hindi ako dakilang tao, at pagkatapos ikaw ay maliit na tao. Lahat tayo ay maliliit na tao kay Cristo. Naniniwala ba kayo riyan? Tayo ang mumunti Niyang mga anak. Wala tayong anumang nalalaman sa kung ano ba talaga ang dapat nating malaman. Ipinapaalam Niya sa atin ayon sa Kaniyang minagaling, at nagpapasalamat tayo sa Kaniya sa nalalaman natin tungkol sa Kaniyang mga pagpapala.

At hindi ko ito sinasarili; nais kong ibahagi ito sa inyo. Kita n'yo? Nais kong makapasok kayo roon, at nais kong tanggapin ninyo ang Tandang ito. At kung hindi pa ninyo nagagawa, marami sa inyo … Nagawa na ito ng karamihan sa inyo; ngunit kung may ilan sa inyong hindi pa nakagagawa nito … (Kita n'yo, nangungusap din ako sa tape; nauunawaan ninyo iyan.) at marami sa inyo — at hindi ko sinasabing dito sa simbahan, ipalagay nating lumabas na tayong lahat; ngunit marahil libu-libo ang nakaririnig ng tape. Nakikita ba ninyo? At iyon … Isa itong lingkuran. May isang nakatakdang pumslit sa Jerico, alam n'yo, na may dalang tape. Kaya't nais nating … Nais nating mahuli ang Predestinadong binhing iyon kapag nakapasok ito roon (Kita n'yo?), pagkat ang galit ay paparating na.

160 Alamin ninyo na ito ang Presensya ng buhay na Diyos. Nagpapatunay na ibinangon Siya ng Diyos ayon sa Kaniyang ipinangakong Salita. "Kaunti pang

panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan (ng Jerico, ng Egipto), hindi na nila Ako makikita. Gayunma'y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako ('ako' ang panghalip na panao na natutukoy sa tuwina. Kita n'yo?), Ako'y sasainyo. Ako ang Tanda. Ang Aking pagkabuhay na muli ang magpapakilalang Ako ay nasa inyo."

"Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni—ni Lot, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao," kapag lumabas na ang panggabing mensahe. Sapagkat magkakaroon ng Liwanag sa oras ng gabi. Pagsapit ng oras ng gabi, lilitaw ang Liwanag. Oh, luwalhati sa Diyos. Ang pakiramdam ko'y kaya kong takbuhin ang isang pulutong at luksuhin ang isang kuta. Kita n'yo?

"Sa oras ng gabi ay magliliwanag." Tama. Ito ang sinabi ng propeta. "Ngayon, sasainyo Ako. Paroroon Ako sa panahon ni Luther; paroroon Ako sa panahon ni Wesley; paroroon Ako sa panahon ng mga Pentecostal. Ngu — ngunit sa pagsapit ng gabi, magkakaroon ng Liwanag." Ang mga makadenominasyon ay kukupas, at ang Tanda ay maipapahid.

At lahat ng mga ito na tapat sa kanilang puso, sa mga panahong iyon … Kung — kung wala kayo hin — hindi sila masasakdal, kundi sa inyo …

161 Tulad din … Kailangang umalis ng ulo upang makuha ang paa. Kailangang umalis ng ulo upang makuha ang kamay. Kailangang umalis ng ulo upang makuha ang puso. Ang ulo ay kailangang umalis upang makuha ang bibig. Kita n'yo? Kailangang umalis ng ulo. At ngayon, tayo'y nasa panahon na kung kailan ang Tanda ay ipinapahid sa itaas ng pinto (Kita n'yo?) at sa haligi. At pagkatapos, "Kapag nakita Ko ang Dugo bilang isang tanda, lalampasan Ko kayo." Magmamadali na ako ngayon, sa abot ng aking makakaya. Mga limang minuto na lang o sampu, matatapos na tayo.

162 Nagpapatunay na ibangon Siya ng Diyos mula sa mga patay. Naniniwala ba kayo roon? Buhay Siya sa ating kalagitnaan sa araw na ito. At ang "Ako" na iyon ay kasama natin hanggang sa dulo ng — ng sabi niyon ay "consummation," na ang ibig sabihin ay "katapusan ng sanlibutan (Kita n'yo?), ka — katapusan ng sanlibutan." Ayon sa Kaniyang ipinangakong Salita; ipinangako Niya iyon. "At ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo."

May kabuluhan ito sa atin. Ito ang Tanda. Ito ang Tanda.

163 Tinatanggap natin ang sagradong alay na Dugong ito … tinatanggap natin ang Kaniyang alay na Dugo. Pagkatapos ay ibibigay (Kita n'yo?) — iyon ang nagbibigay sa atin ng Buhay, ang Tanda, ang tanda ng Kaniyang pangako. Ang sabi ng Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang …" dugo? — hindi, "Huwag

ninyong pighatiin ang Espiritu Santo, na sa pamamagitan nito ay ipinagtipan kayo (inihiwalay) — kayo ay ipinagtipan; ikaw ay isang Tanda; ang Espiritu Santo ang magiging tanda …"

Kung may anumang bagay na naselyuhan sa loob ng isang selyo, makabubuting huwag mo itong sirain. Hindi mo ito maaaring sirain, ikaw— hindi ang selyo ng Diyos. Hindi. Sapagkat ikaw ay … "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan Nito ay natatakan kayo hanggang sa araw ng inyong katubusan, kapag ibinangon na ang katawan."

164 Isa iyong binhi, isang tanda, na ang binhi ay nabigyang-buhay ng Walang Hanggang Buhay, Zoe, "ng Aking Sariling Buhay, at babangunin Ko itong muli, sa huling araw."

At habang lumalakad ka, nagtitiwala kang ang Buhay ni Cristo ay nasa sa iyo, at ikaw ay nasa Kaniya. Sa pamamgitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayo sa isang Katawan, at natatakan na roon ng Espiritu Santo, sa kalagitnaan ng mga mananampalatayang tulad nito, hanggang sa araw na itaas tayo ni Jesus.

Ay, naku. Ipahid ninyo ang Tanda. Iyon ang ibig sabihin nito sa atin. Inaasahan nating bibigyan tayo ng Buhay ng hain, at binibigyan nga tayo Nito. Pagkatapos ay ibinibigay nito sa atin ang Tanda. Na siyang tatak hanggang …

Dahil — maging mga tagabahagi kayo nito. Napakadakilang bagay nito. Mga tagabahagi, binautismuhan ng isang Espiritung ito sa isang mis- … mythical na Katawang iyon. Tama ba ang pagkakasambit ko ng salitang iyon? Ang Mythic … mythic … Mistikal na Katawan — mistikal na Katawan ni Jesus Cristo.

Kita n'yo, ang sabi ng Espiritu Santo, "Mali ang pagkakasabi mo." Ang isang mangmang na gaya ko, ang sabi Niya, "Mali ang pagkakasabi mo." Naisip ko, mythical ang tama pala'y Mistikal na Katawan ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Ang Mistikal na Katawan ni Jesus Cristo. Hindi ko … Hindi natin kailangan ang edukasyon; ang Espiritu Santo ang kailangan natin. Siya nga; Siya nga. Kita n'yo? Maaaring makatisod iyan ng kung sino kung saan, ang isang tagapagturo. At umaasa akong makukuha niya ito nang tama. Ang mahiwagang Katawan … May layunin iyon, pagkat disin sana'y hindi Niya iyon sinabi. Naririto na Siya ngayon. Naririto Siya ngayon mismo sa pulpito. Naririyan Siya. Siya iyon. Kita n'yo? Whew!

165 At sa Kaniya ay walang kamatayan; sa Kaniya ay walang kapanglawan; sa Kaniya ay walang kapaguran; sa Kaniya ay walang kasalanan; sa Kaniya ay

walang karamdaman; sa Kaniya ay walang kamatayan. Tayo ay nasa sa Kaniya.

Kapag sinubukan ni Satanas na bigyan ka ng isang bagay na tulad ng karamdaman, kunin mo lang ang iyong Tanda at ipahid Ito. Ay, naku. Kunin mo ang iyong Tanda at ipahid mo Ito, na ikaw ay isang produktong nabili na ni Jesus Cristo. Ang Tanda ang kumakatawan na ang pamasahe mo ay nabayaran na. Ang sabi Niya, "Kapag namatay ka, napahamak ka na." Sabihin mo, "Nagkakamali ka. Taglay ko ang biniling produkto. Ako ang biniling produkto. Taglay ko ang Tanda."

Ano nga ba ang Tanda? Alam niya kung ano iyon. Hu — huwag ninyo siyang linlangin, alam niya kung ano iyon.

Ngayon, maaaring makipag-usap ka sa ilang mangangaral na ito, at makikipagtalo sila sa iyo. Hindi si Satanas, alam niya kung ano ang mas tama. Aba, oo. Kinalaban niya ito ng dalawa o tatlong beses, alam n'yo na, at nagkamali siya ng pnunukso. Alam ni Satanas kung ano'ng sinasabi mo.

Ipakita mo lang ang Tandang iyon; sisibat siya.

166 Ito'y dahil … Ano iyon? Isa iyong selyadong produkto. Hindi niya maaaring buksan iyon at magbigay ng isang bagay na hindi tama. Sasabihin mo, "Buweno mo ako, selyado na ako."

Ay, naku. Isang selyadong produkto. Opo. Nabili ka na. Hawakan mo ang Tanda sa ibabaw ng iyong

di-matinag na pananampalataya sa Kaniyang pangako. Tingnan mo kung paano siya aalis. "Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid." Kita n'yo?

Kunin mo ang Tandang iyon. Para doon iyon talaga. Naririyan si Satanas upang tuksuhin ka. Nasa Egipto siya upang manukso. Aba, alam ba ninyo na sila'y — nang ilagay ni Rahab ang … Ang patotot na iyon — iniladlad ng patotot na iyon ang lubid — ang lubid na iyon — nakikini-kinita kong ilan sa mga sundalong iyon ay natawa at nagtawa, at nagsabi, "Ang baliw na babaeng iyon sa itaas. Wala siya sa katinuan. Tingnan ninyo, malala na siya. Ha-haha-ha — aba'y, nakabalita na ba kayo ng ganiyan? Aba'y, ang sabi nitong si Dr. Jones, wala raw anuman iyon." Ngunit mayroon, sapagkat dinala ng mensaherong buhat sa Diyos ang mensahe at sinabi sa kanila.

167 Maiisip na ninyo na sasabihin ng mga Egipcio, "Tingnan ninyo …?… Tingnan — tingnan ninyo ang baliw na lupo ng mga holy-roller na iyan, nagpapahid sila ng dugo … Ha, ha. Hindi ba;t magkakalat sila ng husto para nila mahugasan iyan? Ay naku, ang malalaki at magagandang bahay na iyon ay lubos na nabalutan ng dugo. Ay, napakabaho. Tinitiyak ko sa iyo magiging nakapandidiri iyon sa loob ng ilang araw. Walang anumang kahulugan iyon. Alam mo kung bakit? Sinabi ito ng banal na si Padre ganitoat-ganoon." Ngunit may kahulugan iyon; may kahulugan iyon; mayroon nga iyong ibig sabihin. May ibig sabihin iyon sa atin na sumasampalataya roon.

Pakatandaan lang ninyo, ang inyong di matinag na pananampalataya sa salitang ito … Ngayon, hindi na kayo si Eva. Kita n'yo? Hindi na kayo kabilang sa mga mapag-alinlangang ito, at buweno — nakikipagkompromiso kay Satanas; pinanghahawakan ninyo ang bawat Salita ng Diyos. Kita n'yo, ang sabi ni Eva, "Buweno, sinabi ito ng Panginoon."

Ang sabi ni Satanas, "Ngunit, alam mo, tiyak na hindi gagawin iyan ng Diyos sa isang mabuting taong tulad mo. Oh, lubha kang kaibig-ibig." Siya … Ay, oo, gagawin nga Niya. Sinabi Niyang gagawin Niya. "Oh, naniniwala akong ang mga araw ng himala ay …"

Oo, ngunit sinabi Niyang gayon nga. "Ako'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kita n'yo? Sadyang gayon nga Niya pinatutunayan ang Kaniyang Sarili.

Ngayon, sa atin, alam natin iyon. Sa kanila, hindi nila iyon pinaniniwalaan. Ngunit pinaniniwalaan natin iyon. Alam nating iyon ang katotohanan. Kita n'yo?

168 Ngayon, dahil nasa sa loob tayo nito, naging bahagi tayo ng Salita, at pagkatapos ay dalhin ang Tanda, ang Espiritu, sa ibabaw ng pangako. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Ngayon, maghanda kayo para sa gawaing pagpapagaling mamayang gabi. Kita n'yo? Kunin ninyo ang Tanda. Isabit ninyo ito sa Salita sa inyong di natitinag na pananampalataya sa Salitang iyon; lalabas siya. Kita n'yo, I — iyon ang bagay na nagpapalabas sa kaniya, pagkat sa Kaniya ay walang gayon.

Sana puwede pa akong magpatotoo nang kaunti ngayon tungkol sa ilang mga bagay na nakita kong nangyari nitong ilang nakaraang mga linggo. Kita n'yo, kita n'yo? Oh, napakarami kong maipapatotoo. Alam n'yo na, ang sabi ni Lucas, "Kung ilalagay sa aklat ang lahat ng ginawa ni Jesus, wa — walang sapat na dami ng aklat sa mundo na pagkakasiyahan nito."

Ang nakita ko lang sa sarili kong ministeryo, ang nakita kong ginawa Niya, hindi mo maipagpapatong-patong ang mga aklat sa plataporma ng ito, kung isinulat ko iyon nang detalyado, kung ano'ng nakita kong ginawa Niya, sa sarili ko pa lamang na lingkuran—na nakita kong ginawa Niya. Kita n'yo?

Mas higit ang naging tagumpay Niya sa lingkuran ko, kaysa sa sarili Niya. Ngayon, alalahanin, mas higit ang naging tagumpay Niya, hindi ako; Siya. Luwalhati. Aleluia.

169 Mas higit ang naging tagumpay Niya, sa Jeffersonville, kaysa sa Nazareth. Siya nga. Sa masamang bayan na iyon at sa masamang bayang ito … Amen. Luwalhati! Pagkat hindi Siya makagawa ng anumang himala roon, ngunit nakagawa Siya rito. Sa wakas ay nakasulong Siya nang husto rito. Nagawa Niya iyon dito.

Maaaring kinakailangan Niyang kumuha ng mga tao na galing sa ibang lugar, gayon man ay naisagawa Niya pa rin ito. Kaya mas higit ang nagin tagumpay Niya rito. Kaysa sa — sa Capernaum, o — o sa Nazareth gawa ng … Mas maraming himala ang ginawa Niya sa Tabernakulong ito kaysa sa buong ministeryo Niya sa ibabaw ng lupa. Tama. Gayon nga ang ginawa Niya.

Ngayon, paano naman ang ibang bahagi ng mundo? Ay, naku. Ngayon, iyon ang ginawa Niya. Ngayon, alalahanin: Siya ang gumawa. Ngayon, hindi ko sinabing ginawa ko (Kita n'yo?), pagkat hindi ako ang gumawa niyon. Tumayo lang ako … At minahal ko lang Siya at isinuko ko ang aking sarili sa Kaniya, at sinabi ko lang ang sinabi Niya; at ang Espiritu Santo ay nagpunta sa mga taong iyon, sinampalatayanan nila ang sinabi Niya, at Siya ang gumawa ng gawa. Iyon lang.

Kung magagawa Niyang mapasampalataya tayong lahat doon … ano kaya ang gagawin Niya ngayon,

kung mapapasampalataya Niya tayon lahat ngayon, tama? Hindi magkakaroon ng isa mang mahinang tao sa buong bansa. Tama. Kung mapapasampalataya Niya ang bawat isa, matatapos na. kita n'yo? Hawakan mo ang Tanda sa ibabaw ng iyong di natitinag na pananampalataya sa Kaniyang ipinangakong Salita, at si Satanas ay aalis. Ngayon, magtatapos na ako ngayon.

170 Ngayon, magtatapos na ako ngayon.

Minsan ay nagbigay ang Diyos ng isa pang Tanda sa mundo. Iyon ay ang bahaghari. Naaalala ba ninyo iyon? Nanatili Siyang tapat sa tandang iyon, sapagkat ibinigay Niya iyon bilang isang tanda. Sa libu-libong taong nakalipas, hindi Siya nabigong ipakita ang tandang iyon. Tama ba iyon? Bakit? Iginagalang Niya iyon. Siya ang nagbigay niyon. Binigyan Niya ang mundo ng tanda na hindi na Niya muli gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng baha. At sa tuwi-tuwina simula na araw iyon ipinakita … May iisang mga elemento sa hangin na siyang bumubuo ng bahaghari. Kapag umulan at sumikat ang araw, saka iyon nakikita. Tinutuyo ng araw ang ulan; kaya inilalagay Niya roon ang bahaghari upang patunayang hindi na magkakaroon ng sapat na tubig na papatak sa lupa upang gunawin itong muli.

Iyon ang Kaniyang tipan; isa iyong tanda. Ang sabi Niya, "Ibibigay ko ito sa inyo bilang isang tanda."

171 Iginalang Niya ang Kaniyang tanda. Iginalang niya ang Kaniyang tanda sa panahon ni Noe. Ipinapakita Niya pa rin ito. Iginalang Niya ang Kaniyang tanda sa Egipto. Iginalang Niya iyon sa Jerico. Iginagalang Niya iyon ngayon. Sa tuwina ay iginagalang Niya ang Kaniyang Tanda kapag ito'y naipapakita.

Sa libu-libong mga taong ito na nagdaan, gustong-gusto niyang ipinakikita ang tandang iyon. Hindi niya iyon kinalilimutan kailan man. Hindi Niya kinalilimutan ang Kaniyang tanda. Ngayon, gaano man magbago ang mundo, naroroon pa rin ang bahaghari. Kita n'yo? Iginagalang Niya ang tanda. Ganito rin ngayon. Iginagalang Niya ang Kaniyang Tanda.

Gaano man magbago ang iglesia, gaano man niya gawin ang ganito, iginagalang pa rin ng Diyos ang Kaniyang tanda, iyon lang. ipinakikita Niya sa atin na hindi Niya nabibigong kilalanin kung ano ang Kaniyang ginagawa at kung ano ang Kaniyang sinasabi. Tinatanggap natin ang … I — iginagalang natin iyon. Iginagalang ko.

172 Inaaasahan Niya ring ipakikita natin ang Kaniyang Tanda sa ating pananampalataya, kay Satanas at sa lahat ng kaniyang di sumasampalatayang mga kulto at mga denominasyon, na naniniwala tayong ang pangako Niya ay totoo, at tutuparin Niya kung ano'ng ipinangako Niya. Hayan ang iglesia.

Hindi nakapagtataka na hindi ka maka-first base doon sa labas, gaya ng tawag natin dito. (Ipagpaumanhin ninyo ang ekspresyon.) Hindi nakapagtataka na wala silang marating kundi ang bumalik sa denominasyon at bumuo ng isang bungkos ng mga magagara ang bihis, mga pinong tao, matatalino, aral, na walang patutunguhan; sapagkat iyon ang kanilang ipinapakita: "Isa akong Methodista." "Isa akong Presbyterian." Iyon nga sila.

173 Ngunit kinukuha ng mga mananampalataya ang Tanda.

At kung ano'ng sinimulang gawin ni Jesus sa Galilea, ay pinagpapatuloy Niya ngayon, sa pamamagitan ng pagpapakita ng Tanda ng Espiritu Santo na nagbalik sa iglesia. Sapagkat hindi iyon gawa ng mga apostol, kundi gawa ng Espiritu Santo sa mga apostol, at iyon ay isang Tanda.

Ang sabi nila kinailangan umano nilang makinig kina Pedro at Santiago, habang sina — Pedro at Juan — sa pagdaan nila sa pintuan na kung tawagin ay Maganda, nang makita nilang sila ay mga mangmang. Marahil ang sabi nila, "hit, hain't, tote, fetch, carry, I'll tell you bout this," kita n'yo? Marahil ay ibang-iba ang uri ng gramatika nila na hindi nila maintindihan. Marahil ay hindi nila alam ang pagkakaiba, lahat ng — ng — lahat ng matematika ng

Kasulatan, ngunit kinailangan nilang mapansin na kasama sila ni Jesus. Naipamalas nila ang Tandang iyon, sapagkat ang siya ring Espiritu na nasa Kaniya bago Siya ipako sa krus, ay napasa kanila matapos ang pagkabuhay na muli. Amen.

174 Kung gayon dahil doon Siya ang Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." Ganoon natin malalamang Siya ay nabubuhay. Dahil bakit? Paano natin nalalamang tayo ay nabubuhay? Sapagkat Siya ay nabubuhay. At kaya nalalaman nating nabubuhay tayo, ay sapagkat tayo'y tulad Niya, at tayo'y nasa sa Kaniya. At ang sabi Niya, "Dahil Ako ay nabubuhay, nabubuhay din naman kayo. Ako nga Siya (sa Apocalipsis) na namatay at nabubuhay magpakailan man." 334 At kung — kung mamamatay tayo sa ating mga sarili, at mabubuhay sa Kaniya, tayo'y buhay magpakailan man. At ang Buhay Niya na nasa atin, ay tulad din ng buhay ng iba pang bagay. Ipinamalas Nito kung ano Siya. At dahil doon Siya ay hindi pa rin nagbabago kahapon, ngayon at magpakailan man. 335 Ngayon, paanong maitatanggi iyan ng sinuman? Nakikita ba ninyo ang mga patay na gawa? Paglingkuran ninyo ang buhay ng Diyos sa pamamagitan ng Eternal — ang ibig kong sabihin ay ng walang

hanggang tipan ng Buhay na nasa Dugo ni Jesus Cristo.

Ngayon, magpapatuloy hanggang sa wakas …Ako'y …Oh, sana … Ipinamamalas ang Tanda ng Kaniyang biyaya, ng Kaniyang pag-ibig …Ngayon, kung wala nitong Tandang ipinahid …

175 Ngayon, isa iyong tanda. Ano ba ang isang tanda? Ang token ay isang palatandaan ng isang pagkakautang na nabayaran na: ang hinihinging halaga ay nabayarab na. ang halaga ng ating kaligtasan ay kamatayan (Kita n'yo?), at walang sinumang makapagbabayad nito kundi si Cristo. At hindi ang — ang espiritu ng denominasyon, hindi ang espiritu ng papa, hindi ang espiritu ng kung sinong tao, o isang santo, kundi ang Espiritu ni Jesus Cristo na lumulukob sa iglesia ang Tanda na ang utang ay nabayaran na, at natugunan Niya ang lahat ng kahilingan na hiniling ng Diyos; at tayo at Siya ay iisa. "Sa araw na iyon ay malalaman ninyo na Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin, at Ako'y nasa inyo, at kayo'y nasa Akin.

Ipahid ninyo ang Tanda. Ipahid ninyo ang Tanda ng Kaniyang pagkabuhay na muli, na dahil ibinangon Siya para sa ating pag-aaring ganap, ibinangon Niya tayong kalakip Niya. At ngayon nakaupo tayong kasama Niya sa sangkalangitan kay Cristo Jesus, sa silong ng pakikisama ng Tanda.

176 Habang nakaupo roon ang mga Israelita, at naririnig ang sigawan sa lansangan, wala silang dapat ipag-alala. Ang tanging mahalaga, ay ang tiyakin nilang ang dugo, ang tanda ay nakalantad.

Iyan lang ang dapat nating alalahanin, ngayon. May kaguluhan na — na namumuo, mga kaibigan. Hindi na magtatagal. Hahampas na ang kaguluhan. Alam ba ninyo iyan. Tiyakin ninyo na ang Tanda ay nakalantad na, at ang Tanda ay ang Espiritu Santo. "Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nangabautismuhan tayo sa isang Katawan, at ginawa tayong mga kabahagi ng Kaniyang kaluwalhatian," sa ating pagmamartsa pauwisa lupang pangako.

Mahal n'yo ba Siya? Sinasampalatayanan ba ninyo ang Tanda? Ilan ba ang nais magsabi, "Oh, Brother Branham, ipanalangin mo ako na nawa'y makasilong ako sa Tandang ito." Magsiyuko tayo.

177 Panginoong Jesus, Ikaw na pinakamabiyaya sa lahat, nang ang mundo ay nasadlak sa kasalanan at walang maaaring makatulong; ang Diyos sa Kaniyang habag, ipinapaaninaw sa pamamagitan ng isang tipo, na may darating na isang Tanda na makapag-aalis ng kasalanan, hindi lamang ito magtatakip, kundi mag-aalis; at dumating si Jesus sa takdang panahon, at ibnubo Niya ang Dugo, ang Kaniyang Sariling Buhay, kinuha — tinubos Niya ang ating mga kasalanan, at pagkatapos ay muli Siyang hinandog sa anyo ng Espiritu Santo, na ngayon ay isang Tanda na mananatili sa iglesia hanggang sa dumating Siya. Sapagkat ang sabi ni Apostol Pedro, "Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

Panginoon, sa biyaya Mo, sa tulong Mo, inaangkin ko ang bawat isang nakaririnig ng mensaheng ito. Inaangkin ko sila para sa Diyos; idinadalangin ko sa Iyo, Panginoon, ang mga naririto ngayon umaga, sampu ng mga makikinig ng tape.

At kung mayroon mang binhi kung saan na nakatalaga, Panginoon, upang makarinig sa Salita ng huling araw na ito, nawa'y lumapit na sila ngayon, nang buong kagiliwan, at may pagpapakumbaba, at ilapag nila ang kanilang mga tropeo sa krus, o ang kanilang mga sarili bilang tropeo ng biyaya ng Diyos na tumawag sa kanila. At mapuspos nawa sila ng Espiritu Santo at mailantad nawa nila ang Tanda ng Buhay ni Jesus Cristo sa Kaniyang pagkabuhay na muli, habang nananatili sila dito sa ibabaw ng lupa. Itulot Mo po ito, Panginoon.

178 Ang mga salitang ito, Panginoon, ay maaaring hindi ko nasabi nang wasto; at kung gayon nga, idinadalangin ko na nawa'y kunin ng Espiritu Santo ang mga salitang iyon at ilatag ang mga ito sa paraang nararapat, upang makaunawa ang mga tao, at malaman nila nang walang malisya, at ipaalam sa kanila na ang pag-ibig ay mapagtuwid. At nang malaman nila na dahil ito sa panahong kinabubuhayan namin, at sa nalalapit na pagdating ng Panginoon; at nakikita na namin ang malalaking pulang ilaw na nagkikislapan sa buong mundo na nagsasaad na ang panahon ay malapit na.

Tanggapin nawa ng mga tao ang Espiritu Santo sa araw na ito. Idinadalangin at inihaharap ko sila sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo. At hayaan Mo pong maging Tanda ito para sa amin habang kami ay nabubuhay, na siya namang ipinangako Mo. Magiging madali para sa amin ang hinilingin iyon, sapagkat ipinangako Mong magkakagayon, at alam kong magkakagayon. Sa Ngalan ni Jesus, kami ay dumadalangin. Amen.

Ngayon, habang nakayuko tayo sumandali,

179 nang may pagsampalataya, naipanalangin ko na kayo, sa abot ng nalalaman ko. Na — nalangin ako nang taimtim, sa abot ng aking nalalaman. Tingnan ninyo, napagtatanto ko na … Alam ninyo? Ang mga ikapu at mga kaloob ninyo ang aking ikinabubuhay. Dahil sa supotra ninyo rito sa iglesia kaya may napapangaralan ako. Ang inyong pag-ibig, at ang inyong mga amen, at ang inyong pakikisama, at ang

inyong mabubuting pananalita doon sa gitna ng sanlibutan, na pinupuntahan ninyo—sa iba't ibang setado sa buong bansa. Ang mga salita ninyo ang tumutlong na maghatid ng mensahe. Kayo. Magkakasama tayo rito ni Cristo. Tayo ay magkakapatid, at Siya ang ating Hari. At mahal ko kayo. A — A — A — Aking … Kung saan ako naroroon, gusto kong maparoon din naman kayo.

Nagmaneho ako patawid ng buong bansa upang makapangusap sa inyo sa dalawang pagkakataon. Nananabik akong makipagkita sa inyo rito tuwing Linggo ng umaga. Mahal ko kayo. Simulat't sapul ay minahal ko na kayo. Magkaminsan ay kailangan kong mangusap sa inyo nang talagang masakit, ngunit ito'y pagtutuwid lamang. Nakikita ba ninyo? Ito'y dahil sa mahal ko kayo. Kita n'yo?

At hindi ko nais na mapalampas n'yo ito. Hindi ninyo maaaring — hindi n'yo dapat itong palampasin.

180 Ngayon, buong pagkagiliw at pagpapakumbaba at taos sa inyong puso, sa kaibuturan nito, basta't tanggapin lang ninyo ito. Sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, ngayon, alisin Mo po ang lahat ng nasa akin na hindi Mo katulad, at hayaan Mong maalis ko lahat ng aking pagmamalaki, lahat ng nasa akin. Lahat ng basura, lahat ng di pananampalataya nasa akin, i — i — iwinaksi ko na ito ngayon, Panginoon. Sadyang sinisipa ko na ito palabas. At hayaan Mong pumasok sa akin ang magiliw na Espiritu Santo ng Diyos, tulad sa isang kapalati. Na—nais kong mabuhay magpawalang

hanggan, Panginoon, at na — nais kong tulungan Mo ako sa pagkakataong ito. Itulot Mo po ito, Diyos."

181 Habang nanalangin kayo, ihihimig natin ang awiting ito, o aawitin ito nang mahina at nang sabay-sabay, "Mahal Siya." At alalahanin ninyo, dumarating ito sa pamamagitan ng pag-ibig, sapagkat Siya ay pag-ibig. Habang ipinapatong ko ang mga kamay ko sa mga panyong ito, pagkat baka kunin na ng mga tao ang mga ito bago sumapit ang gabi. Mahal Siya, mahal Siya, Pagkat minahal Niya ako; Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo. Mahal Siya, mahal Siya, Pagkat minahal Niya ako; (Ngayon, isuko lang ninyo ang inyong buhay.) Nag-alay ng kaligtasan, Sa Kalbar …

Pakamahalin, pakamahalin, pakamahalin n'yo Siya. Tingnan n'yo kung ano'ng ginawa Niya para sa inyo. Ito'y sa pamamagitan ng pag-ibig; ang pagibig ay naghahatid ng pagsunod; ang pag-ibig ay naghahatid ng panunuyo; ang pag-ibig ay naghahatid ng kasalan; doon tayo patungo: sa Hapunan ng Kasalan ng Kordero. Naririnig kong nagsasabi ang aking Manliligatas na mahal Niya rin ako. …-baryo. Mahal … (Buong puso n'yo, damahin n'yo ang isang bagay na tunay na magiliw na pumapasok sa inyo; ang Espiritu Santo iyon.) Pagkat minahal Niya ako; Nagbayad ng kaligtasan, Sa Kalbaryo.

182 Itinataas ko ang aking mga kamay sa awitin kasama ng mga nakikinig, kung ako'y nagkasala, kung nakagawa ako ng anumang bagay na mali … Nananalangin din ako ngayon para sa inyo. Kung nakagawa ako ng anumang bagay na mali, ang kamay kong nakataas sa Iyo, Panginoon, ay nangangahulugang ako'y nagsisisi. A — ako'y … Ang kamay kong nakataas sa Iyo, Panginoon, ay nangangahulugang hin—hindi ko ginustong gawin iyon. Alam kong mamamatay din ako, Panginoon. Kailangan kong lisanin ang

mundong ito sa anyong pisikal. Nais kong makatagpo Ka. Ang ibig sabihin ng kamay ko ay, kunin Mo ito, Panginoon. Puspusin Mo ako ng Iyong Espiritu. Lukuban Mo ako ang Tanda ng iyong pag-ibig, ang Espiritu Santo, na magbubunsod sa akin upang mamuhay nang magiliw, maamo. Hayaan Mong ipamuhay ko ang Buhay na noon ay nakay Cristo, upang ang puso ko ay mag-alab para sa iba, na sadyang di ito matahimik, malibang makuha ko ang bawat isang maaari kong makuha.

Magiging tulad ako ng mga mensahero sa Jerico; pupuntahan ko ang bawat taong magagawa kong puntahan at titingnan ko kung mapapasilong ko sila sa tipan ng Dugo, sa ilalim ng Dugo ng Kordero, upang matanggap nila ang Tanda. Kita n'yo?

183 Ang Dugo ay naglilinis. Ang Espiritu ay isang Tanda na ang Dugo ay naipahid na. kita n'yo? Ang Espiritu ang Tanda na ang Dugo ay naipahid na. malibang ipahid ang Dugo, ang — ang Espiritu ay hindi maaaring dumating. Ngunit kapag ang Dugo ay naipahid na, kung magkagayon ang Espiritu ay Tanda, isinugo pabalik sa iyo, na ang pananampalataya mo sa Dugo ay natanggap na. bayad na ang pamasahe mo. Bayad na ang pamasahe mo. Tapos na ang lahat. Sarado na ang kaso. Isa ka nang Cristiano. Isa ka nang mananampalataya. Si Cristo ay nasa sa iyo na, at ika'y nakay Cristo na. … minahal Niya ako; Nag-alay ng kaligtasan, Sa Kalbaryo.

184 Habang nakayuko kayo ngayon sa harap ng Diyos. Narito ang inyong pastor, si Brother Neville, sa kaniyang panghuling pananalita, kung anuman ang kaniyang sasabihin … Alalahanin ninyo ang mga gawawin mamayang gabi, ang gawaing pagpapagaling. Pumarito kayo nang maaga. Magsisimula tayo ng ika-7. hayaan ninyong makatayo na ako sa pulpito ng ika-7 at kalahati. Tama, Brother Neville?

Pagkatapos ay magdadaos ako ng komunyon (Nakikita n'yo ba?) mamayang gabi. Pumarito kayo. Mamayang hapon. Patuloy ninyo itong pagbulay-bulayan. Huwag ninyong hayaang lumisan ang mensaheng ito. Pakatandaan ninyo, huwag ninyong hayaang lumisan ang mensaheng ito. Ang Dugo ay magiging Tanda na ang Buhay ay naipagkaloob na. kita n'yo? At kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan

Ko kayo.

Ang Espiritu Santo ay Tanda na ang Dugo ay naipahid na sa inyong puso, at ito'y Tanda na ang Dugo ay naipahid na. kung hindi pa ito naipapahid, kung magkagayo'y hindi darating ang Tanda. Kung nauunawaan ninyo, magsabi kay ng “Amen.” Kailangang maipahid ang Tanda, at pagkatapos ay

darating ang Tanda. Iyon ang Tanda na ang Dugo na katubusan ay naipahid na, at bayad na ang pamasahe mo. Pagpalain kayo ng Diyos.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7